PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

2017

LEARNING MODULE

Filipino G8 | Q2

Sandigan ng Lahi... Ikarangal Natin

PEAC National Secretariat
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

FILIPINO BAITANG 8

Modyul 2: Sandigan Ng Lahi...Ikarangal Natin

Panimula at Pokus na mga Tanong

Ikinagagalak kong matagumpay mong nasagot ang mga inihandang gawain sa modyul 1. Panibagong hamon ang naghihintay sa iyo sa modyul 2. Matutuhan mo sa modyul na ito ang mga panitikan na lumaganap sa Panahon ng Amerikano, Komonwelt at Kasarinlan. Ang mga sumusunod ang paksa na tatalakayin sa modyul na ito: tula, balagtasan, sarsuwela, sanaysay, at maikling kuwento. Gayundin ang mga paksa sa araling panggramatika gaya ng mga hudyat ng pagsang-ayon at pagsalungat, opinyon at katotohanan, iba't ibang paraan ng pagpapahayag, wastong aspekto ng pandiwa, kaanyuan ng pang-uri at kaantasan ng pang-uri.

Sasagutin mo sa modyul na ito ang mga mahahalagang tanong na magpapalalim sa iyong pag-unawa. Ang mga ito ay ang mga sumusunod: **Bakit mahalagang pag-aralan ang mga akdang pampanitikan sa mga nasabing panahon? Masasabi mo ba na ang mga manunulat natin ay naging malaya sa Panahon ng Komonwelt? Paano nakatutulong ang iba't ibang akdang pampanitikan sa pagkakaroon ng malawak na pag-iisip sa pag-unawa ng pag-ibig sa bayan, tao at kalikasan? Bakit kailangang magkaroon ng kaalaman at kasanayan sa gramatika/ retorika?Nakatutulong ba ito sa paglalahad ng damdaming makabayan, makatao at makakalikasan?** Ang lahat ng mga mahahalagang tanong na ito ay magsisilbing gabay mo sa pagtuklas ng mga mahahalagang konsepto sa modyul na ito.

Upang lubusan mong maunawaan ang nilalaman ng modyul, inaasahan kang makagawa ng isang tula sa alinmang anyong tinalakay tungkol sa pag-ibig sa tao, bayan o kalikasan.

SAKLAW NG MODYUL

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga sumsunod na aralin:

Aralin Blg.	Pamagat	Matutuhan mo ang…	Bilang ng Oras/ Sesyon
1	**Panahon ng Amerikano** *(Sariling Kalayaan…Ingatan at Pahalagahan)* Panitikan: Balagtasan: *Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan* Wika: Pagsang-ayon at Pagsalungat	• Naipaliliwanag ang papel na ginagampanan ng bawat kalahok sa napanood na balagtasan. • Naipakikita ang kasanayan sa pagsulat ng isang tiyak na uri ng paglalahad na may pagsang-ayon. • Nagagamit ang hudyat ng pagsang-ayon at pagsalungat sa pagpapahayag ng opinyon.	
2	Panitikan: Sarsuwela: *Walang Sugat* ni Severino Reyes Wika: Kaantasan ng Pang-uri	• Nasusuri nang pasulat ang ginagampanan ng sarswela sa pagapapataas ng kamalayan ng mga Pilipino sa kultura ng iba't ibang rehiyon sa bansa. • Napapahalagahan ang kulturang Pilipino na masasalamin sa sarsuwelang napanood, nabasa o napakinggan. • Naipahahayag ang pangangatwiran sa napiling alternatibong solusyon o proposisyon sa suliraning inilahad sa tekstong binasa. • Nakabubuo ng balangkas ng binasang teksto.	

3	**Panahon ng Komonwelt** (*Tungo sa Inaasam na Pagbabago*) Panitikan: Talumpati : *Wikang Pambansa* ni Manuel L. Quezon Wika: Iba't ibang Paraan ng Pagpapahayag	• Nasusuri ang layunin ng sanaysay. • Nakikilala at natutukoy ang uri ng sanaysay at ang katangian ng bawat isa. • Naipaliliwanag ang tema at mahalagang kaisipang nakapaloob sa akda. • Nahihinuha ang nais ipahiwatig ng sanaysay. • Nagagamit ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag.	
4	Panitikan: *Lupang Tinubuan* (maikling kuwento) Ni Narciso G. Reyes Kayarian ng Pang-uri	• Naiuugnay ang mga kaisipan sa akda sa kaganapan sa sarili, lipunan, at daigdig. • Nabibigyang-katangian ang mga tauhan batay sa napakinggang paraan ng kanilang pananalita. • Nabibigyang-katangian ang piling tauhan. • Naipaliliwanag ang sariling pananaw nang malinaw at makabuluhan.	
5	**Panahon ng Kasarinlan** Panitikan: *Ang Paglalayag sa Puso ng Isang Bata* (maikling kuwento) ni Genoveva Edroza-Matute Wika: Aspekto ng Pandiwa	• Nagagamit ang iba't ibang aspekto ng pandiwa. • Nasusuri ang katangian ng tauhan batay sa itinanghal na monologo na nakabatay sa ilang bahagi ng maikling kuwento.	

6	Panitikan:	• Nailalahad ang punong kaisipan at ang paraan	

	Kalikasan- Saan Ka Patungo? ni Avon Adama Wika: Opinyon at Katotohanan	ng pagpapaikli ng paksa. • Nagagamit ang kasanayan sa internet sa pananaliksik tungkol sa mga anyo ng tula. • Nakasusulat ng wakas sa pamamagitan ng pagbubuod.	

***Concept Map* ng Modyul**

Narito ang isang gabay sa pagtalakay ng ating mga aralin sa modyul na ito:



Inaasahang mga Ka

Upang mapagtagumpayang masagutan ang mga aralin at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Napagsusunod-sunod ang lahat ng mga panuto ng aralin
2. Nasusuri ang nilalaman ng iba't ibang akdang pampanitikan na may kaugnayan sa kasaysayan at kulturang Pilipino
3. Naipapahayag ang sarili tungkol sa ilang napapanahong isyu o paksa
4. Nasasagot ang lahat ng mga gawaing nakalilinang sa pag-unawa sa mga akda
5. Naisasagawa ang pananaliksik sa wastong pamamaran

PANIMULANG PAGTATAYA

Oras na upang tayain ang iyong pag-unawa sa modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot mo sa sumusunod na mga tanong. Sagutin ang lahat ng aytem. Pagkatapos mong masagot ang panimulang pagtatayang ito, malalaman mo ang iyong iskor. Isaalang-alang ang mga naging kamalian at tuklasin ang tamang sagot sa mga ito habang pinag-aaralan ang modyul na ito.

Kung handa ka na upang sagutin ang panimulang pagtataya ng araling

Ito, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ang tula ay isang anyong pampanitikan na _____ ng buhay, hinango sa guniguni, _____ sa aming damdamin at _____ sa pananalitang may angking aliw-iw. Anong angkop na mga pandiwa ang gagamitin na nasa aspektong imperpektibo ang bubuo sa diwang nasa taas?
   a. maglarawan- parating- pinahayag
   b. naglarawan-pinarating- pinahahayag
   c. naglalarawan- pinararating- pinahahayag
   d. maglalarawan- pararating- pahahayag

2. Aling pangungusap ang may pandiwang nasa aspektong kontemplatibo?
   a. Maigi niyang ginawa ang kanyang gawang mga asignatura.

b. Hindi mo na ngayon matanto ang mga iniisip ng mga kabataan.
c. Hahayaan mo na lang na lalait-laitin ka ng iyong kapwa?
d. Lagi ko namang sinusunod ang mga gusto mo ah!

3. Pagbubukas ng tabing ay makikita ang salas ng inuupahang akesorya ng mga Cortez sa Sta. Cruz, Maynila. Maluwang ang salas na kakikitaan ng mga mamahali't makabagong muwebles, telebisyon, *wifi*, atb. Kaagad mahihinuhang may mabuting panlasa ang mga nakatira rito". Anong uri ng pahayag ang akdang nabasa?
   a. paglalahad
   b. pagsasalaysay
   c. paglalarawan
   d. pangangatwiran

4. Batay sa piling saknong sa ibaba, ano ang hinuhang mabibigay mo sa kahulugan nito?

Walang mahalagang
hindi inihandog
ng may pusong mahal
sa Bayang
nagkupkop, dugo,
yaman, dunong,
katiisa't pagod
buhay ma'y abuting
magkalagot-lagot.

   a. Ang taong may wagas at dalisay na pagmamahal sa bayan ay handang mag-alay ng sarili para sa tinubuang lupa.
   b. Yaman, dugo, at talino ang kailangan upang ang bayan ay mahango sa pagkaalipin.
   c. Matatalino at mayayamang tao lamang ang maaaring maglingkod sa bayan.
   d. Dapat ibuwis muna ng tao ang kanyang buhay para maipakita ang pagmamahal sa bayan.

5. Isang gabi, napagalitan kang iyong nanay dahil gabi ka ng umuwi sa inyong bahay. Hinanap ka niya sa bahay ng iyong kaklase ngunit wala ka naman doon. Hindi na niya alam kung saan ka hahanapin. Kung ano-ano na ang pumapasok sa kanyang isipan. Kahit ang iyong *cellphone* ay hindi niya matawagan. Balisa na siya dahildelikado ang daan papunta sa inyong bahay. Lingid sa kaalaman ng nanay mo ay nasira ang gulong ng sinasakyan mong traysikel. Paano mo mailalahad ang iyong pangangatwiran sa iyong nanay sa isang magandang paraan?

a. Nay, bakit ka naman nagalit? Wala namang nangyari sa akin. Alam mo namang uuwi ako kaso lang nagabihan lang dahil sa nasira ang gulong ng traysikel.
b. Nay, pasensya na po. Hindi ko sinasadyang umuwi ng gabi kaso po nasira ang gulong ng traysikel na sinasakyan ko. Naghintay pa po kami ng isa pang traysikel na masasakyan.
c. Nay, alam mo ganito po ang nangyari. Noong sumakay ako sa traysikel ay napadaan po kami sa lubak-lubak na kalsada. Pagkatapos po ay biglang huminto ang traysikel. Tiningnan ng drayber kung ano ang nangyari at nakita niya nasira pala ang gulong nito. Humingi pa po siya ng tulong sa kaibigan niyang drayber din.
d. Sa isang masikip at madilim na lugar kami dumaan. Walang katao-tao sa lugar na iyon . Tanging maliliit na ilaw sa malayo ang iyong matatanaw. Kaunti ring sasakyan ang dumadaan. Hindi ko alam kung saang lugar dumaan ang drayber. Sabi niya iyon raw ang pinakamalapit na daanan papauwi.

6. Aling pangungusap ang may pang-uring nasa kaantasang pasukdol na naglalarawan sa katauhan ni Dr. Jose Rizal?
   a. Ang mga sinabi niya ay sobrang nakalilito.
   b. Napakalinaw magsalita ng ating mananalaysay.
   c. Hindi ko akalain na ang hirap-hirap palang gumuhit ng tao.
   d. Napakabata pa niya noong siya ay magsimulang magsulat.

7. Magdamag na hindi nakatulog ang nanay dahil sa <u>nagbantay</u> siya sa anak na maysakit. Ano ang aspekto ng pandiwang nakasalungguhit?
   a. pawatas
   b. perpektibo
   c. imperpektibo
   d. kontemplatibo

8. Aling pahayag ang nagsasaad ng paglalahad?
   a. Siundan ng pulis ang holdaper na pumasok sa loob ng gubat.
   b. Hindi nakapasok si Resty sa paaralan dahil nag-away sila ng tatay niya.
   c. Ang balagtasan ay isang uri ng pagtatalo ng dalawang magkaibang panig ukol sa isang paksa.
   d. Sinunog ng mga kawani ng pamahalaan ang gabundok na basura na matatagpuan sa Sitio Malinis.

9. Naghanda ang inyong klase ng isang madulang pagsasalarawan. Nabigyan ang bawat isa sa inyo ng papel na gagampanan. Napunta sa iyo ang papel na si Sisa ng **Noli Me Tangere**. Paano mo mailalarawan si Sisa?
   a. Isang ina si Sisa na pinagkaitan ng lipunan na lumigaya sa piling ng kanyang asawa at mga anak. Isang ina na handang mamatay para

sa kanyang mga anak at gagawin ang lahat upang maibigay ang kanilang mga pangangailangan. Bilang asawa, siya ay matiisin. Hindi niya pinatulan ang kanyang asawa.

b. Isang gabing madilim, iniwan siya ng kanyang asawa't anak. Hinuli ng mga kawal ang kanyang dalawang anak dahil pinagbintangan silang nagnakaw.
c. Isang gabing madilim, umuwi si Sisa sa kanilang tauhan. Hindi niya nadatnan ang kanyang anak. Hindi niya ito makita kaya humantong sa kabaliwan ni Sisa.
d. Hindi na makatiis si Sisa sa ugali ng kanyang asawa. Iniwan niya ito at pumunta sa malayong lugar na walang nakaaalam sa kanyang pagkatao.

10. Napag-usapan sa inyoong klase ang tungkol sa mga bayani dahil ito ay may kaugnayan sa pagdiriwang ng Araw ng mga Bayani. Tinanong ka ng iyong guro na ilarawan ang bayani noon kaysa bayani ngayon. Paano mo mailalarawan ang bayani noon kaysa ngayon gamit ang tamang antas ng pang-uri?
    a. Ang tinagurian nating mga bayani ay handang magbuwis ng kanilang buhay.
    b. May iba't ibang paraan na ngayon upang maging bayani kaysa noon.
    c. Upang tawagin kang bayani, kailangan mong maging matapang.
    d. Katangi-tanging tawagin kang isang matapang at masigasig na bayani ng ating bayan.

11. Ang inyong paaralan ay may ilalathalang isang libro at isa ka sa manunulat ng tula na bahagi ng pahinang panitikan. Kailangan na ang susulating tula ay angkop sa mga kabataang tulad mo. Mahalaga sa pagsulat na isaalang-alang ang mga mahahalagang elemento ng tula upang masiguradong magugustuhan ng mga hurado ang isusulat mo. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahalagang dapat mong isaalang-alang?
    a. talinghaga at simbolismo sa tula
    b. elemento ng tula at isyung panlipunan
    c. sukat, tugma, taludtod sa saknong ng tula
    d. imahe, panauhan, at pagpili ng salita

12. Alin sa mga taludtod ng tula ang nagtataglay ng elementong matalinghaga?
    a. Ang larawan ay tila isang krus na nakadipa.
    b. Ito ang pugad ng mga ibon ng pag-ibig.
    c. Napapaligiran ng mga bato ang paligid.
    d. Larawan ng isang bagay na walang buhay.

13. Magdaraos ng pagpupulong ang mga mambabatas ng inyong lungsod. Layunin nitong magbigay-alam sa mga mamamayan lalong-lalo na sa mga kabataang tulad mo ukol sa mga nagaganap na isyung panlipunan sa

kasalukuyan. Naimbitahan ka na dumalo dahil kumakatawan ka sa grupo ng mga kabataan sa inyong barangay. Pag-uusapan sa pagpupulong na ito ang Presidential Development Assistance Fund (PDAF) ni Pangulong Aquino. Binigyan ka ng pagkakataon na tumayo bilang isa sa mga mambabatas. Bilang isang mambabatas, ano ang sasabihin mong pagsang-ayon sa isyung PDAF ni Pinoy?

a. Tama lang na bigyan ng PDAF ang mga senador para sa gayon ay matustusan ang mga pangangailangan ng bawat lungsod. Sa pamamagitan ng PDAF ay naragdagan ang mga imprastraktura ng ating bansa at lalong gumanda ang mga daan sa mga liblib na pook/ lugar sa ating bansa.
b. Mali naman kasi ang mga senador. Ang PDAF na ibinibigay sa kanilang ay ginagamit nila sa kanilang sarili lamang. Kaya tuloy ang masama nilang baho ay nailalantad sa publiko.
c. Hindi tama ang magbigay pa ng PDAF ang pangulo sa mga senador kasi ito ang naging sanhi lamang ng korapsyon sa ating bansa. Ang pondong nakalaan sa kanila ay hindi naman napupunta sa proyektong paggagamitan.
d. Di ako sumasang-ayon na bigyan pa ng PDAF ang mga senador dahil pera ito ng mga mamamayan at dapat na isauli ito sa kanila dahil malaki rin ang buwis na binabayad nila lalo na sa mga pribadong ahensiya.

14. Masyado ng problemado si Aling Kriselda. Hindi na niya alam kung ano na ang mangyayari sa kanyang anak kaya nasabi niya ito sa Panginoon. “Mahabaging Ginoo, kayo na po ang bahala sa aking kulang-palad na anak.” Anong damdamin ang nais ipaabot ni Aling Kriselda?

a. nagmamakaawa
b. nagbibilin
c. nagmamalasakit
d. nag-aatubli

15. Dahil sa dami ng mga mamamayan na sakop sa inyong barangay, hindi maiwasan ang gulo at di pagkakaunawaan. Naisipan ng inyong punong-barangay na magtayo ng isang lupon na tutulong sa pag-ayos ng mga gulo at iringan para mapanatili ang kapayapaan sa inyong barangay. Inanyayahan ka na maging isang lupong taga-pamayapa. Ang tungkulin mo ay makinig at magbigay ng panukala o payo sa dalawang panig na nag-aaway.Isa ka sa mga lupon ng inyong barangay, paano mo sila mapaliwanagan at mapagbabati?

a. Bakit kayo nag-aaway? Wala na ba kayong magagawang mabuti sa buhay ninyo?
b. Ay naku! Ang hirap na ng buhay ninyo. Dinaragdagan pa ninyo ang inyong mga problema. Hala! Magsiuwi na kayo at atupagin ninyo ang inyong paghahanapbuhay.

c. Baka gusto mo munang pakinggan at pag-isipan ang mga paliwanag ng iyong kapitbahay upang maunawaan mo kung bakit niya nagawa ang mga bagay na hindi mo nagustuhan.

d. Sa palagay mo, magiging masaya ba ang mga anak ninyo kung patuloy kayong nag-iiringan? Ano kaya kung patawarin na lang ninyo ang isa't isa upang maging maayos naman ang inyong pagsasama at maging masaya ang inyong mga anak.

16. Isang gabi ang iyong kapatid ay pinagalitan ng iyong magulang. Umaga na siya kasing umuwi sa inyo na hindi man lang nagpaalam. Nagalit ang iyong magulang sa ginawa niya. Ang masaklap pa doon ay sumagot-sagot pa siya sa kanila kaya lalong tumindi ang galit nila kaya siya ay pinalayas. Bilang isang kapatid, alin sa sumusunod ang dapat mong gawin?
    a. Kausapin ang iyong magulang na patawarin at pabalikin sa bahay ang iyong kapatid.
    b. Samahan ang iyong kapatid kung saan man siya pumunta at huwag ipaalam sa inyong magulang.
    c. Hayaan na lamang ang iyong kapatid sa kanyang naging desisyon.
    d. Kausapin at payuhan ang iyong kapatid na umuwi na sa inyong bahay at humingi ng tawad sa inyong magulang.

17. Kung mabigyan ka ng pagkakataong sumali sa paligsahan sa pagsulat ng tula, paano mo mahikayat ang mga mag-aaral na basahin ang sinulat mong tula?
    a. Piliin ko ang paksang nakahiligan ng mga kabataan.
    b. Gawin kong malinaw, maayos, at kawili-wili ang paksa.
    c. Gawing maikli upang madaling basahin.
    d. Gagamitan ng simbolismo na may kahulugan sa mapanuring isipan ng mambabasa na maaaring magsilbing inspirasyon.

18. Si Marissa at ang kanyang ina ay nag-usap isang gabi. Ikinukuwento ni Marissa ang tungkol sa naramdaman niya sa kanyang lalaking kaklase. Sinabi pa niya sa kanyang ina na kapag nakikita niya ang kanyang kaklase ay kumakaba ang kanyang dibdib. Hindi kumibo ang nanay ni Marissa subalit pinayuhan siya ng kanyang ina na huwag munang pumasok sa anumang relasyon dahil siya ay bata pa at binalaang huwag magpakasal ng maaga.

    Anong hinuha ang maibibigay mo sa sinabi ni Marissa na kumakaba ang kanyang dibdib tuwing nakikita niya ang kanyang lalaking kaklase?
    a. Si Marissa ay may sakit sa puso.
    b. Si Marissa ay nakaramdam ng kapayapaan.
    c. Si Marissa ay nagsisimulang umibig.
    d. Si Marissa ay laging nag-eehersisyo.

19. Ano ang kahulugan ng saknong sa ibaba?

Halos mawalan ng ulirat si Maria Sa takot sa higanteng di maiwasan; Mabilis na inisip Kung paano matatakasan…

a. Ayaw makita ni Maria ang higante at siya ay nagtago.
b. Nawalan ng pag-iisip si Maria sa ginawa ng higante.
c. Natakot si Maria sa higante kaya't nag-isip siya ng paraan upang makatakas.
d. Hindi na maiwasan ni Maria ang nakatakas na higante.

20. Isa kang mananalaysay. Naatasan ka ng guro ninyo na sumulat ng isang talumpati ukol sa mga kabataan bilang pag-asa ng bayan. Bilang isang mananalaysay, aling talumpati ang gagawin mo?
    a. Ang buhay ng tao ay di laging nagbabago. Di natin alam kung ano ang mangyayari sa ating buhay dahil ito ay puno ng pagbabago na siyang nagpapatatag sa atin. Ang buhay ay tulad ng ulap na hinihila ng hangin kung saan man ito kayang sumunod na lang tayo sa paghilang ito para makasabay tayo sa kung anumang pagbabago sa ating lipunan dahil ang pagbabagong ito ang siyang magdadala sa atin ng pag-unlad ng ating buhay.
    b. Ilang taon na ang nakalipas at ngayon ay oras na upang gunitain natin ang buhay ng isang taoong nagbigay sa atin ng pag-asa… Pag-asang nagmulat sa atin sa katotohanan mula sa isang bangungot ng kahapon. Ito ang simula ng pagbabago kung saan ang dati nating pamumuhay ay puno ng poot at pighati. Kahit sinuman sa atin ay hindi makatiwalag sa pang-aapi ng diktador na ito. Hawak niya ang buhay ng bawat isa sa atin. Para siyang Diyos na sinasamba ng lahat. Ngunit dumating din ang panahon. .. Panahon na hinihintay ng bawat isa… Ang kanyang kamatayan… ang kamatayan ng pang-aapi. Dahil sa kamatayang ito na naging daan ng ating pag-asa.
    c. Sabi ng ating bayaning si Dr. Jose Rizal na ang kabataan ang pag-asa ng bayan. Totoo nga…Ikaw nga ang pag-asa ng ating bayan. Masuwerte ka at nakapag-aral. Natutuhan mo ang mga aralin na di natutuhan sa kalsada. Masuwerte ka at makakuha ka ng iyong diploma at makapagtrabaho sa isang disenteng kompanya balang araw. Mararanasan mo kung paano mamuhay ng marangya di gaya ng ibang kabataan diyan na umaasa lamang ng kanilang makakain sa kung anumang mapupulot nila sa kalye… o di kaya ay kung ano ang maibibigay na pagkain sa kanila kung mayroon man… Ikaw, natanto mo ba kung bakit ka nag-aaral nang todo-todo? Dahil ikaw ang mag-aangat ng ating bansa.. Ikaw ang siyang katuparan ng iyong magulang… ng iyong lipunan at higit sa lahat ng iyong bansa.
    d. Sa aking paggising sa umaga, ako'y nahalina sa gayak ng aking paligid. Hindi ko ninais na sa isang malawak at patag na palayan ako makadarama ng isang maaliwalas at tahimik na buhay.

Katahimikang noon ko pa hinahanap. At dito nga… ang malalago at berdeng halaman na nagpapaganda ng paligid. Malamig na hangin na dumarampi sa aking pisngi…Dinadalangin ko na ito'y hindi tangayin ng mga masasamang elemento sa ating paligid na siyang sumisira nito. Sana ang nadarama rin ng mga kasunod na henerasyon para maramdaman din nila ang ganda ng kalikasan.

Aralin 1: Panahon ng Amerikano: Sariling Kalayaan… Ingataan at Pahalagahan

Panitikan: *Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan*
Wika: Pagsang-ayon at Pagsalungat

PAGTUKLAS

Simulan mo modyul na ito ang paglalakbay sa mundo ng balagtasan. Alamin mo ang pinagmulan ng balagtasan at ang katangian nito upang masagot mo ang mahalagang tanong**:**
Paano nakatutulong ang iba't ibang akdang pampanitikan sa pagkakaroon ng malawak na pag-iisip sa pag-unawa ng pag-ibig sa bayan, tao , at kalikasan?
Bago magbalagtasan, ihanda mo ang iyong sarili sa larong *pick-up line.*

Gawain 1: *Pick-up Lines*
Sagutin lamang ng bakit ang sumusunod na tanong. Ang sagot ay ibibigay ng iyong guro. Unawain ang ibinigay na halimbawa.

Pizza ka ba? *Bakit?* *Dahil crust kasi kita eh.*

1. Lason ka ba?
2. Toyo ka ba?
3. Bagyo ka ba?

Upang higit mong maunawaan ang gawaing ito, buksan ang *link* sa ibaba at makikita mo ang iba't ibang *pick-up lines*.
http://pinoykultura.com/best-pinoy-pickup-lines/ Mga halimbawa ng mga Pinoy *pick-up lines.*

TANDAAN

Ginagamit ng mga kabataan sa kasalukuyan o modernong panahon sa panliligaw sa paraang patanong ang *pick up lines* upang ilahad ang kanilang damdamin sa taong nililigawan. Ginagawa ito kagaya noon sa Panahon ng Amerikano na dinadaan ang panliligaw sa pamamagitan ng balagtasan.

Gawain 2: KWL Chart

Bago ipagpatuloy ang pagtalakay tungkol sa balagtasan, gawin mo muna ang *KWL Chart.* Sagutan lamang ang bahaging **K** at **W**. Pagkatapos ng aralin na ito, sagutin mo ang huling kolum na **L**.



Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Bago tayo magsimulang talakayin ang araling ito, nais kong malaman mo at isipin ang mahalagang tanong sa araling ito: Masasalamin ba sa balagtasan ang kultura nating mga Pilipino?

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang balagtasan?

   _____

   _____

   _____

   _____

2. Bakit kinawiwilihan ang balagtasan noong Panahon ng Amerikano?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Sa kasalukuyan, may pareho pa bang paraan ng panlliligaw ang balagtasan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

4. Bakit kailangan pang palaganapin ang balagtasan sa ating bansa?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

5. Nakatutulong ba ito sa paghubog ng kaisipan at damdaming makabayan ng mga kasalukuyang henerasyon? Paano?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Upang higit mong maunawaan ang nilalaman ng araling ito, inaasahang mailalapat mo ang iyong natutuhan. Sa pamamagitan ng pagsulat ng sariling tula sa alinmang tema ng pag-ibig sa tao, bayan,o kalikasan.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng aralin, nais kong malaman kung ano ang iyong kaalaman tungkol sa konsepto ng balagtasan. Ibigay mo ang mga katangian ng balagtasan bilang isang uri ng panitikang Pilipino.

Gawain 3: Ibigay Mo, Kahulugan Ko!
Gamit ang mapa, ibigay mo ang kahulugan ng balagtasan ayon sa iyong dating kaalaman.



Mula sa ibinigay mong katuturan tungkol sa balagtasan, mas madaragdagan ang iyong pag-unawa dito kung tataluntunin mo ang pinagmulan nito.

I-klik ang mga *link* sa ibaba upang mabasa mo ang kaligirang kasaysayan ng balagtasan at panoorin ang isang halimbawa nito .

I-klik ang mga sumusunod na *link* upang mabasa mo ang kaligirang kasaysayan ng balagtasan at mapanood mo ang *video* tungkol dito.

Kaligirang Kasaysayan ng Balagtasan :

http://www.kapitbisig.com/philippines/balagtasan-noon-at-ngayon-kaligirang-pangkasaysayan-ng-balagtasan_1138.html

Bidyu ng Balagtasan :
http://search.tb.ask.com/search/video.jhtml?searchfor=balagtasan&p2=^Y6^xdm007^S10498^ph&n=780c7505&ss=sub&st=bar&ptb=93D6E2B9-7D73-4A15-9609-

Gawain 4: Pagsagot sa Frayer's Model
Gumawa ng isang konseptong naglalahad ng iyong kaalaman ukol sa balagtasan gamit ang *Frayer's Model.*



May pag-unawa ka na tungkol sa pinagmulan at konsepto ng balagtasan. Panahon na ngayon upang payabungin ang iyong kaalaman sa pagsagot sa mga sumusunod na gawain.

Gawain 5: Payabungin…Dating Kaalaman
Itala sa kahon ang pagkakaiba at pagkakatulad ng balagtasan sa iba pang uri ng tulang patnigan.



Tuklasin mo ang ginagampanang papel ng mga tauhan ng balagtasan. Punan ang kahon ng mga impormasyon batay sa papel na ginagampanan nila.



Katapusang Bahagi ng Paglinang

Sa bahaging ito ng modyul, tinalakay ang kasaysayan ng balagtasan at ang pagkakaiba / pagkakatulad nito sa iba pang tulang patnigan. Balikan mo ang mga ginawa mong mga gawain at ihambing angdating kaalaman sa tinalakay natin. Ano ang mga bagay-bagay ang iyong naging realisasyon sa ating tinalakay?

Ngayong alam mo na ang mga mahahalagang konsepto sa paksang ito, halina't maghanda sa susunod na bahagi ng modyul.

Gawain 6: Ibigay ang Kahulugan Ko

Hanapin ang kahulugan ng mga salitang nasa Hanay A sa mga salitang nasa Hanay B. Piliin lamang ang titik ng tamang sagot. Pagkatapos ay gamitin ang mga ito sa isang makabuluhang pangungusap.

Hanay A		Hanay B
A. Linggatong	☐	Katas ng pinigang kinudkod na niyog
B. Kampupot	☐	Pagtatalo sa pagtula at pagandahan sa pagbigkas
C. Matalunton	☐	ang ibig matamo o makamtan
D. Bulo	☐	Maghanap sa anumang bagay sa pamamagitan ng mga bakas
E. Gata	☐	Mapigil o masaway ang sinuman sa paggawa ng anuman; mapagbawalan sa paggawa ng anuman
F. Pinipithaya	☐	Daing o pagdaing na patangis ng isang nakadarama ng pangungulila, pagdadalamhati, paghihinagpis, pagdaralita, atbp.
G. Duplo	☐	Bilugan ang dahon at ang bulaklak na mabango at maputi ay nakakatulad ng sampagita bagamat makapal ang talulot
H. Talulot	☐	Ang bawat isa o hati ng bulaklak na parang mga dahong tumutubo sa paligid ng ubod
I. Taghoy	☐	Pinong balahibo
J. Masansala	☐	Pagkasindak dahil sa hindi matutuhan ang dapat gawin

upang maligtas sa isang panganib o makaligtas ng isang mahigpit na suliranin.

Ihanda mo ngayon ang iyong sarili sa paglalakby sa mundo ng balagtasan. Sino nga ba ang hari ng balagtasan?

Tuklasin mo ngayon kung sino ang hari ng balagtasan at kung ano ang kinalaman niya sa balagtasang ating tatalakayin.

TANDAAN

Jose Corazon de Jesus

Si Jose Corazon de Jesus, na pinalayawan ng Pepito, ay isinilang sa isang bahay sa Daang Trinidad, purok ng Sta. Cruz, Maynila, noong ika-22 ng Nobyembre, 1894. Siya ang ikalawang anak nina Dr. Vicente de Jesus, ng Sta. Maria, Bulakan, at unang direktor na Pilipino ng Kawanihan ng Kalinisan, at ng Kapampangang si Gng. Susana Pangilinan. Ang kanyang dalawang kapatid ay sina Vicente,Jr., na siyang panganay, at si Rosa, ang bunso. Sa tatlong magkakapatid, si Pepito, Pitong sa kanyang ama't ina, ang pinakamalapit sa kanyang ina. Ang dahilan nito ay noong bata pa si Pepito ay masakitin at galisin kaya madalas siyang inaalagaan ng kanyang nanay.

Bata pa lamang si Pepito ay namulat na siya sa mga tulang Tagalog, awit at korido, sa "Florante at Laura", "San Raymundo", at iba pang aklat na Tagalog na lubhang babasahin noong araw. Masasabing dito nagsimula ang pagtangkilik at pagkabihasa ni Pepito sa tulang Tagalog. Mahilig rin siya sa pag-awit, pagtugtog ng piyano, at ng iba't ibang larong pampalakasan.

Sa bayan ng kanyang ama siya nag-aral ng unang baitang. Maligaya ang kabataan ni Pepito rito at ito marahil ang nagtulak sa kanya upang sabihin na dito siya iniluwal. Nang makatapos siya ng primarya ay inilipat siya sa Liceo de Manila, isa sa mga pinakasikat na paaralan sa Maynila noon, upang mag-hayskul. Nang siya'y nakapagtapos ay nag-aral naman siya ng abogasya sa Escuela de Derecho. Nang magtapos siya ng batas noong 1919 ay hindi siya kumuha ng iksamen upang maging tunay na abogado. Sa halip ay ipinagpatuloy ang kanyang matagal ng hilig, ang pagtula.

Noong Oktubre ng 1918 ay itinanan ni Jose Corazon ang binibining si

Asuncion Lakdan. Sa kanilang pagsasama ay nagkaroon sila ng tatlong anak. Ang mga ito ay sina Teresa, Jose at Rogelio.

Si Jose Corazon ay hindi lamang makata at manunulat kundi isa rin namang mamamahayag. Naging manunulat siya sa mga pahayagang "Demokrasya", "Pagkakaisa", "Taliba", "Mabuhay", at "Sampagita". Pero higit siyang kilala sa larangan ng "balagtasan" at pagbigkas. Hanggang ngayon ay siya pa rin ang hinihirang na pinakamagaling sa dalawang larangang ito.

Si Jose Corazon de Jesus, o Huseng Batute, ay binawian ng buhay ng ganap na ika-12:02 ng tanghali, noong Mayo 26, 1932 sa Ospital Heneral dahil sa isang sakit sa bituka.

http://tl.answers.com/Q/Ang_talambuhay_ni_jose_corazon_de_jesus

Ngayong kilala mo na si Jose Corazon de Jesus, basahin at unawain mong mabuti ang balagtasan na kanyang isinulat na may pamagat na *Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan.*

Basahin at unawain ang balagtasang *Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan* ni Jose Corazon de Jesus.

Pagbasa 1

BALAGTASAN :

Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan
- Jose Corazon de Jesus

Lakandiwa:

1 Yamang ako’y siyang Haring inihalal
2 Binubuksan ko na itong Balagtasan,
3 Lahat ng makata’y inaanyayahan
4 Sa gawang pagtula ay makipaglaban.

5 Ang makasasali’y batikang makata
6 At ang bibigkasi’y magagandang tula,
7 Magandang kumilos, may gata sa dila
8 At kung hindi ay mapapahiya.

9 Itong balagtasa'y galing kay Balagtas
10 Na Hari ng mga Manunulang lahat,
11 Ito’y dating Duplong tinatawag-tawag
12 Balagtasan ngayon ang ipinamagat.

At sa gabing ito'y sa harap ng bayan
Binubuksan ko na itong Balagtasan
Saka ang ibig kong dito'y pag-usapan:
BULAKLAK NG LAHING KALINIS-LINISAN.

Tinatawagan ko ang mga makata,
Ang lalong kilabot sa gawang pagtula,
Lumitaw na kayo't dito'y pumagit na
At magbalagtasan sa sariling wika.

Paruparo:

Magandang gabi sa kanilang lahat
Mga nalilimping kawal ni Balagtas,
Ako'y paruparong may itim na pakpak
At nagbabalita ng masamang oras.

Nananawagan po, bunying Lakandiwa,
Ang uod na dating ngayo'y nagmakata,
Naging paruparo sa gitna ng tula
At isang bulaklak ang pinipithaya.

Sa ulilang harding pinanggalingan ko
Laon nang panahong nagtampo ang bango,
Nguni't aywan baga't sa sandaling ito
Ay may kabanguhang binubuhay ako.

May ilang taon nang nagtampo sa akin
Ang bango ng mga bulaklak sa hardin,
Luksang Paruparo kung ako'y tawagin,
Mata ko'y luhaan, ang pakpak ko'y itim.

Bunying Lakandiwa, dakilang Gatpayo,
Yaring kasawia'y pagpayuhan ninyo,
At si Lakan-iLaw ang gagamitin ko
Upang matalunton ang naglahong bango.

Lakandiwa:

Sa kapangyarihan na taglay ko na rin
Ikinagagalak na kayo'y tanggapin,
Magtuloy po kayo at dito sa hardin,
Tingnan sa kanila kung sino at alin.

Paruparo:

Sa aking paglanghap ay laon nang patay
Ang bango ng mga bulaklak sa parang,
Nguni't ang puso ko'y may napanagimpang
Bulaklak ng lahing kalinis-linisan.

Ang bulaklak ko pong pinakaiirog
Ubod na ng ganda't puti ang talulot,
Bulaklak po ito ng lupang Tagalog,
Kapatak na luhang pangala'y kampupot.

Kung kaya po naman di ko masansala
Ang taghoy ng dibdib na kanyang dinaya,
Matapos na siya'y diligan ng luha
Nang siya'y umunlad, nagtago…nawala!

Isang dapit-hapong palubog ang araw
Sa loob ng hardin, kami'y nagtaguan,
Paruparo, anya kita'y tatalian,
Ako'y hanapin mo't kung makita'y hagkan.

Isang panyong puting may dagta ng lason
Ang sa aking mata'y itinakip noon,
At ang Bulaklak ko'y bumaba sa dahon,
Nagtago pa mandin at aking hinabol.

Hinabol-habol ko ang bango at samyo
Hanggang makarating ako sa malayo,
At nang alisin na ang takip na panyo
Wala si Kampupot, wala yaring puso.

Ang taguang biro'y naging totohanan
Hanggang tunay na ngang mawala sa tanaw,
At ang hinagpis ko noong ako'y iwan,
Baliw na mistula sa pagsisintahan.

Sa lahat ng sulok at lahat ng panig
Ay siya ang laging laman niring isip,
Matulog man ako'y napapanaginip,
Mistulang nalimbag sa sugatang dibdib.

Sa apat na sulok ng mundong payapa
Ang aking anino'y tulang nabandila,
Paruparo akong sa mata'y may luha,
Ang mga pakpak ko'y may patak na luksa.

Ang sakdal kong ito, Lakandiwang mahal,
Ibalik sa akin, puso kong ninakaw,
At kung si Kampupot ay ayaw po naman,
Ay ang puso niya sa aki'y ibigay.

Bubuyog:

Hindi mangyayari at ang puso niya'y
Karugtong ng aking pusong nagdurusa,
Puso ni Bulaklak pag iyong kinuha
Ang lalagutin mo'y dalawang hininga.

Pusong pinagtali ng isang pag-ibig
Pag pinaghiwalay kapanga-panganib,
Daga't ma't hatiin ang agos ng tubig,
Sa ngalan ng Diyos ay maghihimagsik.

Ang dalawang ibon na magkasintahan,
Papaglayuin mo't kapwa mamamatay,
Kambal na pag-ibig pag pinaghiwalay,
Bangkay ang umalis, patay ang nilisan,

Paruparong sawing may pakpak na itim
Waring ang mata mo'y nagtatakipsilim,
At sa dahil sa diwang baliw sa paggiliw
"Di man Kampupot mo'y iyong inaangkin.

Dinaramdam ko rin ang dinaranas mo
At sa kasawia'y magkauri tayo,
Ako ma'y mayroong nawawalang bango
Ng isang bulaklak kaya naparito.

Buhat pa kanginang ikaw'y nangungusap
Bawat salita mo'y matulis na sibat,
Saka ang hanap mong mabangong bulaklak,
Luksang paruparo, siya ko ring hanap.

Ipahintulot mo, Paruparong luksa,
Dalitin ko yaring matinding dalita.
Itulot mo rin po, Hukom na dakila,
Bubuyog sa sawi'y makapagsalita.

Paruparo:

'Di ko pinipigil ang pagsasalaysay
Lalo't magniningning ang isang katwiran,
Nguni't tantuin mo na sa daigdigan
Ang bawa't maganda'y pinag-aagawan.

Lakandiwa:

Magsalita kayo at ipaliwanag
Ang ubod ng lungkot na inyong dinanas,
Paano at saan ninyo napagmalas
Na ito ang siya ninyong hinahanap?

Bubuyog:

Sa isang malungkot at ulilang hardin
Ang binhi ng isang halama'y sumupling,
Sa butas ng bakod na tahanan namin
Ay kasabay akong isinisilang din.

Nang iyang halama'y lumaki, umunlad,
Lumaki ako't tumibay ang pakpak,
At nang sa butas ko ako'y makalipad
Ang unang hinagka'y katabing bulaklak.

Sa kanyang talulot unang isinangla
Ang tamis ng aking halik na sariwa,
At sa aking bulong na matalinghaga
Napamukadkad ko ang kanyang sanghaya.

Nang mamukadkad na ang aking kampupot
Sa araw at gabi ako'y nagtatanod,
Langgam at tutubing dumapo sa ubod
Sa panibugho ko'y aking tinatapos.

Ngayon, tanda ko ngang kayo'y nagtaguan
Habang ako'y kanlong sa isang halaman,
Luksang paruparo nang ikaw'y maligaw
Ang aking halakhak ay nakabulahaw.

Ang inyong taguan, akala ko'y biro,
Kaya ang tawa ko'y abot sa malayo,
Nguni't nang ang saya'y tumagos sa puso
Sa akin man pala ay nakapagtago.

Lumubog ang araw hanggang sa dumilim
Giliw kong bulaklak din dumarating,
Nang kinabukasa't muling nangulimlim
Ay hinanap ko na ang nawalang giliw.

Nilipad ko halos ang taas ng langit
At tinalunton ko ang bakas ng ibig,
Ang kawikaan ko sa aking pag-alis
Kung di makita'y di na magbabalik.

Sa malaong araw na nilipad-lipad
Dito ko natunton ang aking bulaklak,
Bukong sa halik ko kaya namukadkad
'Di ko papayagang mapaibang palad.

Luksang Paruparo, kampupot na iyan,
Iyan ang langit ko, pag-asa at buhay,
Ang unang balik kong katamis-tamisan
Sa talulot niya ay nakalarawan.

Paruparo:

Hindi mangyayaring sa isang bulaklak
Kapwa mapaloob ang dalawang palad.
Kung ikaw at ako'y kanyang tinatanggap
Nagkasagi sana ang kanilang pakpak.

Ikaw ay Bubuyog, sa urang sumilang
Nang makalabas ka'y saka mo hinagkan:
Ako ay lumabas sa kanya ring tangkay,
Sino ang malapit sa pagliligawan?

Una muna akong nag-uod sa sanga
Na balot ng sapot ng pagkaulila,
Nang buksan ng Diyos yaring mga mata
Bulo't dahon namin ay magkasama na.

Sa ugoy ng hangin sa madaling-araw
Nagduruyan kaming dalawa sa tangkay,
At kung bumabagyo't malakas ang ulan,
Ang kanya ring dahon ang aking balabal.

Sa kanyang talulot kung may dumadaloy
Na patak ng hamog, aking iniinom;
Sa dahon ding iyon ako nagkakanlong
Sa init ng araw sa buong maghapon.

Paano ngang siya ay pagkakamalan
Na kami'y lumaki sa iisang tangkay,
Kaya nga kung ako'y sa kanya nabuhay
Ibig ko rin namang sa kanya mamatay.

Bubuyog:

Huwag kang matuwa sapagka't kaniig
Niyaring bulaklak na inaaring langit,
Pagka't tantuin mo sa ngalang pag-ibig
Malayo ma't ibig, daig ang malapit.

Saka ang sabi mong sa mutyang kampupot
Nakikiinom ka ng patak ng hamog,
Kaunting biyaya na bigay ng Diyos,
Tapang ng hiya mong ikaw ang lumagok.

Ikaw'y isang uod, may bulo kang taglay;
Sa isang bulaklak laso't kamatayan,
At akong bubuyog ang dala ko'y buhay
Bulong ng hiningang katamis-tamisan.

Paruparo:

Akong malapit na'y napipintasan mo,
Ikaw na malayo naman kaya'y pa'no?
Dalaw ka nang dalaw, di mo naiino,
Ay ubos na pala ang tamis sa bao.

Bubuyog na laging may ungol at bulong
Ay nakayayamot saan man pumaroon,
At ang katawan mo'y mayrong karayom
Pa'no kang lalapit, di naduro tuloy?

Di ka humahalik sa mga bulaklak,
Talbos ng kamote ang siya mong liyag,
Ang mga bintana'y iyong binubutas,
Doon ang bahay mo, bubuyog na sukab.

Ikaw ay bubuyog, ako'y paruparo,
Iyong mga bulong ay naririnig ko;
Kung dinig ng lahat ang panambitan mo
Hiya ni Kampupot, ayaw na sa iyo.

Bubuyog:

Kundi iniibig ang nakikiusap
Lalo na ang tahimik na tatapat-tapat,
Kung ang magsalita'y di-magtamong-palad
Lalo na ang dungong di makapangusap.

Lilipad-lipad ka na payao't dito
Pasagilang-bingit, at patanaw-tao,
Pag ligaw-matanda sa panahong ito
Pagtatawanan ka ng liligawan mo.

Ikaw'y paruparo, ako ay bubuyog
Nilang ka sa tangkay, ako ay sa bakod,
Nguni't saang panig nitong sansinukob
Nakakatuwaan ang paris mong uod?

Saka, Paruparo, dapat mong malamang
Sa mula't mula pa'y 'di ka minamahal,
Ang panyong panali nang ikaw ay takpan
Ikaw ang may sabing may lason pang taglay.

Paruparo: Ganyan ang hinalang namugad sa dibdib,
Pagka't napaligaw ang aking pangmasid,
Hindi pala laso't dagta ng pag-ibig
Ang sa aking panyo'y kanyang idinilig.

Bubuyog: Dadayain ka nga't taksil kang talaga
At sa mga daho'y nagtatago ka pa.

Paruparo: Kung ako'y dinaya't ikaw ang tatawa
Sa taglay kong bulo nilason na kita.

Bubuyog: Pagka't ikaw'y taksil, akin si Kampupot.
Siya'y bulaklak ko sa tabi ng bakod.

Paruparo: Bulaklak nga siya't ako'y kanyang uod.

Lakandiwa: Tigil na Bubuyog, tigil Paruparo,
Inyo nang wakasan iyang pagtatalo;
Yamang di-malaman ang may-ari nito,
Kampupot na iya'y paghatian ninyo.

Bubuyog: Kapag hahatiin ang aking bulaklak
Sa kay Paruparo'y ibigay nang lahat;
Ibig ko pang ako'y magtiis ng hirap
Kaya ang talulot niya ang malagas.

Paruparo: Kung hahatiin po'y ayoko rin naman
Pagka't pati ako'y kusang mamamatay;
Kabyak na kampupot, aanhin ko iyan
O buo wala nguni't akin lamang.

Lakandiwa: Maging si Solomong kilabot sa dunong
Dito'y masisira sa gawang paghatol;
Kapwa nagnanasa, kapwa naghahabol,
Nguni't kung hatii'y kapwa tumututol.

Ipahintulot pong sa mutyang narito
Na siyang kampupot sabihin kung sino
Kung sino ang kanyang binigyan ng oo,
O kung si Bubuyog, o kung si Paruparo.

Kampupot: Ang kasintahan ko'y ang luha ng langit,
Ang Araw, ang Buwan sa gabing tahimik,
At si Bubuyog po't paruparong bukid,
Ay kapwa hindi ko sila iniibig.

Paruparo: Matanong nga kita, sinta kong bulaklak,

Limot mo na baga ang aking pagliyag?
Limot mo na bagang sa buong magdamag
Pinapayungan ka ng dalawang pakpak?

Kampupot: Tila nga, tila nga sa aki'y mayroong
Sa hamog ng gabi ay may nagkakanlong,
Ngunit akala ko'y dahon lang ng kahoy
At di inakala na sinuman yaon.

Bubuyog: At ako ba, Mutya, hindi mo na batid
Ang mga bulong ko't daing ng pag-ibig,
Ang akin bang samo at mga paghibik
Na bulong sa iyo'y 'di mo ba narinig?

Kampupot: Tila nga, tila nga ako'y may napansing
Daing at panaghoy na kung saan galing,
Ngunit akala ko'y paspas lang ng hangin
At di inakala na sinuma't alin.

Bubuyog: Sa minsang ligaya'y tali ang kasunod,
Makapitong lumbay o hanggang matapos.

Paruparo: Dito napatunayan yaong kawikaan
Na ang paglililo'y nasa kagandahan.

Bubuyog at Paruparo: Ang isang sanglang naiwan sa akin
Ay di mananakaw magpahanggang libing.

Lakandiwa: Ang hatol ko'y ito sa dalawang hibang
Nabaliw nang hindi kinababaliwan:
Yamang ang panahon ay inyong sinayang
Kaya't nararapat na maparusahan.

Ikaw ay tumula ngayon, Paruparo
Ang iyong tulain ay "Pagbabalik" mo,
At ang "Pasalubong" sa babaing lilo,
Bubuyog, tulain, ito ang hatol ko.
(Pagkatapos tumula ni Paruparo)

Lakandiwa: Sang-ayon sa aking inilagdang hatol,
Ay ikaw Bubuyog ang tumula ngayon;
Ang iyong tulain ay ang "Pasalubong"
Ng kabuhayan mong tigib ng linggatong.

(Pagkatapos tumula ni Bubuyog)

298 Minamahal nami't sinisintang bayan,
299 Sa ngayo'y tapos na itong Balagtasan;
300 At kung ibig ninyong sila ay hatulan,
301 Hatulan na ninyo pagdating ng bahay.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Batay sa balagtasan, bakit parehong nagustuhan nina Paruparo at Bubuyog?

_____
_____
_____
_____
_____

2. Tama ba ang katwiran ng mga nagtatalong makata? Patunayan.

_____
_____
_____
_____
_____

3. Ayon sa iyong pagsusuri, kaninong panig ang tama at dapat na panigan?

_____
_____
_____
_____
_____

4. Paano winakasan o hinatulan ng lakandiwa ang balagtasan?

_____
_____
_____
_____
_____

5. Kung papipiliin ka sa dalawa, alin ang pipiliin mo?



_____
_____
_____
_____
_____
_____

6. Naipaliwanag ba nang husto ng mga mambabalagtas ang mga katwiran nila sa paksang kanilang pinagtatalunan? Magbigay ng ilang patunay.

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

7. Sa anong paraan mo magaganyak ang iyong kapwa mag-aaral na basahin, intindihin, pahalagahan, at palaganapin ang balagtasan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

_____

Mula sa nabasa mong balagtasan, naunawaan mo ang balagtasan bilang patulang pagtatalo. Inihanda ang susunod na gawain upang higit na maunawaan mo ang kaisipang nilalaman ng binasang balagtasan.

Gawain 7: Pag-unawa sa Binasa

Suriin kung saang linya makikita ang mga sumusunod na diwa/ kaisipan. Piliin ang sagot sa hanay B. Isulat lamang ang titik sa loob ng kahon.

	Hanay A	Hanay B
☐	1. Pangungutya ng Paruparo sa Bubuyog sa nakayayamot na pag-uungol nito.	A. 264-265
☐	2. Ang pag-ibig ba naman kung pinaghihiwalay ay mapanganib.	B. 175-176
☐	3. Pagsumbat ni Paruparo sa Kampupot sa kanyang pagmamahal dito.	C. 201-202
☐	4. Kahit sa katas-taasan ng langit ay nilipad niya para lamang hanapin ang kanyang minamahal.	D. 89-90
☐	5. Dahon ni Kampupot ay kanyang naging balabal tuwing may malakas na ulan at bagyo.	E. 149-150

Gawain 8: Teksto-suri

Ipaliwanag ang kaisipang nabuo sa mga piling saknong.

1. Saknong 13 **Kaisipan**

Ang bulaklak ko pong pinakaiirog Ubod na ng ganda't puti ang talulot, Bulaklak po ito ng lupang Tagalog, Kapatak na luhang pangala'y Kampupot.

2. Saknong **Kaisipan**

Sa lahat ng sulok at lahat ng panig Ay siya ang laging laman niring isip, Matulog man ako'y napapanaginip, Mistulang nalimbag sa sugatang dibdib.	

3. Saknong 44

Sa ugoy ng hangin sa madaling-araw Nagduruyan kaming dalawa sa tangkay, At kung bumabagyo't malakas ang ulan, Ang kanya ring dahon ang aking balabal.	

PAGPAPALALIM

Ang **balagtasan** ay isang pagtatalo sa paraang patula na lumaganap sa panahon ng Amerikano. Sa kasalukuyang panahon, gamit ang makabagong teknolohiya at pagbabago sa ating panitikan, ang mga kabataang tulad mo ay gumawa rin ng kanilang sariling bersyon ng balagtasan. Tinatawag itong *flip top*.

Tunghayan ang dalawang magkaibang *video* upang maihalintulad mo ang pagkakatulad at pagkakaiba ng balagtasan at *flip top*. I-klik ang mga *link* sa ibaba.

I-klik ang mga *link* sa ibaba upang mapanood ang mga *video* tungkol sa halimbawa ng balagtasan at ng *flip top*. Makikita mo ang pagkakaiba at pagkakatulad ng dalawa.

https://www.youtube.com/watch?v=sYMb7h54LwA
https://www.youtube.com/watch?v=lZpU7OFI2HY

Gawain 9: Pagkakaiba at Pagkakatulad

Mula sa napanood na *video*, isulat sa grapikong pantulong sa ibaba ang pagkakaiba at pagkakatulad ng *flip top* at balagtasan.

Pagkakatulad at Pagkakaiba ng Flip top at Balagtasan



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Bilang isang mag-aaral, alin ang mas mainam na nais mong gawin: ang magbalagtasan o mag-*flip top*? Bakit?

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Paano nakapupukaw ng isipan ang pagbabasa ng mga balagtasan tulad nito?

   _____
   _____
   _____
   _____

3. Kung mabibigyan ka ng pagkakataong gumawa ng balagtasan, ano ang nais mong maging paksa? Bakit?

   _____
   _____
   _____
   _____

_____

4. Paano nakatulong ang balagtasan upang mapukaw ang interes ng mga Pilipino sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan?

_____
_____
_____
_____

Gawain 10: Manood at Magsuri

Panoorin ang isang *video* na nagpapakita ng isang balagtasan. Suriing mabuti ang nilalaman nito at sagutin ang mga kasunod na katanungan. I-klik lamang ang *website* sa ibaba.

https://www.youtube.com/watch?v=sYMb7h54LwA

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang paksang pinagtatalunan?

_____
_____
_____
_____

2. Ano ang masasabi mo sa paksang ginagamit noon sa pagbuo ng balagtasan?

_____
_____
_____
_____

3. Ilan ang nagsiganap sa balagtasan? Sino-sino sila?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

4. Paano isinasagawa ang balagtasan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Gawain 11: Paggawa ng Balagtasan

Mag-isip ka ng paksa para sa gagawin mong balagtasan. Pagkatapos mong maisulat ang nagawang balagtasan, maghanap ka ng dalawa pang mambabalagtas upang maisakatuparan ito. I–*upload* sa *youtube* ang ginawang balagtasan. Ilagay sa loob ng *dashboard* ang *link* ng balagtasang ginawa.

Isang pagbati at nakagawa ka ng balagtasan. Pagnilayan ang iyong natutuhan at isulat sa dyornal sa ibaba.

Gawain 12: Pagsulat ng Dyornal

Sagutin ang tanong sa ibaba batay sa iyong natutuhan.

Sa iyong palagay, bakit kailangang alamin natin ang mga sinaunang panitikang lumaganap?

Napag-aralan mo na ang nilalaman ng aralin sa panitikan. Ngayon naman ay tatalakayin natin ang tungkol sa wika- ang pagsalungat at pagsang-ayon. Isang paraan ang pagsalungat at pagsang-ayon na magagamit sa balagtasan.

TANDAAN

Mga Pahayag ng Pagsalungat at Pagsang-ayon

Ang pagsalungat at pagsang-ayon ay isa sa mga paraan na maipahayag ang sariling haka-haka, opinyon, saloobin, ideya, pala-palagay o kaisipan. Sa pamamagitan ng pagsalungat at pagsang-ayon naging mabisa ang isang usapan at higit na nakatutulong ito sa pagpapalawak ng kaalaman. Higit na mainam kung malaman ang mga salitang ginagamit sa pagsalungat at pagsang-ayon para mapag-iisipang mabuti ang pagbibigay ng sariling desisyon sa isyung kinahaharap.

Bilang isang mag-aaral, mahalaga na matutuhan mo kung paano ka makikilala sa usapan. Maipahahayag mo sa maayos na paraan ang pagsang-ayon sa sinasabi sa iyong kausap na magbubunga ng kapaki-pakinabang na nagpapalitan ng kuro-kuro at kaisipan o mga ideya. Narito ang ilang pananalita na maaari mong gamitin sa pakikilahok sa isang usapan o pagpupulong.

- **Mga pahayag na karaniwang nagsasaad ng pagsang-ayon**
  - Talagang sumasang-ayon ako sa iyong mga suhestyon

- Ganyan rin ang naiisip ko
- Tunay ngang inaagawan nila ang bulaklak
- Sang-ayon ako sa mga nakita ko
- Pareho tayo na paniniwala
- Nagkakaisa tayo ng opinyon / palagay
- Maganda ang ipinahayag mo

Maisasagawa rin ang pagtutol o pagsalungat sa sinasabi ng iyong kausap. Magagawa mo ito sa magandang paraan. Ang pag-uusap ay hindi dapat na magresulta ng pagtatalo na nagiging sanhi ng samaan ng loob o pag-aalitan. Ang ilang pananalita na maaari mong magamit sa ganitong sitwasyon ay ang mga sumusunod :

- **Mga pahayag na nagsasaad ng pagsalungat**
  - Ikinalulungkot ko, tahasan akong sumasalungat sa iyong mga pahayag
  - Hindi ako sumasang-ayon sa mga kinikilos niya
  - Ayaw ko sa ganyang uri na pananalita
  - Mabuti sana na nandito siya ngunit nakakairita siyang magsalita
  - Nauunawaan kita subalit hindi mo ako nakumbinsi
  - Bakit hindi nating gawin ang ganito

Madalas na sumasalungat tayo sa mga bagay – bagay dahil ibig nating mapabuti kung anuman ang maaaring ibunga ng pangyayari; hindi dahil sa ibig lang natin itong magbunga ng mga negatibong pangyayari. “Ang pagsalungat ay hindi paglaban…”

Gawain 13: Diyalogo sa Guhit Ko!
Pag-aralang mabuti ang komik istrip. Lagyan ng diyalogo gamit ang mga natutuhan mong salita sa pagsang-ayon at pangsalungat. Pagkatapos mong magawa ang komik istrip, isumite ito sa *dashboard* o sa *e-mail* ng guro.



Dashboard

Tingnan natin kung gaano mo naunawaan ang talakayan ukol sa pagsalungat at pagsang-ayon. Subukan mong gawin ang susunod na gawain.

Magbigay ng iyong sariling pagsang-ayon o pagsalungat sa mga pahayag na nabasa.

1. Sang-ayon ka ba sa ibinigay na hatol sa balagtasang *Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan* ? Bakit? Ipaliwanag.

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Naniniwala k aba sa ipinaglalaban nina Paruparo at Bubuyog? Bakit?

   _____
   _____
   _____
   _____

Gawain 14: E-React Mo Na!
Ibigay mo ang iyong sariling pagsang-ayon at pagsalungat sa mga napapanahong isyu sa ating lipunan sa kasalukuyan.

1. Pagpapatupad ng Freedom of Information Bill

_____
_____
_____
_____

2. Pagdeklara ng mga dayuhan ng kanilang ari-arian

_____
_____
_____
_____

3. Pakikialam ng magulang sa pag-ibig ng anak

_____
_____
_____
_____

4. Pagdaragdag ng dalawa pang taon sa hayskul

_____
_____
_____
_____

5. Pag-angkin ng Tsina sa Scarborough Shoal

_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Sa bahaging ito ng modyul, tinalakay ang tungkol sa balagtasan at ang pagbibigay ng pagsalungat at pagsang-ayon. May mga natanto ka ba sa araling tinalakay? Ano ang mga panibagong kaugnayan ang nagawa mo sa iyong sarili? Paano nakatulong ito sa paggawa mo ng mga pagbabago? Paano nakatulong ang balagtasan sa pagkakaroon mo ng pag-unawa sa iyong kalikasan, bayan at kapwa?

Upang malaman ko ang iyong sagot, gawin mo ang susunod na gawain.

Gawain 15: Manood, Mag-isip at Magsulat!
Panoorin at suriin mo ang mga *video*. Sagutin mo ang mga tanong sa tsart batay sa *videong* pinanood.

	Video 1	***Video 2***	***Video 3***
Mahalagang Katanungan : Paano ipinakikita sa balagtasan ang pagiging makabayan, makatao at makakalikasan nating mga Pilipino?	Balagtasan ukol sa Wika https://www.youtube.com/watch?v=XAQRNMZH-6E Naipakikita sa *video* ang pagiging . . . . . sa pamamagitan ng	Balagtasan ukol sa kung ang pag-ibig ay bulag o hindi. https://www.youtube.com/watch?v=EWZMMi50phA Naipakikita sa bidyu ang pagiging . . . . . sa pamamagitan ng	Balagtasan ukol sa kung kaya o di kaya ng mga Pilipinong magkakaisa. https://www.youtube.com/watch?v=fg0FOSfG8W0 Naipakikita sa *video* ang pagiging . . . . . sa pamamagitan ng . . . . .

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Batay sa iyong sagot sa mahalagang tanong, ano ang pagkakatulad nila sa isa't isa?
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Paano inilahad ng bawat tauhan ang kanilang pagtatalo?
   _____
   _____
   _____
   _____

3. Kumpletuhin ang pahayag sa ibaba batay sa *videong* napanood.

   Magiging mabisa ang paglalahad ng balagtasan
   _____
   _____
   _____

_____
_____

Mahalaga sa ating panitikan ang balagtasan
_____
_____
_____

Upang higit na malaman mo kung may natutuhan ka, balikan mo ang *KWL Chart* na sinagutan mo sa unang bahagi ng araling ito. Sagutin mo ngayon ang bahaging **L** na kolum.



Ngayong malalim na ang iyong pag-unawa sa araling ito, ihanda mo ang iyong sarili para gawin ang mga gawaing inihanda sa susunod na bahagi ng modyul.

PAGLILIPAT

Sa bahaging ito ng modyul, iyong ililipat ang iyong mga natutuhan sa mga nakaraang aralin. Gawin mo ang inihandang inaasahang pagganap. Inaasahan kang makapagpahayag ng iyong pagmamahal sa bayan, tao, at kalikasan.

Gawain 16: Sali-ngusap/ *Mini-task 1*

TASK

Sa gawaing ito, gagamitin mo sa isang makabuluhang pangungusap ang mga piling salita ayon sa temang hinihingi.

Salita	Tema	Pangungusap
1. Magbangon	Pagmamahal sa Bayan	
2. Kabutihan	Pagmamahal sa Kapwa	
3. pag-ingatan	Pagmamahal sa Kalikasan	
4. panatilihin	Pagmamahal sa Kalikasan	
5. karapatan	Pagmamahal sa Bayan	

Gawin ang sumunod na pamantayan sa pagsagawa ng *mini-task.*

4 puntos - Napakaayos ang pagkakagamit ng salita ayon sa temang hinihingi. Wasto ang gamit ng mga bantas.
3 puntos - Tama ang pagkakagamit ng salita ayon sa temang hinihingi at paggamit ng mga bantas.
2 puntos - Malayo sa tema ang ginamit na mga salita. May 2-3 mali sa paggamit ng mga bantas.
1 puntos - Hindi tama ang pagkakagamit ng salita. Mali-mali ang bantas na ginamit.

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Sa bahaging ito ng modyul, lubusan mong nagawa ang gawain mo sa pagbuo ng pangungusap. Madali lang ito at siguradong naunawaan mo ang araliin ukol sa pagsalungat at pagsang-ayon.
Paano nakatutulong ang ibinigay na gawain sa iyo upang matantomo ang katotohanan?

Gawain 17: Pagbuo ng Diwa

Punan mo ang patlang ng angkop na salita upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

Isa sa mga natutuhan ko ay _____.
Ang panitikan ng Pilipinas ay masyadong _____. Lalo pa itong umunlad dahil sa natutuhan ko ang _____ na siyang nagpapatingkad sa kulturang Pilipino. Sa pamamagitan nito masasalamin din _____ ng ating nakaraang panitikan na gumawa ng mga _____ tugmaan at nabibigkas nang may _____.

Malugod kitang binabati sapagkat mahusay mong nagawa ang mga inihandang gawain sa araling ito. Alam kong nais mong madagdagan ang iyong kaalaman sa kasunod na aralin tungkol sa akdang pampanitikan na sarsuwela na sadyang lumaganap noong Panahon ng Amerikano.

Aralin 2:

Panitikan: **Sarsuwela**
Wika: **Pagsang-ayon/ Pagsalungat**

Sa bahaging ito ng modyul, tatalakayin ang isa pang anyo ng panitikan na sumikat sa Panahon ng Amerikano, ang sarsuwela. Mahalagang maunawaan kung ano ang ikinaiba ng sarsuwela sa dula.

Ang sarsuwelang *Walang Sugat* ay akda ni Severino Reyes na tatalakayin sa araling ito kasabay ang pag-aaral mo sa wika ukol sa kaantasan ng pang-uri para matanto mo kung nababanaag ba sa sarsuwela ang kalagayang panlipunan sa panahon ng Amerikano. Isaalang-alang din ang mga gawain at katanungan.

TANDAAN

Ang sarsuwela ay isang dula na kakaiba sa mga dulang napapanood mo dahil ito ay may kantahan at sayawan, na mayroong isa hanggang limang kabanata, at nagpakita ng mga sitwasyon ng Pilipino na may kinalaman sa mga kuwento ng pag-ibig, galit, paghihiganti, kalupitan at kontemporaryong isyu sa lipunan at politika noong Panahon ng Kastila.

Ang sarsuwela noon ay isang paraan para maipahayag ng mga Pilipino ang kanilang damdamin at isipang makabayan, makatao at makakalikasan. Ito rin ang kanilang paraan para mailahad ang kanilang hinanakit at pakikidigmaan laban sa mga kasamaan at kalupitan ng mga dayuhan. Ang sarsuwelang “Walang Sugat” ay akda ni Severino Reyes na tatalakayin sa araling ito kasabay ang pag-aaral mo sa wika ukol sa kaantasan ng pang-uri para matanto mo kung nababanaag ba sa sarsuwela ang kalagayang panlipunan sa panahon ng Amerikano. Isaalang-alang ang gawain at katanungan.

Gawain 18: Konsepto-galing!
Gamit *Frayer's model*, ibigay ang iyong dating kaalaman ukol sa sarsuwela.



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Paano napunta ang sarsuwela sa Pilipinas?

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Bakit lumaganap nang husto ang sarsuwela sa Pilipinas noong Panahon ng Amerikano?

   _____
   _____
   _____
   _____

3. May mga nasusulat pa bang sarsuwela sa kasalukuyan? Bakit?

   _____
   _____
   _____
   _____

4. Paano mo mapapalaganap at mahihikayat ang kapwa mo na bumasa at sumulat ng sarsuwela?

_____
_____
_____
_____

5. Mababanaag ba sa sarsuwela ang kulturang Pilipino at ang pagkahilig natin sa panitikan? Pangatwiranan.

_____
_____
_____
_____

May mga inihandang mga gawain upang mapalalim ang iyong pag-unawa sa aralin. Sagutin mo ang mga gawaing lilinang sa iyong kaalaman at pag-unawa.

Gawain 19: ***Picture Analysis***
Suriin mong mabuti ang mga larawan. Ibigay kung ano ang iyong masasabi ukol dito. Sagutan ang inihandang mga tanong.

https://www.google.com/search?site=&tbm=isch&source=hp&biw=1024&bih=499&q=pictures+of+wounded+person&oq=pictures+of+wounded+person&gs_l=img.3...176.6482.0.6824.23.14.0.3.0.0.317.1888.7j4j2j1.14.0....0...1ac.1.35.img..13.10.926.z-QioUxVOWw#imgdii=_ Makikita ang mga larawan ng mga taong sugatan.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang mga nakita mo sa larawan?

_____
_____
_____
_____

2. Ano ang naramdaman mo ng makita mo ang mga ito?

_____
_____
_____
_____

3. Tutulungan mo ba sila o hahayaan na lamang?

_____
_____
_____
_____

4. Paano ka nakatutulong sa kanila?

_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Ngayong naibahagi mo na ang iyong mga kaalaman, basahin at suriin ang sarsuwelang *Walang Sugat* ni Severino Reyes.

Bago mo simulan ang aralin, nais kong ibahagi mo ang iyong dating Kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot ng *Anticipation – ReactionGuide.*

Gawain 20: ***Anticipation-Reaction Guide***

Basahin ang mga pangungusap na nakasulat sa grapikong pantulong at pagkatapos sagutan ang hanay sa BAGO NATALAKAY. Lagyan ng tsek (/) ang salita na tutugon sa iyong sagot. Ikaw ba ay sumasang-ayon o di- sumasang-ayon? Hintayin mo ang kasunod na panuto kung kailan mo sasagutan ang HANAY NG PAGKATAPOS NATALAKAY.

ANTICIPATION-REACTION GUIDE

Bago Natalakay		**Mga Pahayag**	**Pagkatapos na Natalakay**	
Sumasang-ayon	Di-sumasang-ayon		Sumasang-ayon	Di-sumasang-ayon
		Tumatalakay ang sarsuwela sa kontemporaryongisyung panlipunan at pag-ibig.		
		Naging tanyag ang sarsuwela kahit noon pa man sa panahon ng ating mga katutubo.		
		Hindi na itinatanganghal ang sarsuwela sa kasalukuyan.		
		Ito ay binubuo ng isa hanggang limang kabanata.		
		Ang mga bida at kontrabida ay nakikilala sa pamamagitan ng kanilang pananamit.		
		Mayroong sayawan at awitang patula ang paglalahad nito.		
		Ang pandiwa ay bahagi ng pananalita na nagsasaad ng kilos.		
		Ang aspektong kontemplatibo nagsasaad na ang kilos ay patuloy na ginagawa.		
		Mayroong tatlong aspekto ang pandiwa.		

		Ang aspekto ng pandiwa ang nagsasabi kung kailan ginawa ang kilos.		

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang layunin mo sa araling ito ay matutuhan at maunawaan kung ano ang sarsuwela at ang gramatika ukol sa kaantasan ng pang-uri.
Bago mo ito maisagawa, kilalanin mo munang kilalalanin si Severino Reyes ang may-akda ng *Walang Sugat.*

TANDAAN

Si **Severino Reyes**, mas kilala bilang **Lola Basyang**, ay itinuturing na Ama ng Sarsuwela. Isa siyang mahusay na direktor at manunulat ng dula.

Ipinanganak siya noong ika-11 Pebrero, 1861 sa Santa Cruz, Maynila at supling nina Rufino Reyes, isang iskultor, at ni Andrea Rivera. Siya ay ikinasal kay Maria Paz Puato at biniyayaan ng 17 anak. Sinimulan niya ang kanyang pag-aaral sa Catalino Sanchez, tinapos ang kanyang hayskul at batsilyer sa sining sa Colegio de San Juan de Letran, at kumuha rin ng kurso sa Unibersidad ng Santo Tomas.

Nang itinatag ang *Liwayway* noong 1923, si Reyes ang naging unang patnugot nito. Siya rin ay nagsilbing pangulo ng Aklatang Bayan at ginawang kasapi ng Ilaw at Panitik, kapwa mga samahan ng mga manunulat.

Sa edad na 41, si Reyes ay nagsimulang magsulat ng mga dula. Ang *R.I.P.*, noong 1902 ang una niyang dula. Sa parehong taon, isinulat niya ang *Walang Sugat* (Not Wounded), na masasabing isa sa mga pinakakilala niyang akda. Ang *Walang Sugat* din ay naging simula ng ginintuang panahon ng sarsuwela sa bansa.

Noong 1902 itinatag niya ang *Gran Compañia de la Zarzuela Tagala* upang maitanghal ang kanyang mga dula sa mga teatro sa Maynila pati na rin sa mga entablado sa mga kalapit probinsiya.

Ang mga dula ni Reyes ay naisapelikula rin, tulad ng *Walang Sugat* noong 1939 at 1957; at *Minda Mora* noong 1929.

Kinalaunan, si Reyes ay naging kilala sa mga kuwentong isinulat niya tungkol kay *Lola Basyang*. Nagsimula ang *Lola Basyang* noong siya ay naging

punong-patnugot sa *Liwayway*. Nang sinabihan siya ng kanyang mga patnugot na wala ng natitirang materyales upang punuin ang isang maliit na espasyo sa isang pahina ng magasin, kinailangan niyang magsulat ng isang kuwento upang umabot sa takdang oras. Matapos na maisulat ang kuwento, nag-isip siya ng ibang pangalan na maaaring ilagay bilang may-akda ng istoryang ito. Naalala niya ang matandang babae na kapitbahay ng kanyang kaibigan sa Quiapo, Maynila. Ang pangalan ng babae ay Gervacia Guzman de Zamora o mas kilala sa Tandang Basyang. Tuwing alas-4 ng hapon, magsasama-sama ang mga kabataan sa kanilang lugar at makikinig sa mga kuwento ni Tandang Basyang. Kaya naman, matapos nito, ang mga kwento na sinusulat ni Reyes ay may pirma na *Lola Basyang*. Unang nailathala ang kwento ni *Lola Basyang* sa Liwayway noong 1925.

Mula sa: *http://fil.wikipilipinas.org/index.php?title=Severino_Reyes*

Isa sa mga natatanging pagtatanghal noon ay ang sarsuwela. Halika't panoorin mo ang isang bahagi ng pagtatanghal ng sarsuwela para malaman mo kung paano ito ginagawa.

I-klik lamang ang *link* sa ibaba:
https://www.youtube.com/watch?v=kxYLeXEdFY0 bahagi ng isang sarsuwela ang mapanonood dito.

TANDAAN

Ang **sarsuwela** ay isang dulang may kantahan at sayawan, na mayroong isa hanggang limang kabanata, at nagpapakita ng mga sitwasyon ng Pilipino na may kinalaman sa mga kuwento ng pag- ibig at kontemporaryong isyu. Ito rin ay tinatawag na *zarzuela*, *sarsuela, dulang inawitan, dulang hinonihan, drama-lirico* at *operetta.*

Kasaysayan

Dumating ito sa Maynila noong 1879 o 1880 na may pagtatanghal ng *Jugar con Fuego* (*Play with Fire*) ng grupo ni Dario de Cespedes. Sa mga sumunod na taon, marami pang mga grupo ang dumating sa bansa na nagdulot ng inspirasyon sa mga Pilipino upang gumawa ng sarili nilang orihinal na sarsuwela sa wikang Tagalog, Pampango, Ilokano, Cebuano, Ilongo at Waray.

Ang *An Pagtabang ni San Miguel* ang unang sarsuwela sa Waray, na may iskrip at musika ni Norberto Romualdez. Ang *Ing Managpe* naman ni Mariano Proceso Pabalan Byron ang unang sarsuwela sa Kapampangan.

Tema

Ang sarsuwela ay maaaring maglarawan ng mga tema nang pagmamahal sa bayan sa Panahon ng Rebolusyon, tulad ng *Walang Sugat* (*Not Wounded*), 1902 ni Severino Reyes; panlilibak sa mga kahinaan ng pagkatao ng mga Pilipino, tulad ng *Paglipas ng Dilim* (*After the Darkness*), 1920; pagtuligsa sa mga baluktot na gawain, tulad ng mataas na interes sa pautang, sa *Bunganga ng Pating (At the Mercy of the Sharks*), 1921; at paglalahad ng isang nakawiwiling kuwento ng pag-ibig, gaya ng *Anak ng Dagat* (*Child of the Sea*), 1921 at *Dalagang Bukid*(*Country Maiden*),1919.

Pagtatanghal

Magmula pa noong sinaunang dekada ng ika-20 na siglo hanggang sa kasalukuyan, ang sarsuwela ay itinatanghal na ng mga komersyal na grupo sa mga teatro sa malalaking siyudad tulad ng Maynila, Iloilo at Cebu at sa mga entablado sa mga rural na lugar tuwing may kapistahan.

Mga pininturahang telon ang nagtatakda ng tagpo sa bawat eksena. Nakikilala naman ang bida at kontrabida sa pamamagitan ng kanilang pag-arte at pananamit. Isang maliit o malaking orkestra ang sumasabay sa mga kanta, na karaniwang isinasama ang kundiman, balitaw, balse, danza, *fox-trot* at kung anumang sikat sa naturang panahon. Isang pangkalahatang direktor ang nagsasanay sa mga aktor at nakikipag-ugnayan sa direktor ng musika, na kumukumpas ng orkestra; *maestro del coro* (*choir master*), na nagsasanay sa pag-awit ng mga aktor;*tramoista* (*technician*), na gumagawa ng mga telon at *props*; *electricista* na nangangalaga sa ilaw na gagamitin sa sarsuwela; apuntador *(prompter*) na nagdidikta mula sa *concha* (*shell*) sa harap ng entablado; at ang iba pang mga tauhan na kasama sa pagtatanghal.

Mula sa: http://fil.wikipilipinas.org/index.php?title=Sarsuwela

Gawain 21: Konsepto-lista

Punan ang balangkas ng konsepto batay sa impormasyong nakalap mo ukol sa sarsuwela. Pagkatapos mong magawa ito ipadala sa *e-mail* ng iyong guro.

_____
(Panitikan)

I. Kahulugan
   A. Katawagan : _____
   B. Konsepto : _____
   _____

II. Kaligiran Kasaysayan :

_____
_____
_____
_____
_____

III. Tanyag na mga Sarsuwela :

_____
_____
_____
_____

IV. Elemento sa Pagtatanghal :

_____
_____
_____
_____
_____

V. Tema :

_____
_____
_____
_____

Gawain 22: Salita-Pares
Hanapin sa loob ng kahon ang pares ng mga salitang magkasingkahulugan.
Ang unang halimbawa ay ginawa na para sa iyo.

luray-luray	himutok
nilalit	kinaawaan
lilo	pagpamudmod
taksil	kutyain

sira-sira	hinagpis
kinahabagan	rasyon
pinaturno	tuyain

1. tuyain kutyain
2. _____ _____
3. _____ _____
4. _____ _____
5. _____ _____
6. _____ _____
7. _____ _____

Upang lubos maunawaan ang sarsuwelang *Walang Sugat*, panoorin at basahin mo ito.

I-klik ang *link* na ito upang mapanood ang *video* ng *Walang Sugat* ni Severino Reyes:

https://www.youtube.com/watch?v=-kxFEnA6FvY&index=1&list=PL4F1BAF1AB0AD00F8

Mapapanood dito ang pag-iibigan ng magkasintahang Julia at Tenyong

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Anong gustong ihandog ni Julia kay Tenyong?

_____

_____

_____

_____

2. Anong naramdaman ni Tenyong noong nakita niyang may itinatago si Julia sa kanya?

_____
_____
_____
_____
_____

3. Bakit siya nakaramdam ng selos?

_____
_____
_____
_____

_____

4. Anong sumpaan ang ipinangako ng magkasintahan sa bawat isa?

_____
_____
_____
_____
_____

Mapapanood naman sa *link* na ito ang malubhang kalagayan ng ama ni Tenyong na sinapit sa kamay ng mga Kastila:

https://www.youtube.com/watch?v=SpZVnxly__Q&index=2&list=PL4F1BAF1AB0AD00

Sagutin mo ang mga inihandang tanong.

1. Ano ang nangyari sa ama ni Tenyong?

_____
__
_____
_____
_____
_____
_____
_____

2. Sino ang sinisisi ni Tenyong sa kalagayan ng ama?
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Ano ang nasa isipan ni Tenyong sa panahong iyon?
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

I-klik ang *video link* sa ibaba. Ipinapakita sa *video* ang ilan sa mga pang-aapi at karahasang naranasan ng mga Pilipino noong kapanahunan ng Kastila.
https://www.youtube.com/watch?v=83vOnCPvnAU&list=PL4F1BAF1AB0AD00F8&index=3

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang ilan sa mga pang-aaping naranasan ng mga Pilipino noon?
_____
_____
_____
_____

_____
_____

2. Dahil sa mga kaganapang ito, ano ang naging epekto nito sa mga Pilipino?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

I-klik ang *video link* sa ibaba na nagpapakita ng pangungulila ni Tenyong sa kanyang magulang.
https://www.youtube.com/watch?v=hmtowDKQZg8&index=4&list=PL4F1BAF1AB0AD00F8

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Dahil sa pangungulilang naramdaman ni Tenyong, ano ang ipinagdasal niya sa Diyos na mangyayari sa kanya?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

2. Bakit ganoon na lamang katindi ang pangungulila ni Tenyong sa pagkawala ng kanyang magulang?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

I-klik ang *link* sa ibaba upang mapanood ang sorpresang duguang pagdating ni Tenyong sa kasal ni Julia sa simbahan.
https://www.youtube.com/watch?v=Yqt3sxrhb0Y&index=5&list=PL4F1BAF1AB0AD00F8

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Paano dumating si Tenyong sa kasal nina Julia at Don Miguel?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Anong sumpang ipinangako ni Jullia kay Tenyong?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

I-klik ang *link* sa ibaba upang mapanood ang *video* tungkol sa pagbubunyag sa totoong kalagayan ni Tenyong.
https://www.youtube.com/watch?v=m48-VkluZw&list=PL4F1AB0AD00F8&index=7

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Anong pangako ang ibig sabihin ng pari?

   _____
   _____
   _____
   _____

_____
_____

2. Anong lihim ang nabunyag sa totoong kalagayan ni Tenyong?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Bakit pinamagatang *Walang Sugat* ang sarsuwelang ito? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____
_____
_____

Napanood mo ang ilang bahagi ng sarsuwelang *Walang Sugat.* Nakita mo kung paano ito itinatanghal. Kung di mo nais mapanood ang *video*, mababasa mo ang sarsuwelang *Walang Sugat* sa pamamagitan ng pag-klik ng *video link* sa ibaba.

I-klik ang *link* sa ibaba upang mabasa ang sarsuwelang *Walang Sugat.*
http://www.wattpad.com/7800070-walang-sugat-ni-severino-reyes

Nagustuhan mo ba ang binasa o napanood mong sarsuwela? Mas lubos mo pa itong maintindihan at maunawaan kung babalikan mong muli ang nilalaman nito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong at paggawa ng mga sumusunod na gawain.

Gawain 23: Pagsusuri ng Teksto

Mula sa binasang sarsuwelang *Walang Sugat*, sagutin mo ang mga inihandang tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

A. Nilalaman ng Akda

1. Ano ang binuburdahan ni Juli?

_____
_____
_____
_____

2. Bakit ayaw niyang malaman ni Tenyong ang panyong ito ay para sa kanya?

_____
_____
_____
_____

3. Sino ang nagpadakip sa tatay ni Tenyong?

_____
_____
_____
_____

4. Bakit siya dinakip?

_____
_____
_____
_____

_____
_____

5. Ano-ano ang mga naranasan niya habang siya ay nasa loob ng kulungan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

6. Kung ikaw si Julia, papayag ka ba sa gusto ng iyong nanay? Bakit?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

B. Anyo at Nilalaman ng Sarsuwela

7. Paano isinusulat ang sarsuwela?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

8. Batay sa iyong nabasang sarsuwela, paano mo ito nasabi na ang akdang binasa ay isang sarsuwela? Ibigay ang katangian nito.

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

9. Paano nagkaiba ang sarsuwela sa iba pang akda tulad ng maikling kuwento at nobela? Ipaliwanag ang sagot.

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

10. Paano nakatugon ang sarsuwela sa usaping makabayan ng mga tao noon?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

11. Ano ang kadalasang tema noon ang ginamit sa paggawa ng sarsuwela?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

12. Paano natin mapanatiling buhay ang sarsuwela at ang iba pang dulang pantanghalan bilang bahagi ng ating kultura?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

13. Sa iyong palagay, bakit sa kasalukuyan ay hindi na gaanong nakagagawa ang ating mga manunulat ng sarsuwela?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Gawain 24: Hagdan-hagdang Kuwento

Gamit ang hagdan upang pagsunud-sunurin ang kabuuan ng mga pangyayari sa kuwentong binasa. Isulat ang inyong sagot sa hagdan. Isulat lamang ang 1 sa unang bahagi ng hagdan bilang unang pangyayari at 10 bilang huling pangyayari.



1. Namatay si kapitan Inggo sa sobrang tadtad ng bugbog sa katawan.
2. Dumating si Tenyong sa araw ng kasal.
3. Ipinagkasundo si Julia ng nanay niya na maikasal kay Miguel.
4. Nagpadala si Julia ng liham kay Tenyong na siya ikakasal na kay Miguel at binalita niya rin ang pagkamatay ng kanyang ina na si Kapitana Putin.
5. Bumangon si Tenyong pagkatapos ng kasal at ang lahat ay sumigaw ng "Walang Sugat ".
6. Nagtangkang tumakas si Julia para puntahan si Tenyong.
7. Sumama si Tenyong sa mga kalalakihan upang ipaghiganti ang Inang Bayan.
8. Nagpunta si Tenyong sa bahay ni Julia upang manligaw.

9. Nagpaalaman ang magkasintahan at nangakong hihintayin nila ang isa't isa.
10. Dinakip si Kapitan Inggo ng mga boluntaryo ng Sta. Maria at pinagpapalo nang husto sa loob ng kulungan.

Subukan Mo Pa!

1. Sa pamamagitan ng sarsuwelang binasa, paano ipinakita ang pagmamahal at pag-unawa sa kalagayan ng bayan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

2. Anong uri ng pagmamahalan ang ipinakita nina Julia at Tenyong? Magbigay ng patunay sa pamamagitan ng pagdadag ng linya o saknong mula sa iyong nabasa.

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Ano ang nais ipahiwatig ng sumusunod na linyang sinabi nina Julia at Temyong?

Ang larawang ito'y aking isasabit sa tapat ng puso'y huwag iwawaglit at sa mga digma, kung siya'y masambit ipagtatanggol ka sa mga panganib. Kung saka-sakaling irog ko'y masaktan, pahatid ka nga agad sa aking kandungan. Ang mga sugat mo'y huhugasan ng masaganang luhang sa mata'y nunukal.

_____
_____
_____
_____

_____
_____

"Ang ina natin ay nangangailangan ng tunay na pagdamay. Dito sa dibdib ko'y tumimo ang nakalulunod niyang himutok, ang nakapanglulunos niyang himutok, ang nakapanlulumo niyang daing: 'mga anak ko' aniya, 'ngayo'y kapanahunang ako'y ibangon na ninyo sa pagkalugami…"

_____
_____
_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Sa bahaging ito ng modyul, binigyang-pansin sa sarsuwelang binasa ang tungkol sa wagas na pagmamahalan ng dalawag taong umiibigat ang pagmamahal sa bayan.

Balikan mo ang mga ginawa mong gawain. Ano ang mga pagbabagong natuklasan mo? May mga pagbabago bang dapat isaalang-alang? Anong bagong kaalaman sa pagkatuto ang nais mo pang matamo?

Alam mo na ang mga mahalagang kaisipan ukol sa paksa, tuklasin pa natinn ang iba pang kaalaman.

PAGPAPALALIM

Sa bahaging ito ng aralin, mapapalawak mo ang iyong kaalaman sa mga mahahalagang tanong ukol sa iba pang aspekto ng paksa. Sapamamagitan ng mga nakalaang gawain, higit pang mapupunuan ang iyong kaisipan. Kaya, ano pa ang iyong hinihintay? Simulang sagutiin ang mga inihandang gawain.

Sagutin mo ang mg tanong.

1. Ano ang sarsuwela?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

2. Bakit lubos ang pagkagiliw ng mga Pilipino ng sarsuwela noong Panahon ng Amerikano?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. May nababasa ka pa bang sarsuwela ngayon? Paano nagkakaiba ang sarsuwela sa iba pang uri ng akdang pampanitikan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

4. Paano mo mapahahalagahan at mapalaganap ang sarsuwela bilang bahagi ng panitikang Pilipino?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

5. Paano nakatutulong ang sarsuwela sa pagpapayabong ng ating panitikan bilang bahagi ng ating kultura?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

6. Ano-ano ang mga kultura at kalagayang panlipunan ang makikita sa sarsuwelang *Walang Sugat* ?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

Gawain 25: *Venn Diagram*

Bilang isang dalagang Pilipina tulad ni Julia, paano mo maihahambing ang kaugalian mo sa kanyang kaugalian? Ano- ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ninyo? Ilagay ang iyong sagot sa *Venn Diagram.*



Sa mga gawaing iyong sinagutan, nagpapakita ito ng mga patunay na malaki ang impluwensiya ng pagbabago sa paghubog ng ating lipunan at sa mga sangkatauhan.

Sagutin ang mga tanong ukol sa napag-aralang aralin sa sarsuwela at balagtasan sa pamamagitan ng isang grapikong pantulong.

Ano ang pagkakaiba ng sarsuwela at balagtasan?



Gawain 26: **Ibigay ang Hilig!**

Gumawa ka ng isang halimbawa ng balagtasan ukol sa kalikasan at isang sarsuwela na tumatalakay sa iyong pagmamahal sa iyong bansa. Pagkatapos mong gawin ito, ipadala mo ito sa *e- rmail* ng iyong guro at i-*post* mo ito sa iyong *facebook.* Hayaan mong magbigay ng komento ang iyong mag kaibigan at kakilala. Malay mo, dahil sa ginawa mo ay makilala sa iyong paaralan kung hindi man sa buong Pilipinas. Ipaskil ang link na iyong ginawa sa discussion board sa ibaba.



Discussion board

Sa nakaraang aralin, napag-aralan mo ang tungkol sa panitikan: balagtasan at sarsuwela. Ngayon naman. Bigyang-pansin ang tungkol sa wika: ang aspekto ng pandiwa.

TANDAAN

Bahagi ng pananalita ang pandiwa. Nagsasaad ito ng kilos o galaw. Nababanghay ito sa tatlong aspekto na tumutukoy sa panahong ikinagaganap, ikagaganap, o ikinagaganap.

Gawain 27: 4-PICS

Tingnan ang larawan sa ibaba. Maglista ng apat na pandiwa na maaari mong ilapat sa larawan.

shutterstock
www.shutterstock.com · 57557839

_____ _____
_____ _____
_____ _____
_____ _____

_____ _____
_____ _____
_____ _____
_____ _____

http://www.picturesof.net/. Makikita dito ang iba't ibang larawan na nagsasaad ng kilos.

TANDAAN

May tatlong aspekto ang pandiwa. Ito ang mga sumusunod:

1. **Aspektong PERPEKTIBO o naganap** - nagsasaad ng kilos na nasimulan na o
   ng kalagayang nangyari na.

Halimbawa:
- *Binantayan* ng mama ang babae sa kanto.
- *Sinugod* ng mga magsasaka ang bahay ng kanilang mayor.

2. **Aspektong IMPERPEKTIBO o nagaganap** - nagsasaad ng kilos na ginagawa sa kasalukuyan o ng kilos na palagiang ginagawa.

Halimbawa:
- *Binabantayan* ng mama ang babae sa kanto.
- Ang pamahalaan ay *hinahamon* ng mga mamamayan na gampanan ang kanilang tungkulin.

3. **Aspektong KONTEMPLATIBO** o **magaganap**- nagpapahayag ng kilos na gagawin o mangyayari pa lamang.

   Halimbawa:
   - *Babantayan* ng mama ang babae sa kanto mamaya.
   - Ang mga kabataan ay bukas na *bibigyan* ng pagkakataon ng punongguro.

Gawain 28: Isulat Mo, O Aking Pandiwa!

Balikan muli ang sarsuwelang iyong binasa. Suriing mabuti ang mga pandiwang ginamit. Hanapin sa loob ng akda ang mga pandiwa ayon sa tatlong aspekto nito. Isulat sa loob ng bawat kahon ang buong pahayag.



Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Sa bahaging ito ng modyul, napalalim ang iyong pag-unawa sa panitikan at wika. Subukan mong sagutin ang inihandang gawain sa pagpapalalim ng iyong kaalaman sa sarsuwela.

Gawain 29: May Lihim na Pagtingin

Sagutin ang mga sumusunod na pahayag. Lagyan ng masayang mukha ☺ kung sa palagay mo ang pahayag ay nagsasabi tungkol sa sarsuwela. Malalaman mo ang iyong sagot kapag na isumite mo na ito sa iyong guro.

Pahayag	Sagot
1. Ang lahat na maikling kwento ay maituturing na sarsuwela.	
2. Sa pamamagitan ng sarsuwela ay naipahahayag ng ating mga ninuno ang kanilang damdamin, saloobin at kaisipan sa mga pang-aaping naranasan nila noong panahon ng Kastila.	
3. Mas naging kawili-wili ang sarsuwela ngayon kaysa noon dahil mas marami na tayong makabagong teknolohiya na magagamit.	
4. Basta't may sayawan at awitan ay maituturing na nating sarsuwela.	
5. Kahit anong tema ay maaaring gawan ng sarsuwela.	
6. Kahit saan lamang naipakikita o itinatanghal ang sarsuwela.	
7. Napukaw ang damdaming makabayan natin dahil sa pagdating ng sarsuwela sa bansa.	

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-anong mga bagay ang iyong natuklasan ukol sa sarsuwela?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Nakatulong ba ito sa iyo para manumbalik ang iyong damdaming makabayan?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

3. Bilang isang batang mag-aaral sa ikawalong baitang, paano ka makatutulong para muling manumbalik ang interes ninyong mga kabataan na muling ibalik ang pagtatanghal ng sarsuwela?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

Sa araling ito, natutuhan mo ang sarsuwela at pandiwa na gumabay sa iyo upang lubusan mong maintindihan ang aralin.

Ano-ano ang mga natanto mo sa bahagi ng araling ito? May mga pagbabago ba itong nagawa sa iyong pag-unawa? Paano mo nagawa ang mga pagbabagong ito? Malalaman mo ang kasagutan sa *Anticipation-Reaction Guide.*

Gawain 30: ***Anticipation – Reaction Guide***

Basahin ang mga pangungusap na nakasulat sa grapikong pantulong. Pagkatapos ay sagutan ang hanay sa PAGKATAPOS TALAKAYIN. Lagyan ng tsek (/) ang salitang tutugon sa iyong sagot. Ikaw ba ay sumasang-ayon o di- sumasang-ayon?

ANTICIPATION-REACTION GUIDE

Bago Natalakay		**Mga Pahayag**	**Pagkatapos Talakayin**	
Suma-sang-ayon	**Di-suma-sang-ayon**		**Suma-sang-ayon**	**Di-suma-sang-ayon**
		Ang sarsuwela ay tumatalakay sa kontemporaryongisyung panlipunan at pag-ibig.		
		Naging tanyag ang sarsuwela kahit noon pa man sa panahon ng ating mga katutubo.		
		Hindi na itinatanganghal ang sarsuwela sa kasalukuyan.		
		Ito ay binubuo ng isa hanggang limang kabanata.		
		Ang mga bida at kontrabida ay nakikila sa pamamagitan ng kanilang pananamit.		
		Mayroong sayawan at awitan na patula ang paglalahad nito.		
		Ang pandiwa ay bahagi ng pananalita na nagsasaad ng kilos.		
		Ang aspektong kontemplatibo nagsasaad na ang kilos ay patuloy na ginagawa.		

		Mayroong tatlong aspekto ang pandiwa.		
		Ang aspekto ng pandiwa ang nagsasabi kung kailan ginawa ang kilos.		

Ngayong marami at malalim na ang iyong kaalaman sa araling ito, Handa ka na ngayon upang gawin ang inaasahang pagganap.

PAGLILIPAT

Tingnan natin kung gaano kalawak ang iyong natutuhan sa araling tinalakay.

Gawin ang *mini-task* na inihanda sa araling ito.

TASK

Magbigay ng dalawang pandiwa sa bawat aspekto na tutugma sa mga ibinigay na pandiwa. Isulat ang iyong sagot sa www.read.write.think.com.

Ipadala ito sa *e-mail* ng iyong guro. Ang gawaing ito ay makatutulong sa iyo sa paggawa mo ng inaasahang pagganap sa huling bahagi ng modyul.

Pamatayan sa pagbigay ng puntos.

4 puntos - Ang dalawang pandiwang ibinigay ay may tugmaan.
3 puntos - Isa sa mga pandiwang ibinigay ay malinaw na may tugmaan, ang isa ay hindi.
2 puntos - Nakapagbigay ng mga halimbawa ng pandiwa ngunit hindi malinaw ang tugmaan nito.
1 puntos - Nakapagbigay ng halimbawa ng tugmaan ngunit hindi pandiwa ang ibinigay na salita.

1. Kinupit → _____
_____

2. Dinurog → _____
_____

3. Nagdadalamhati → _____
_____

4. Namimihasa → _____
_____

5. Babalutin → _____
_____

6. Mamimilipit → _____
_____

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-anong mga aspekto ng pandiwa ang iyong natutuhan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

2. Paano nagkakaiba ang bawat aspekto?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Paano nakatutulong ang aspekto ng pandiwa sa pagkakaroon natin ng pag-unawa sa mga panitikang tumatalakay sa pagmamahal sa bayan, tao at kalikasan?

_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Paano mo naisagawa ang mini-task 2? Paano ito nakatulong sa iyo upang makita mo ang tunay na kaugnayan nito sa iyong ginawa?

Gawain 32: Magtseklist Tayo!

Lagyan ng tsek (√) ang mga aralin na iyong nakuha o ekis (x) kapag hindi naman nakuha o natalakay.

	Natalakay o hindi natalakay
1. Kaligirang kasaysay ng sarsuwela	
2. Nakapanood at natalakay ang isang sarsuwela	
3. Napaghahambing ang sarsuwela at balagtasan bilang isang panitikan	
4. Nakagawa ng isang halimbawa ng balagtasan at sarsuwela	
5. Natalakay ang pandiwa at ang aspekto nito	
6. Nakapagbigay at nagagamit ang pandiwa sa tamang aspekto	
7. Nakapagbigay ng halimbawa ng mga salitang tugmaan	

Binabati kita! Natapos mo ang mga gawaing ibinigay sa iyo sa Aralin 1. Batid kong lalo ka pang nananabik na gawin ang Aralin 2.

Aralin 2.2: Panitikan sa Panahon ng Komowelt

2.2.1.a Panitikan: Sanaysay: Talumpati/Wikang Pambansa
2.2.1.b Wika: Iba't ibang paraan ng Pagpapahayag
2.2.2a Panitikan: Maikling Kuwento : "Lupang Tinubuan" ni Narciso G. Reyes
2.2.2b. Wika: Kayarian ng Pang-uri

Panimula at Pokus na mga Tanong

Kumusta ka na? Nagagalak ako at matagumpay mong naisagawa ang lahat ng gawain at pagsasanay sa Unang Aralin. Malugod kitang binabati. Sa bagong aralin, tutuklasin natin ang panitikan sa Panahon ng Komonwelt.

Sumaksi ang Panahon ng Komomwelt sa isang mahalagang yugtong nagpasigla sa kilusang pampanitikan. Ang mga manunulat ay nahati sa sa tatlong pangunahing wika ng bansa - Ingles, Kastila at Tagalog - ay nabuklod sa diwa ng pag-uunawaan at kooperasyon sa pamamagitan ng *Philippine Writers' League*. Ang *Philippine Writers' League* ang timpalak-Panitikan ng Malasariling Pamahalaan o ang *Commonwealth Literary Award*; itinatag ito ni Pangulong Manuel L. Quezon noong Marso 25, 1939 bilang tugon sa mga hakbangin ng *League* na magkaroon ng kaganapan ang isinasaad ng Konstitusyon tungkol sa pagpapasigla ng panitikang Pilipino.

Marahil ay maitatanong mo sa iyong sarili kung ang panitikan ba sa panahong ito ay nagpatuloy sa pag-unlad dahil ang ating bansa ay nakawala na sa pananakop ng mga Amerikano. Mahalaga ba ang mga manunulat sa Panahon ng Komonwelt? Sa tulong ng mga gawaing inihanda, malalaman mo ang kasagutan sa mahalagang tanong na ito.

Sa modyul na ito, malalaman mo ang iba pang panitikang napatanyag sa panahong ito partikular na ang sanaysay (talumpati) at maikling kuwento. Tatalakayin din sa araling ito ang gramatika/ retorika ukol sa Iba't ibang paraan ng pagpapahayag at kayarian ng pang-uri. Inaasahang mula sa iyo na makagagawa ka ng isang tula gamit ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag.

PAGTUKLAS

Simulan natin ang pagtalakay ng modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong sa *Anticipated-Reaction Guide*. Ito ay tungkol sa wika, kultura, at pambansang kasarinlan.

Basahin ang mga pangungusap sa gitnang bahagi ng mga kolum sa ibaba. Lagyan ng markang tsek (√) ang kaliwang kolum kung suma-sang-ayon ka. Hintayin mo ang ibibigay na hudyat ng guro kung kailan sasagutan ang kanang bahagi ng tsart.

Gawain 33: ***Anticipation Reaction Guide***

Anticipation Reaction Guide

Bago ang Talakayan	Pahayag	Pagkatapos ng Talakayan
	1. Ang sanaysay at ang talumpati ay magkakaugnay. Ang pagkakaiba lamang ay isinusulat ang sanaysay na patalumpati at binibigkass ang talumpati.	
	2. May dalawang uri ang sanaysay.	
	3. Si Manuel L. Quezon ang unang gumawa ng talumpati noong Panahon ng Komonwelt.	
	4. Ayon kay Manuel L. Quezon, mahalaga ang wika sa bawat bansa.	
	5. Isa sa mga paraan ng pagpapahayag ay ang paglalarawan.	
	6. Ang pagsasalaysay ay isang paraan ng pagpapahayag. Ito rin ang sinasabing pinaka-matandang uri ng pagpapahayag sapagkat dito nagsimula ang alamat, epiko at mga kuwentong bayan.	
	7. Ang paglalahad ay hindi uri ng pagpapahayag	

	ngunit ito ay isang bahagi lamang ng pangangatwiran.	
	8. Ang maikling kuwento ay isa sa masining na anyo ng panitikan na tulad ng nobela at tula.	
	9. Ang pang-uri ay bahagi ng pananalita na naglalarawan sa pandiwa, pang-abay at kapwa pang- uri.	
	10. Ang tambalang anyo ng pang-uri ay binubuo ng dalawang salitang-ugat para makabuo ng panibagong salita at kahulugan.	

Gawain 34: Bayan Mo! Tuklasin Mo!

Pansinin ang mapa ng ating bansa. Alam mo ba na ang Pilipinas ay binubuo ng 7,107 na mga isla? Na may tatlong malalaking kapuluan? Na may iba't ibang pangkat-etniko? Naisip mo rin ba kung paano tayo nagkakabuklod-buklod at nagkakaintindihan sa halip ng pagkakaroon natin ng maraming diyalekto?



Sagutin mo ang mga tanong.

Sagutin ang mga tanong batay sa mapang ibinigay. Isulat ang inyong sagot sa *discussion board box* at i-klik ang isumite.

1. Ano ang kadahilan ng pagkakaroon natin ng maraming diyalekto?

2. Ano ang mga suliraning kinaharap ng mga ninuno natin sa pagkakaroon natin ng maraming diyalekto?

3. Sa palagay mo kaya sa karamihan ng pulo natin sa Pilipinas, paano napagbuklod-buklod ng wika ang ating kalayaan?

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Natutuhan mo na ngayon ang kadahilanan kung bakit kailangan nating magkaroon ng sariling wikang pagbabatayan. Subukin mo ngayon ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagawa ng iba pang gawain sa mga kasunod na bahagi ng ating aralin.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang layunin mo sa bahaging ito ng aralin ay matutuhan at maunawaan mo ang kahalagahan ng pagkakaroon ng wikang pambansa. Mababasa mo rito ang isang halimbawa ng sanaysay na siyang magbibigay sa iyo ng ideya kung paano tayong mga Pilipino ay nagkaroon ng sariling wikang pambansa.

Basahin ang mga sumusunod na nilalalam ng aralin at sagutin mo ang mga tanong na inihanda.

Gawain 35: Paghahawan ng Sagabal

Bigyan ng kahulugan ang mga salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng kasingkahulugan. Pagdugtungin ang kahulugan ng mga salita mula sa Hanay A at Hanay B. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa patlang.

Hanay A	Hanay B
1. Natagalang umuwi ang mga ***katutubo*** sa kanilang bahay dahil sa matinding pagbaha	A. Problema; pagsubok ng kakayahan at katibayan ng isang pagkatao
2. Ang ating bansa ay maraming ***suliraning*** kinaharap mula pa noon hanggang sa kasalukuyan.	B. Tagapagpapaliwanag at pagpapaunawa ay isang gawaing pangkaisipan upang matugunan ang pakikipag-ugnayang ginagamit ng pananalita o mga hudyat o senyas ng kamay.
2. Hindi na nanalo ang aming kalahok sa Bb. Pilipinas dahil ang aming ***tagapagsalin*** ay hindi magaling.	C. Kabuti-butihan
4. Ang ***pinakamainam*** mong gawin ay hayaan lamang ang batang iyan para matuto siya sa buhay na kanyang kinahaharap.	D. Magaling na eksperto
5. May dumating na ***dalubhasa*** sa kanilang barangay para gamutin ang mga maysakit.	E. Sinauna; likas

Tatalakayin sa bahaging ito ng modyul ang tungkol sa sanaysay na magbibigay-daan sa iyo tungo sa akdang babasahin noong kapanahunan ng Komonwelt.

TANDAAN

Ang sanaysay ayon kay Alejandrdo G. Abadilla ay “nakasulat na karanasan ng isang *sanay* sa *pagsasalaysay*.” Ang sanaysay ay nagmula sa dalawang salita: ang sanay at pagsasalaysay. Ito ang panitikang tuluyan na naglalahad ng kurokuro, damdamin, kaisipan,

saloobin, reaksyon at iba pa ng manunulat hinggil sa isang makabuluhan, mahalaga at napapanahong paksa o isyu.

Mahalaga ang pagsusulat at pagbabasa ng sanaysay sapagkat natututo ang mambabasa mula sa inilahad na kaalaman at kaisipang taglay ng isang manunulat. Nakikilala rin ng mambabasa ang manunulat dahil sa paraan ng pagkasulat nito, sa paggamit ng salita at sa lawak ng kaalaman sa paksa.

Uri ng Sanaysay

- Pormal – sanaysay na tumatalakay sa mga seryosong paksa at nangangailangan ng masususing pag-aaral at malalim na pagkaunawa sa paksa; inaakay ng manunulat ang mambabasa sa malalim na pag-iisip upang makabuo ng sariling pagpapasya at kumilos pagkatapos.

- Di-Pormal – sanaysay na tumatalakay ng mga paksang magaan, karaniwan, pang-araw-araw at personal; binibigyang-diin ng manunulat ang mga bagay-bagay, mga karanasan o isyung maaaring magpakilala ng personalidad ng manunulat o pakikisangkot niya sa mga mambabasa.

Mga Katangiang Dapat Taglayin ng Isang Mabuting Mananaysay

- May malawak na kaalaman o karanasan sa paksa
- Nagagamit ang wika nang wasto at mabisa
- Nakapipili ng mabuti at mabisang estilo ng paglalahad ng ideya
- Malinaw at hindi matipid sa pagpapaliwanag ng kaisipan at kaalaman ukol sa paksa.
- May kakayahang pumukaw o manghikayat ng mambabasa

Maaari ring i-klik ang *link* sa ibaba tungkol sa sanaysay.
http://filipino3zchs.multiply.com/journal/item/20/Sanaysay Naglalaman ito ng mga impormasyon tungkol sa sanaysay.

Gawain 36: Tuklasin mo ang Iyong Kaalaman!
Pagbibigay ng konsepto sa kaalamang natutuhan ukol sa sanaysay. Punan ang *concept map* sa ibaba.



Gawain 37: Pagsulat ng Katangian ng Dalawang Uri ng Sanaysay
bigay ang magkaibang katangian ng dalawang uri ng sanaysay.



Ngayong alam mo na ang katuturan ng sanaysay, makababasa ka ng isang uri ng sanaysay na isinulat noong kapanahunan ng Komonwelt.

TANDAAN

Manuel L.Quezon



Si Manuel Quezon ay ipinanganak sa Baler,Quezon (ngayo'y Aurora) noong Agosto 19, 1878. Ang kanyang mga magulang ay sina G. Lucio Quezon at Gng. Maria Molina. Si Manuel ay unang nag-aral sa Baler at pagkatapos ay sa San Juan de Letran na tinanggap ang kanyang pagiging dalubhasa sa Siyensya ng Matematika. Siya ay umanib sa Katipunan nang siya ay labing-walong taong gulang pa lamang. Sa gulang na dalawampu't isa ay umanib siya sa hukbo ni Heneral Emilio Aguinaldo. Naging piskal sa edad na 25 at naging gobernador sa edad na 28. Siya rin ay naging Komisyunado Residente nang siya ay 31, pangulo ng Senado nang siya ay 38 at sa edad na 56 ay naging Pangulo ng Pilipinas.

Ipinatupad niyang maging piesta opisyal ang kapanganakan ni Bonifacio at siya rin ang nagpagawa ng bantayog nito sa Green Park. Gumawa siya ng hakbang upang magkaroon ng Wikang Pambansa na hango sa isang diyalekto sa kapuluan. Kung kaya't ang naging pambansang wika ng bansa ay Filipino. At ito ang naging dahilan kung kayat tayo ay nagdiriwang ng Linggo ng Wika sa buwan ng kanyang Kapanganakan.

Si Manuel Quezon ay naging kagawad ng Pacific War Council at noong Hunyo 14, 1942, siya ang unang Pilipinong lumagda sa Nagkakaisang Bansa o United Nations.

Si Manuel Quezon ay namatay noong Abril 15, 1948 dahil sa sakit na tuberculosis at inilibing sa Arlington National Cemetery sa Washington at inilipat ang kanyang labi sa Lungsod ng Quezon.

Basahin ang sanaysay sa ibaba.

Wikang Pambansa
ni Manuel L. Quezon

Pagbasa 2

Hindi ko nais na Kastila o Ingles ang maging wika ng Pamahalaan. Kailangang magkaroon ng sariling wika ang Pilipinas, isang wikang nakabatay sa isa sa mga katutubong wika.

Nagmula ang karamihan ng mga suliranin o pagkukulang na kasalukuyang nararanasan dito sa kawalan ng ating sariling wikang pambansa. Ang pagnanais gayahin ang lahat ng kilos banyaga kahit hindi alam kung ito'y mabuti o masama ay dahil sa isang kahinaan—ang kakulangan ng isang tunay na pambansang

kamalayan. Hindi maaaring magkaroon ng pambansang kamalayan kung saan walang wikang ginagamit ng lahat.

Naunawaan ko lamang kung gaano kahirap ang kakulangan ng wikang pambansa noong naging Pangulo ako. Ako ang Pangulo ng Pilipinas; ako ang kumakatawan sa bayang Pilipinas at sa mga Pilipino. Ngunit kapag ako'y naglalakbay sa mga lalawigan at kinakausap ang aking mga kapwa mamamayan, kailangan ko ng tagapagsalin. Nakakahiya, hindi ba?

Sang-ayon ako sa patuloy na pagtuturo sa Ingles sa mga paaralan at itataguyod ko rin ang pagpapatuloy ng Kastila. Subalit dumating na ang panahon upang magkaroon tayo ng isang wikang pambansa. Ang suliranin ay gusto ng mga Ilokano na Ilokano ang wikang pambansa; ang mga Tagalog, Tagalog; ang mga Bisaya, Bisaya.

Ako ay Tagalog. Kung sasabihin ng mga dalubhasa sa iba't ibang wikang Pilipino na Mangyan ang katutubong wikang pinakamainam gamitin, Mangyan ang tatangkilikin ko higit sa ibang wika. Tagalog ang ginagamit namin sa pamilya. Pero handa akong mag-aral ng Ilokano, Bisaya o anupamang ibang katutubong wika para lamang magkaroon tayo ng wikang ginagamit ng lahat.

Hinango mula sa :
http://filipinolibrarian.blogspot.com/2009/08/talumpati-manuel-l-quezon-wikang.html

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang naging suliranin ng ating bansa sa di-pagkakaroon natin ng wikang pambansa?
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Ano ang naisip na paraan ni Manuel L. Quezon upang malutas ang suliraning ito?
   _____
   _____
   _____

_____

3. Bakit nagpursigi si Manuel L. Quezon na kailangan nating magkaroon ng pambansang wika sa panahong iyon?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

4. Bigyang-interpretasyon ang mga salitang nakasulat nang pahilig: Kailangangmagkaroon ng sariling wika ang Pilipinas, *isang wikang nakabatay sa isa sa mga katutubong wika.*

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

5. Sa dami-daming wikang mayroon tayo, bakit Tagalog ang naging batayan ng ating pambansang wika?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

6. Bakit ginusto ni Manuel L. Quezon na magkaroon ng pambansang wika ang ating bansa?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

_____

7. Paano ipinakita ni Manuel L. Quezon ag kanyang pag-unawa sa kalagayan ng ating bansa?

_____
_____
_____
_____
_____

Gawain 38: Magsulat Tayo!
Sumulat ka ng isang dyornal. Isulat mo kung ano ang epekto ng pagkakaroon natin ng pambansang wika para sa ikauunlad ng ating bansa.

Mahalaga ang pagkakaroon natin ng pambansang wika para sa ikauunlad ng ating bansa dahil

_____
_____
_____
_____
_____

Ngayong batid mo na ang tungkol sa buhay ni Manuel L. Quezon at sa kanyang isinulat na sanaysay, palalawakin mo ang iyong kaalaman tungkol sa may-akda noong kanyang kapanahunan.

Gawain 39: Kilalanin Natin Siya
Gumawa ka ng isang balangkas tungkol sa talambuhay ni Manuel L. Quezon.



PAGPAPALALIM

Nalaman mo na ngayon ang tungkol sa sanaysay at sa buhay ni Manuel L. Quezon. Ipagpapatuloy mo ngayon ang iyong pagkatuto.

Matutunghayan mo sa susunod na mga gawain ang mga paraan ng pagpapahayag.

TANDAAN

Iba't ibang Paraan ng Pagpapahayag

A. Pagsasalaysay

Ito ay nagsasaad ng mga pangyayari o karanasang magkaugnay. Katulad ito ng pagkukuwento ng mga kawil-kawil na pangyayari, pasulat man o pasalita. Itinuturing itong pinakamasining, pinakatanyag at tampok na paraan ng pagpapahayag. Ito rin ang sinasabing pinakamatandang uri ng pagpapahayag sapagkat dito nagsimula ang alamat; epiko at mga kuwentong bayan.

Pagpili ng Paksa - Ito ang unang mahalagang hakbang sa pagsulat ng salaysay. Kailangan ito ay maganda at kawili-wili. Bukod dito, mahalaga rin ito'y napapanahon at may dalang pakinabang o kabutihan sa mga babasa.

Ilan sa mga dapat isaalang-alang sa pagpili ng paksa ay ang mga sumusunod:

1. Kawilihan ng Paksa - dapat ay likas na napapanahon; may mayamang damdaming pantao, may kapana-panabik na kasukdulan, naiibang tunggalian, at may malinaw at maayos na paglalarawan sa mga tauhan at tagpuan.

2. Sapat na Kagamitan - mga datos na pagkukunan ng impormasyon.

3. Kakayahang Pansarili - ang pagpili ng paksa ay naaayon din sa kahusayan at hilig ng manunulat.

4. Tiyak na Panahon o Pook - ang kagandahan ng isang kuwento ay nakasalalay sa malinaw at masining na paglalarawan ng panahon at pook na pinangyarihan nito. kaya, mahalagang iwasan ang labis na paghaba sa panahong sakop ng salaysay at pagbangggit ng napakaraming pook na pinangyarihan ng salaysay.
5. Kilalanin ang mambabasa - sumusulat ang tao hindi para lamang sa kanyang pansariling kasiyahan at kapakinabangan kundi para sa kanyang mga mambabasa.

Basahing mabuti ang alamat at pagkatapos ay gawin ang pagsasalaysay.

Pagbasa 3

Alamat ng Bayabas

Noong unang panahon, may isang bayan na pinamumunuan ng isang sakim at mapagmataas na hari. Si Haring Barabas ay kinatatakutan ng kanyang mga nasasakupan ngunit palihim din nila itong kinamumuhian. Walang ibang alam gawin ang hari kundi ang mag-utos at pagalitan ang kanyang mga alipin. Ang mga utos pa man din nito ay imposibleng gawin at hindi makatwiran. Ang hari ay mahilig kumain, matulog at mag-aksaya ng kayamanan niya.

Nagkaroon ng matinding taghirap sa kanyang kaharian. Hindi maganda ang naging ani ng mga magsasaka at naging mahina ang benta ng mga mangangalakal. Ang lahat sa kaharian ay inutusang magtipid upang makaalpas sa taghirap na kanilang nararanasan.

Lahat nga ng tao ay gumawa ng kanya-kanyang paraan upang makatipid maliban sa isang tao. Ang mismong hari na si Barabas ay hindi sumusunod sa kanyang utos. Walang itong pakialam na naghihirap ang mga taong kanyang nasasakupan. Patuloy siya sa paglustay ng kanyang kayamanan sa mga walang kuwentang mga bagay.

Habang ang lahat ng tao ay nagtitipid at minsan lang sa isang araw kung kumain, ang hari ay parang piyesta kung magpaluto sa kanyang mga alipin. Iba't ibang putahe ng iba't ibang mahal na klase ng pagkain ang kanyang ipinapahanda. At ang masaklap pa, siya lamang ang kakain ng mga pinaluto niya. Maski sobra ang mga pagkain ay hindi niya niyayaya ang kanyang mga kasambahay o ang mga taumbayan na saluhan siyang kumain. Ang mga hindi niya maubos ay hinahayaan lang niya hanggang sa tuluyan na itong masira at hindi na puwedeng makain.

Isang araw habang nagpipiyesta ang hari sa harapan ng kanyang palasyo ay may lumapit na isang matandang pulubi. Humingi ng limos ang pulubi maski pagkain na lamang pantawid sa kanyang gutom ngunit hindi pinansin ng hari ang matanda. Sa halip, pinagtabuyan pa niya ito. Nawawalan daw siya ng ganang kumain dahil sa mabahong amoy ng pulubi.

Nagalit ang pulubi at sinabi sa hari na dahil sa kasakiman nito ay bibigyan niya ito ng isang leksiyong hindi niya makakalimutan. Hindi pa natatapos magsalita ang matanda ay biglang kumulog at kumidlat. Ang hari ay unti-unting nagbago ng anyo. Nagsisigaw itong humihingi ng tawad sa matanda ngunit huli na ang lahat. Biglang naglaho ang matanda habang ang hari ay naging isang ganap na halaman.

Nakita ng taumbayan ang lahat ng pangyayari at ng lapitan ang halaman ay may nakita silang bunga nito. Ito ay bilugan at may koronang nakapatong. Ito na nga ang kanilang hari na si Barabas na dahil sa kasakiman ay naging isang halaman.

Mula noon tinawag nila ang halaman na bayabas mula sa pangalan ni Haring Barabas.

Hinango mula sa :http://www.alamat.com.ph/2011/08/ang-alamat-ng-bayabas.html

Gawain 40: *Story Frame*

Mula sa binasang alamat, isalaysay muli ang mga pangyayari sa kuwento gamit ang *story frame.*



TANDAAN

Paglalarawan

Ito'y isang anyo ng pagpapahayag na naglalayong bumuo ng isang malinaw na larawan sa isip ng mga mambabasa o nakikinig. Sa pamamagitan ng paggamit ng tiyak na salitang naglalarawan, gaya ng pang-uri at pang-abay, malinaw na naipakikita ang katangian ng tao, bagay, lugar o pangyayari na ating

nakikita, naririnig o nadarama. - napapagalaw at napakikislot din ng paglalarawan ang ating mga guniguni, at imahinasyon.

Mga Katangian ng Isang Mahusay na Paglalarawan

1. May tiyak at kawili-wiling paksa.
2. Gumagamit ng wasto at angkop na pananalita.
3. Malinaw na pagbuo sa mga larawang nais ipakita.
4. Isinasaalang-alang ang pagpili ng sariling pananaw sa paglalarawan.

Iba't Ibang Pananaw na Magagamit

a. Distansya sa bagay na inilalarawan gaya ng agwat o layo nito
b. Kung nasa loob o labas
c. Ayon sa sariling palagay o damdamin ng naglalarawan bunga ng kanyang karanasan o ng karanasan ng ibang tao
d. Ayon sa sariling palagay batay sa kanyang narinig o nabasa

5. Pumupukaw ng higit sa isang pandamdam: Paningin; pandinig; pang-amoy; panlasa at panalat.
6. May kaisahan sa paglalahad ng mga kaisipang inilalarawan .
7. May tiyak na layunin sa paglalarawan.

Gawain 41: Hari ng Kaharian!

Balikan muli ang *Alamat ng Bayabas*. Ilarawan mo ang hari sa alamat sa hari ng isang kahariang gusto mong panirahan sa pamamamagitan ng *compare and contrast chart.*

Mga Katangian ng Hari sa Alamat : ***Mga Katangian ng Hari na Gusto Ko :***



TANDAAN

Paglalahad

Ang *paglalahad* ay isang anyo ng pagpapahayag na naglalayong mabigyang- linaw ang isang konsepto o kaisipan, bagay o paninindigan upang lubos na maunawaan ng nakikinig o bumabasa. Sa pamamagitan ng paglalahad ay nagiging ganap ang pagkatuto ng isang tao dahil nabibigyan siya ng pagkakataong makatuklas ng isang ideya o kaisipan na makapaghahatid sa kanya ng kasiyahan at kalinawan sa paksang pinag-uusapan.

Itinituring din ang paglalahad bilang isang uri ng pagpapaliwanag ng tao ukol sa mga bagay-bagay na may kaugnayan sa kanyang mga gawaing pangkomunikasyon.

Iba't ibang pamamaraan ang gamit ng tao sa paglalahad lalo't sa paraang pasalita o pabigkas. Ngunit kapag ito ay sa paraang pasulat, mahalagang makita ang mga sumusunod upang maging epektibo sa bumabasa:

1. Gawing malinaw ang paksa at sikaping malinaw din ang pagkasulat nito.
2. Gumagamit lamang ng mga salita at pangungusap na madaling maunawaan.
3. Sikaping maging maayos ang organisasyon.
4. Panatilihin ang makatawag pansin na simula, ang mayamang bahagi ng katawan at kapana-panabik na wakas.
5. Basahing muli ang isinulat at iwasto kung kinakailangan.
6. Pumili ng angkop na pamagat at isulat sa gitnang bahagi ng papel.

Mga Katangian ng Mahusay na Paglalahad

1. Kalinawan - Malinaw ang paliwanag at angkop o tama ang mga salitang ginagamit.
2. Katiyakan - Nakapokus lamang sa paksang tinatalakay at tiyak ang layunin ng pagpapaliwanag. Iwasan ang mga bagay na di kaugnay sa tinatalakay.
3. Kaugnayan- magkaugnay ang mga pangungusap o talata.
4. Diin - binibigyang diin ang mga mahahalagang kaisipang nais talakayin.

Gawain 42: May Kalayaan Ka nga ba?

Basahin at suriing mabuti kung paano inilahad ng may-akda ang pagkakaroon ng kalayaan.

May Kalayaan na nga Ba?

May Kalayaan Ba?

Pagbasa 4 Independence Day Speech ni Pnoy: May Kalayaan Na Nga

Kamakailan ay ipinagdiwang ng ating bansa ang Araw ng Kalayaan. Siyempre nagkaroon tayo ng selebrasyon sa iba't ibang lugar at dalawa rito ay pinuntahan ng ating Pangulo Noynoy Aquino, sa Kawit, Cavite at Luneta.

Sa kanyang talumpati ,binanggit niya na may kalayaan na tayo laban sa gutom, kahirapan, kawalan ng trabaho at magiging malaya na tayo sa korapsyon sa 2016. *Magandang pakinggan ang kanyang talumpati pero ang tanong, ito ba ay totoo?*

Sa tingin ko taliwas o kabaliktaran ang mga pinahayag ni Pnoy sa mga *survey* at *indicators* na naglabasan kamakailan.

Taggutom

Ayon sa nilabas ng *SWS survey* na ginawa nila noong unang bahagi ng 2011, tumaas ang bilang ng mga nagugutom o nakararanas nito, tumaas din ang bilang ng nagsasabi na sila ay mahirap at naghihirap, tumaas din ang bilang ng mga walang trabaho o nawalan ng trabaho,at tumaas din ang bilang ng mga taong di na masaya sa panunungkulan ni Pnoy sapagaka't di niya natutugunan ang mga pangangailangan nila.

Labis na Pagtaas ng Presyo ng mga Bilihin

Bukod dito, nakadagdag din sa pagkadismaya ng taumbayan na tumaas ang presyo ng langis na di na *cushion* ang impact kaya nagtaasan ang presyo ng mga bilihin, pamasahe sa bus, tricycle, jeep at taxi, *services*,kuryente, tubig at iba pa.

Lalong Tumindi ang Korapsyon

Ayon sa Perc, tumaas rin ang korapsyon *rating* natin sa bansa kaya lagi nating naririnig ang mga taong nagtatanong, asan na ang daang matuwid?

Bagsak ang Ekonomiya

Pati sa ekonomiya natin, bagsak din ang ating mga *indicators*. Ang *business optimism index* ay bumagsak dahil sa walang proyektong nilalabas ang Pnoy *administration* dahil mas nag-*focus* sila sa pagtitipid.

Mga Kakulangan ng Pamahalaan

Dahil may *underspending* sa pamahalaan , walang *pump priming for infrastructure projects* na kailangan natin para ma-jump start ang ekonomiya natin.

Dahil mabagal din ang *action time* ng pamahalaan para tugunan ang mga problema ng mga negosyante, ayaw muna nilang maglabas ng kapital para magtayo ng kanilang negosyo o palawakin Ito.

Malabong mga Pamamalakad

Dahil hindi pa rin maliwanag ang mga *policies* ng Pnoy administration , nagkaroon tuloy ng *wait and see attitude* ang mga negosyante at *foreign investors*. Ito rin ang dahilan ng pagbagsak ng *direct foreign investments* sa ating bansa. Dahil dito, walang *job generation* na nangyayari kaya walang masyadong trabaho na *open* para sa ating mga mamamayan.

Hoy Gising

Kailangan ng gumising ang Pnoy *administration*. Kailangang ilatag na nila ang *policies* at *roadmap* nila para sa bayan. Kung malatag na ito, ito ang magiging basehan ng mga negosyante para sa kanilang *business plans* o *expansion*. Ito rin ang magbibigay ng kumpyansa sa lahat na mag- *invest* at magtiwala sa pamahalaan.

Kailangan ng pamahalaang gumastos para sa mga *infrastructure projects* para maging *attractive* tayo sa mga *investors* para magkaroon ng karagdagang trabaho para sa ating mamamayan. Pag may trabaho ang tao, mababawasan ang mga nagugutom at nahihirapan.

Huwag dapat maging *selective* ang pamahalaan sa pagtugis sa katiwalian, *whether* KKK(kaibigan,kaklase o kabarilan) ba sila o kaaway. Ipakita lang ni Pnoy na patas ang tingin niya sa lahat at walang kinikilingan, matutuwa ang tao at manunumbalik ang tiwala ng mga tao sa ating pamahalaan.

Hinango mula sa : http://antipinoy.com/may-kalayaan-na-nga-ba/

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Anong ideya ang napapaloob sa talumpati ni Pnoy?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

2. Sa palagay mo kaya, malaya na ang isang bansa ayon sa mga pamantayan na inilahad ni Pnoy?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Paano mo masasabi na ang isang bansa ay tunay ngang malaya?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

4. Paano nakatutulong sa pagkakaroon ng malawak na pag-iisip ang iba't ibang uri ng panitikan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Gawain 43: Ilahad Mo!
Batay sa nabasang talumpati ni Pnoy, ano-anong mga pamantayan ng isang malayang bansa? Sagutin ito sa pamamagitan ng isang *concept map.*



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Sa kasalukuyan, makikita bang malaya ang mga Pilipino sa paggamit ng sariling wika? Magbigay ng sitwasyong batay sa sariling karanasan o ng ibang taong nakapaligid sa iyo.

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Bilang isang kabataan, paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa wikang pambansa?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

3. Paano napukaw ang kamalayan ng bawat Pilipino sa kanilang pagiging makabayan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

TANDAAN

Pangangatwiran

Ito ay isang pagpapahayag na nagbibigay ng sapat na katibayan o patunay upang ang isang panukala ay maging katanggap-tanggap o kapani-paniwala.
Layunin nito na hikayatin ang mga tagapakinig na tanggapin ang kawastuhan ng kanilang pananalig o paniniwala sa pamamagitan ng makatwirang pagpapahayag.

Sa pangangatwiran, ang katotohanan ay ipinagtitibay o pinatutunayan sa pamamagitan ng mga katwiran o rason. Ang pangangatwiran ay isang sining sapagkat ang paggamit ng wasto, angkop at magandang pananalita ay makatutulong upang mahikayat na pagkinggan, tanggapin at paniniwalaan ng nakikinig ang nangangatwiran.

Ang pangangatwiran ay maituturing ding agham sapagkat ito ay may prosesong dapat isaalang-alang o sundin upang ito ay maging mahusay at matagumpay, lalo na sa pormal na pangangatwiran gaya ng debate. Ang pangangatwiran ay isa ring kasanayan dahil ang kahusayan ay maaaring matamo ninuman subalit hindi sa paraang madali at sa maikling panahon lamang.

Dahilan ng Pangangatwiran

1. Upang mabigyang - linaw ang isang mahalagang usapin o isyu
2. Maipagtanggol ang sarili sa mali o masamang propaganda laban sa kanya
3. Makapagbahagi ng kanyang kaalaman sa ibang tao
4. Makapagpahayag ng kanyang saloobin
5. Mapanatili ang magandang relasyon sa kanyang kapwa

Kasanayang Nalilinang sa Pangangatwiran

1. Wasto at mabilis na pag-iisip
2. Lohikong paghahanay ng mga kaisipan

3. Maayos at mabisang pagsasalita
4. Maingat na pagkilala at pagsusuri ng tama at maling katwiran
5. Pagpapahalaga sa kagandahang- asal gaya ng pagtitimpi o pagpipigil ng sarili at pag-unawa sa mga karaniwang inilahad ng iba o pagtanggap sa nararapat na kapasyahan

Uri ng PAngangatwiran

1. Pangangatwirang Pabuod - nagsissimula sa mga halimbawa o partikular na kaisipan o katotohanan at nagtatapos sa pangkalahatang simulain o katotohanan.

2. Pangangatwirang Pasaklaw - sinisimulan ang pangangatwiran sa pamamagitan ng paglalahad ng pangkalahatan o masaklaw na pangyayari o katotohanan at mula rito ay iisa-isahing ilalahad ang maliliit o mga tiyak na pangyayari o katotohanan.

Gawain 44: Sumasang-ayon Ka Ba Kaibigan?
Pagbibigay ng sariling pangangatwiran sa mga sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa kahon.

1. Pagmamano sa mga matatanda bilang tanda ng paggalang

2. Pagbabawal na magkaroon ng "*boyfriend or girlfriend*" habang nag-aaral pa

3. Pagbibigay ng magulang ng *curfew* sa bahay lalong –lalo na tuwing Sabado at Linggo

4. Pagsunod sa layaw ng anak bilang pagpapakita ng pagmamahal

5. Pagdagdag ng dalawa pang taon sa hayskul

Sagutin mo ang mg tanong.

1. Bakit kailangan mong matutuhan ang mga paraan ng pagpapahayag?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

2. Paano nakatutulong sa iyo ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Paano nakatulong ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag sa pagpaunlad ng ating panitikan noong Panahon ng Komonwelt?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

4. Sa anong bahagi ng iyong buhay, magagamit mo ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Nadagdagan ang iyong kaalaman sa iba't ibang paraan ng pagpapahayag. May nais ka pa bang malaman?

Ang susunod na gawain ay susukat sa natutuhan mo sa araling tinalakay.

Gawain 45: Ah, May Alam Ako!
Panoorin at basahin mo ang iba't ibang sanaysay. Himayin mo ang iyong mga sagot sa mga mahahalagang tanong sa bawat sanaysay batay sa tsart na inilaan sa ibaba.

	Video/Teksto/ Sitwasyon 1	*Video*/Teksto/ Sitwasyon 2	*Video*/Teksto/ Sitwasyon 3
Mahalagang Tanong: Anong kaugalian ang naipakikita sa mga sanaysay na nabasa at napanood?	Ang mga sanaysay na nabasa at napanood ay kakikitaan ng mga katangiang . .	Ang mga sanaysay na nabasa at napanood ay kakikitaan ng mga katangiang . .	Ang mga sanaysay na nabasa at napanood ay kakikitaan ng mga katangiang . .

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano- ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga sinuri na sanaysay?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

2. Anong uri ng sanaysay ang iyong nabasa at napanood?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Batay sa mahalagang tanong na ibinigay, anong mga kaugaliang dulot na ipahiwatig/ ipamalas ng mga mga sanaysay na nabasa at napanood? Kumpletuhin ang pahayag sa ibaba.

Ang sanaysay ay
_____
_____
_____
_____

Ito ay nagpapamalas/nagpapahiwatig sa atin ng mga kaugaliang
_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Ngayong may pag-unawa ka na sa araling tinalakay at nasagutan mo ang mga gawaing inihanda, handa ka nang ilipat ang iyong mga natutuhan.

PAGLILIPAT

Lubos na lumalim ang iyong pag-unawa sa araling tinalakay. Sa bahaging ito ng modyul, inaasahan kang maililipat mo ang lahat ng kasanayan at kaalaman na iyong natutuhan.

Gawain 46: Pagsulat ng isang Akda Gamit ang Iba't ibang Uri ng Pagpapahayag
(*Mini-task 3*)

Basahin at unawaing mabuti ang gawain.

TASK

Ang inyong paaralan ay naglalayong mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino kaya naglunsad ang Departamento ng Filipino ng isang patimpalak sa pagsulat ng tula. Isa ka sa mga mag-aaral na gustong umunlad ang kaalaman sa wika. Naatasan kang sumulat ng tulang binubuo ng dalawa hanggang apat na saknong na tumatalakay sa pagmamahal sa bayan. Ang iyong ginawang tula ay ipo-*post* mo sa Facebook.
Hikayatin ang iyong mga kamag-aral na i-*like* ang iyong ginawa.

Rubrik sa Pagbuo ng Tula

Krayterya	**Napakahusay (4)**	**Mahusay (3)**	**Pasimula (2)**	**Kailangan ng Pagbabago (1)**
GAMIT NG MGA ELEMENTO NG TULA	Lutang na lutang ang ebidensya na ang lahat na elemento ng tula ay nakapaloob sa tulang ginawa na nakapag-bibigay- linaw sa diwa	Ang lahat ng elemento ng tula ay nakikita na nakapagbi-bigay diwa sa kabuuan ng tula	May 2-1 kulang na elemento ang tula kaya hindi masyadong maintin-dihan ang diwa ng tula	Hindi maganda ang pagkakagawa ng tula dahil sa kulang na kulang ang mga elemento

ANGKOP NA PAGGAMIT NG MGA SALITA	Bukod-tangi ang mga salitang ginamit sa pagpapa-lutang ng diwa ng tula	Ang lahat na mga salitang ginamit ay angkop sa pagpapalutang ng diwa ng tula	May ilang salitang hindi nagagamit ng tama sa pagbuo ng diwa ng tula	Ang mga salitang ginamit ay hindi angkop sa paksang inilalahad
BAYBAY NG MGA SALITA	Lahat ng mga salita ay naisusulat nang malinaw at may tamang baybay	Tama ang baybay ng mga salita	Malabo ang pagkakabay bay ng ilang salita	Halos lahat ng mga salita ay may maling baybay
PAGKAKA-UGNAY NG MGA IDEYA	Malinaw ang pagkakaugnay ng mga ideya sa bawat saknong ng tula	Magkakaugnay ang lahat ng mga ideya sa bawat saknong ng tula	Hindi naging malinaw ang pagkaka-ugnay ng mga ideya kaya hindi maintin-dihan ang tula	Walang kaugnayan ang mga ideya kaya hindi nabuo ang diwa ng tula

I-*upload* ang *link* na iyong nagawang tula sa *discussion board* upang makita ng iyong guro.

Discussion Board

Isang pagbati at naisagawa mo ang gawaing ipinagawa sa iyo. Tunay na magaling kang mag-aaral. Hayaan mo at palawakin pa natin ang iyong natutuhan sa susunod na pagtataya.

Gawain 47: Tuklasin Ko Nga!

Gamit ang *3-2-1 Pause*, tayain mo ang iyong sariling pagkatuto. Sagutin ang *worksheet* na ito. Maglista ng tatlong konsepto na natutuhan mo mula sa dalawang paksang natalakay, dalawang konsepto na hindi mo lubusang naunawaan at isang tanong na gusto mo pang malaman ukol sa dalawang paksang natalakay.

3 – 2 – 1 Pause

Tatlong Konseptong Natutuhan	1. _____ 2._____ 3. _____
Dalawang Konseptong Hindi Lubusang Naunawaan	1._____ 2. _____
Isang Tanong na Gusto Ko pang Malaman	1._____

Magaling! Alam kong lubos na ang iyong pag-unawa sa aralin. Dadagdagan natin ang iyong natutuhan. Tatalakayin natin ang susunod na yugto ng ating aralin.

Aralin 2.2.2.a Panitikan: Maikling Kuwento / Lupang Tinubuan

2.2.2.b Wika: Kayarian ng Pang-uri

PAGTUKLAS

Sa bahaging ito ng modyul, lilinangin ang iyong kasanayan sa pagsusuri ng maikling kuwento at kayarian ng pang-uri.

Gawin ang mga inihandang mga gawain upang linangin ang iyong kasanayan.

Gawain 48: *Picture Analysis*
Tingnan at suriin ang mga larawan sa mga sumusunod na *website*. Pagkatapos ay sagutin mo ang mga tanong. Buksan ang mga sumusunod na *website* sa pamamagitan ng pag –klik sa mga *link* sa ibaba. Isulat ang inyong mga puna ukol sa mga larawang nakita sa pamamagitan ng paggamit na *evernote* (**www.evenote.com**)

1. http://2.bp.blogspot.com/_W4iiBQoSMY0/SG-eNEZQ0mI/AAAAAAAABJc/PLDV2781P2o/s400/Image005.jpg
2. http://1.bp.blogspot.com/-N-JLsC4jt28/ThxPevIakpI/AAAAAAAAAMY/QgMgGtF-c6c/s1600/IMG_8414.JPG
3. http://meetlourd.files.wordpress.com/2013/11/20131113-013.jpeg
4. http://etravelogue.net/images_gallery/images_pictures/P8110206.JPG
5. http://etravelogue.net/images_gallery/images_pictures/srednje/P8150246.JPG
6. http://jotorres.files.wordpress.com/2010/12/bahay-sa-dacon.jpg

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Anong mga larawan ang iyong nakita?
   _____
   _____

_____
_____
_____
_____

2. Nakapunta ka na ba sa lugar na ito?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Paano kaya namumuhay ang mga tao dito?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

4. Kung mabigyan ka ng pagkakataon, gusto mo bang tumira dito habambuhay? Bakit?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Gawain 49: Pagbabahagi ng Sariling Konsepto
Magbahagi ka ng iyong sariling pananaw kung para sa iyo ano ang kagandahan ng probinsya. Gamit ang *IRF,* isulat mo ang iyong sagot sa bahaging **I** lamang.

Map of Conceptual Change IRF

Initial	
Revised	
Final	

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang mangyari sa isang bukirin kung hindi naman sinasaka?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Sa kasalukuyang nangyayari sa ating bansa ngayon, ano ang ginagawa ng karamihang nagmamay-ari sa kanilang lupain?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

3. Paano natin matutugunan na mapanatiling mayaman, mayabong at sagana sa mga pananim ang ating bukirin?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

_____

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Natuklasan mo ngayon kung ano ang kahalagahan ng isang lugar. Tingnan natin kung ano ang magiging pananaw mo sa lugar na ito.

Matututuhan mo sa susunod na bahagi ang isang maikling kuwento tungkol sa lugar na iyong pinagmulan at ang mga kayarian ng pang-uri.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng modyul, lilinangin ang iyong kasanayan na maunawaan mo ang iba't ibang konsepto at pagsusuri ng maikling kuwento.

Gawain 50: Ano ang Iyong Pinagmulan?
Punan ang *web map* ng iyong kaalaman tungkol sa konsepto ng tinubuang lupa. Isulat ang iyong sagot sa mga kahon.



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang iyong karanasan sa iyong lupang tinubuan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

2. Gusto mo pa bang balikan at mamatay sa iyong lupang tinubuan? Bakit?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Ano-anong mga bagay ang natutuhan mo sa iyong lupang tinubuan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

Sa bahaging ito ng aralin, pag-uusapan natin ang isang maikling kuwentong *Lupang Tinubuan* ni Narciso G. Reyes na naging tanyag na manunulat sa Panahon ng Amerikano.

Sa Panahon ng Amerikano, lalong tumingkad ang ating panitikan. Nabigyan ng pagkakataon ang mga Pilipinong manunulat na maipahayag ang kanilang saloobin, kaisipan, at damdaming makatao, makabayan, at maka-kalikasan. Isa sa mga namayani sa panahong ito ang maikling kuwento. Ngunit ano nga ba ang maikling kuwento?

Tuklasin natin ang maikling kasaysayan ng maikling kuwento at ang iba pang detalye nito.

TANDAAN

Kasaysayan ng Maikling Kuwento

Ang maikling kuwento ay nasilayan na noong panahon bago pa man dumating ang mga Kastila sa ating kapuluan. Karamihan sa mga ito ay pasalin-labi lamang o kuwento ng bayan. Ito ay mga pasalitang pagsasalaysay sa tradisyong patuluyan - ito ay karaniwang pagkukuwento na ang ginagamit na pamamaraan ng pagsasalita ay tulad sa natural na pang-araw-araw na pag-uusap. Ang ilan sa mga unang anyo nito ay ang mga sumusunod:

1. Mito - karaniwang tungkol sa mga diyos at diyosa, bathala o mga anito. Inilalahad dito ang mga paglalang tulad sa kalikasan, sa mundo at sa mga unang tao.

2. Alamat - mga kuwentong-bayan ng pinagmulan o simula ng mga bagay-bagay.

3. Pabula - unang napatanyag sa Gresya at si Aesop ang tinaguriang "Ama ng Pabula" dahil sa napabantog nitong aklat, ang "Aesop's Fable". Ito ay kuwento ng mga hayop na nagsisikilos at nangagsasalitang parang tao at ang layon ay makapagturo ng aral sa bumabasa.

Umunlad ang maikling kuwento noong panahon ng Amerikano. Nagkaroon ito ng sariling pitak sa mga pahayagang *Muling Pagsilang* at sa dahong Tagalog ng *El Renacimiento.* Ang ilan sa mga nakilalang kuwento sa panahong ito ay ang mga sumusunod:

1. Dagli - tinatawag sa Ingles na *sketches*. Naglalahad ito ng mga sitwasyong may mga tauhang nasasangkot ngunit walang aksyong umuunlad at pawang mga paglalarawan lamang. Tahasan itong nangangaral at nanunuligsa.

2. Pasingaw - nag-aanyo ring maikling kuwento ngunit hindi rin ganap ang banghay. Ito ay naglalayong maihandog ang katha sa babaeng pinaparaluman o siyang inspirasyon ng manunulat. Ang pangalan ng may-akda ay hindi inililimbag dahil karaniwang ito ay may asawa. Naglalayon itong mangaral ng diretsahan.

   Deogracias A. Rosario - tinaguriang "Ama ng Maikling Kuwento".

   Sa panahon ng Hapon, ang maikling kuwento ay nailimbag sa gintong pahina ng Panitikang Pilipino dahil pinairal ng mga Hapon ang paggamit ng wikang pambansa bilang medyum sa pagsulat. Sa panahong ito, nagkaroon ng pagbabago sa panitikan:
   a. Sumigasig at dumami ang mga manunulat
   b. Sumigla at turnaas ang sangay na ito ng panitikan

c. Naging matimpi sa pagtalakay ng paksa
d. Madula ngunit di-maligoy
e. Nag-ala-dagling muli ang kawalan ng mga ito ng banghay
f. Nagkaroon ng iba't ibang paraan ng pagkukuwento
g. Ang mga paksang dati ay hindi naisusulat ay napansin

- Ito ngayon ang tinatawag na kontemporaryong maikling kuwento.
http://tl.answers.com/Q/Kasaysyan_ng_maikling_kwento

Mga Elemento ng Maikling Kuwento

1. Tauhan
Likha ng mga manunulat ang kanyang mga tauhan. May pangunahing tauhan kung kanino nakasentro ang mga pangyayari at mga pantulong na tauhan.

Uri ng Tauhan
Bilog: nagbabago ang katauhan
Lapad: hindi nagbabago ang katauhan
Protagonista: mabait/ pangunahing tauhan
Antagonista: masama

2. Tagpuan / Panahon
Dinadala ng may-akda ang mambabasa sa iba't ibang lugar, sa iba't ibang panahon kung saan at kailan nagaganap ang mga pangyayari.

3. Saglit na Kasiglahan
Inihahanda sa bahaging ito ang mga mambabasa sa pagkilala sa mga pagsubok na darating sa buhay ng mga tauhan.

4. Suliranin o Tunggalian
Tumutukoy ito sa paglalabanan ng pangunahing tauhan at sumasalungat sa kanya. Ang tunggalian ay maaaring tao laban sa kalikasan, tao laban sa sarili, tao laban sa tao/ lipunan.
5. Kasukdulan
Ito ang pinakamataas na uri ng kapanabikan. Dito nahihiwatigan ng bumabasa ang mangyayari sa pangunahing tauhan, kung siya'y mabibigo o magtatagumpay sa paglutas ng suliranin.

6. Kakalasan
Ito ang kinalabasan ng paglalaban. Sumusunod ito agad sa kasukdulan.

7. Wakas
Tinatawag na trahedya ang wakas kapag ang tunggalian ay humantong sa pagkabigo ng layunin o pagkamatay ng pangunahing tauhan. Tinatawag na melodrama kapag may malungkot na sangkap subalit nagtatapos naman nang kasiya-siya para sa mabubuting tauhan.

Mula sa: http://tl.answers.com/Q/Mga_elemento_ng_maikling_kwento

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Sa bahaging ito, binigyan ng pansin ang tungkol sa lupang tinubuan at kaligirang kasaysayan ng maikling kuwento.

Balikan mo ang mga ginawa mong mga gawain. Ano ang mga pagbabagong natuklasan mo? May mga pagbabago bang dapat isaalang-alang? Ano ang bagong kaalaman sa pagkatuto ang nais mo pang matamo?

PAGPAPALALIM

Nakamit mo ang layuning bigyang-pansin ang ibang aspekto ng maikling kuwentong *Lupang Tinubuan*.

Titingnan natin kung gaano pa mapapalawak ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawaing inihanda.

Gawain 51: Tala-talasalitaan

Ibigay ang kahulugan ng mga salita. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

Marahang palo
Oras ng paglubog ng araw
Labis na maramdamin
Naghahanap nang walang katiyakan
Pagdurog ng tinik
Malaki at mataas na bunton ng gapas na katawan ng palay na may uhay pa.
Hindi na matulis
Pagtingin sa labas

Salita:	Kahulugan
1. Takipsilim	_____
2. Nakadungaw	_____
3. Pintig	_____
4. Tumimo	_____
5. nag-aapuhap	_____
6. pulpol	_____
7. talusaling	_____
8. mandala	_____

Sa pagsagot mo sa talasalitaan, magiging madali mong maintindihan ang kuwentong *Lupang Tinubuan*.

Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman ng kuwento.

Basahin at unawain ang maikling kuwentong ***Lupang Tinubuan.***

Pagbasa 5

Lupang Tinubuan
ni Narciso G. Reyes

Ang tren ay tumulak sa gitna ng sali-salimuot na mga ingay. Sigawan ang mga batang nagtitinda ng mga babasahin, *Tribune, mama, Tribune, Taliba? Ubos na po. Liwayway, bagong labas. Alingawngaw ng mga habilinan at pagpapaalam. Huwag mong kalilimutan, Sindo, ang baba mo ay sa Sta. Isabel, tingnan mo ang istasyon. Temiong, huwag mong mabitiw-bitiwan ang supot na iyan. Nagkalat ang mga magnanakaw, mag-ingat ka! Kamusta na lang sa Ka Uweng. Sela, sabihin mong sa Mahal na Araw na kami uuwi. Ang pases mo Kiko, baka mawaglit. Maligayang Paglalakbay, Gng. Enriquez. Ngumiti ka naman, Ben, hindi naman ako magtatagal doon at susulat ako araw-araw. Kamusta na lamang. Paalam. Paalam.*

Hanggang sa muli. Ang tren ay nabuhay at dahan-dahang kumilos. H-s-s-ss.*Tsug, tsug*, *tsug*.

Naiwan sa likuran nina Danding ang takipsilim ng Tutuban, at sila'y napagitna sa malayang hangin at sa liwanag ng umaga.

Huminga nang maluwag ang kanyang Tiya Juana at ang sabi, "Salamat at tayo'y nakatulak na rin. Kay init doon sa istasyon." Ang kanyang Tiyo Goryo ay nakadungaw at nagmamasid sa mga bahay at halaman sa dinaraanan.

Ang galaw ng makina ngayon ay mabilis na at tugma-tugma, tila pintig ng isang pusong wala nang alinlangan. Napawing tila ulap sa isip ni Danding ang kilalang patay. Naalala niya na sa Malawig ipinanganak, lumaki at nagkaisip ang kanyang ama. Bumaling siya sa kanyang Tiya Juana at itinanong kung ano ang anyo ng nayong iyon, kung mayaman o dukha, kung liblib o malapit sa bayan. At samantalang nag-aapuhap sa alaala ang kanyang butihing ale ay nabubuo naman sa isip ni Danding ang isang kaaya-ayang larawan, at umusbong sa kanyang puso ang pambihirang pananabik.

Sa unang malas, ang Malawig ay walang pagkakaiba sa alinmang nayon sa Kalagitnaang Luzon. Isang daang makitid, paliko-liko, natatalukapan ng makapal at manilaw-nilaw na alikabok. Mga puno ng kawayan, mangga, niyog at akasya. Mga bahay na pawid, luma na ang karamihan at sunog sa araw ang mga dingding at bubong. Pasalit-salit, isang tindahang hindi mapagwari kung tititigan sa malapit. Doon at dito, nasisilip sa kabila ang madalang na hanay ng mga bahay. At sa ibabaw ng lahat, nakangiti at puno ng ningning ng umaga, ang bughaw, maaliwalas at walang ulap na langit.

″Walang maganda rito kundi ang langit," ang sabing pabiro ng kutsero ng karitelang sinasakyan nila. Pinaglalabanan ni Danding ang sulak ng pagkabigo sa kanyang dibdib. ″Hindi po naman," ang marahan niyang tugon. Naisaloob niyang sa mga nayong tulad nito isinilang at nagsilaki sina del Pilar, at iba pang bayani ng lahi, at sa gayong mga bukid nagtining ang diwa ng kabayanihan ng himagsikan laban sa mga Kastila. Ang alaalang iyon ay nakaaaliw sa kanya, nagbigay ng bagong anyo sa lahat ng bagay sa paligid-ligid.

Kayrami pala niyang kamag-anak doon. Hindi mapatid-patid ang pagpapakilala ng kanyang Tiya Juana. *Sila ang iyong Lolo Tasyo, at sila ang iyong Lola Ines. Ang mga pinsan mong Juan, Seling, Marya at Asyas.*

Ang iyong Nana Bito. Ang iyong Tata Enteng. Yukod at ngiti rito, halik ng kamay roon. Mga kamag-anak na malapit at malayo, tunay at hawa lamang, matatanda at mga bata. Ang lahat yata ng tao sa bahay, buhat sa mga nangasapuno ng hagdan hanggang sa nangasaloob ay pawang kamag-anak. Sapagkat sila lamang ang nagsipanggaling sa Maynila, sa pagtitipong iyon ay napako kina Danding ang pansin ng lahat. Umugong ang kamustahan. Ang balana

ay nagtanong kay Danding ng kung ano ang lagay ng kanyang amang may sakit at ng kanyang inang siya na lamang ngayong bumubuhay sa kanilang mag-anak. Sinulyapan ng kanyang Tiya Juana si Danding at sinikap na saluhin ang mga tanong. Bantad na siya sa pagkamaramdamin ng kaniyang pamangkin at alam niyang ang kasawian ng ama nito ay talusaling na sugat sa puso nito. Ngunit hindi niya maunahan ng pagtugon si Danding na tila magaan ngayon ang bibig at palagay na ang loob sa piling ng mga kamag-anak na ngayon lamang nakilala.

Isang manipis na dingding ng sawali ang tanging nakapagitan sa bulwagan at sa pinakaloob ng bahay, na siyang kinabuburulan ng patay. At sa bukas ng lagusan, na napapalamutihan sa magkabilang panig ng mga puting kurtinang salo ng pinagbuhol na mga lasong itim, ay walang tigil ang pagyayao't dito ng mga taong nakikiramay sa mga namatayan at nagmamasid sa bangkay. Ngunit pagpasok na pagpasok ni Danding ay nag-iba ang kanyang pakiramdam. Napawi sa kanyang pandinig ang alingawngaw sa labas, at dumampi sa kanyang puso ang katahimikan ng kamatayan. Dahan-dahan siyang lumapit sa kabaong, at pinagmasdan ang mukha ng bangkay. Maputi, kaaya-aya ang bukas, isang mukhang nagbabandila sa katapatan at kagitingan. Nabakas ni Danding ang lapad ng noo, sa mga matang hindi ganap ang pagkakapikit, at sa hugis ng ilong, ang bahagyang pagkakahawig sa kanyang ama. Bigla siyang nakaramdam ng awa at lungkot.

"Hindi mo pa nababati ang Nana Marya mo," ang marahang paalala ng kanyang Tita Juana. ″At ang pinsan mong si Bining," ang pabulong pang habol. Humalik ng kamay si Danding sa asawa ng yumao, at naupo sa tabi ni Bining, ngunit wala siyang nasabing anuman. Puno ang kanyang puso. Pagkaraan ng ilang sandali ay umabot siya ng isang album sa mesang kalapit, binuksan iyon, at pinagmuni-muni ang mahiwaga at makapangyarihang kaugnayan ng dugo na nagbubuklod ng mga tao.

Pagkakain ng tanghalian ay nanaog si Danding at nagtungo sa bukid sa may likuran ng bahay. Nakaraan na ang panahon ng paggapas, at naimandala na ang ani. Malinis ang hubad na lupa, na naglalatang sa init ng araw. Naupo si Danding sa ilalim ng isang pulutong ng mga punong kawayan, at nagmasid sa paligid-ligid.

Hindi kalayuan, sa gawing kaliwa niya, ay naroon ang kanyang Lolo Tasyo na nagkakayas ng kawayan. Ang talim ng matanda ay tila hiyas na kumikislap sa araw. Tumindig si Danding at lumapit sa matanda. Si Lolo Tasyo ang unang nagsalita.

″Kaparis ka ng iyong ama,' ang wika niya.
″Bakit po?"
″Balisa ka sa gitna ng karamihan; ibig mo pa ang nag-iisa."
″May mga sandali pong kailangan ng tao ang mapag-isa."
″Ganyan din siya kung magsalita, bata pa'y magulang na ang isip."
″Nasaksihan po ba ninyo ang kanyang kabataan?"

″Nasaksihan!' Napahalakhak si Lolo Tasyo. ″Ang batang ito! Ako ang nagbaon ng inunan ng ama mo. Ako ang gumawa ng mga una niyang laruan. Naulila agad siya sa ama."

Tumayong bigla si Lolo Tasyo at itinuro ng itak ang hangganan ng bukid. ″Doon siya malimit magpalipad ng saranggola noong bata pa siyang munti. Sa kabilang pitak siya nahulog sa kalabaw, nang minsang sumama siya sa akin sa pag-araro. Nasaktan siya noon, ang akala ko'y hindi siya titigil sa kaiiyak."

Lumingon ang matanda at tiningala ang punong mangga sa kanilang likuran. ″Sa itaas ng punong ito pinaakyat ko at pinagtago ang ama mo isang hapon, noong kainitan ng himagsikan, nang mabalitaang may mga huramentadong Kastila na paparito. At doon, sa kinauupuan mo kanina, doon niya isinulat ang kauna-unahan niyang tula - isang maikling papuri sa kagandahan ng isa sa mga dalagang nakilala niya sa bayan. May tagong kapilyuhan ang ama mo."

Napangiti si Danding. ″Ang dalaga po bang iyan ang naging sanhi ng pagkakaluwas niya sa Maynila?"

″Oo," natigilan si Lolo Tasyo na tila nalalasap sa alaala ang mga nangyari. ″Nahuli sila sa tabi ng isang mandala ng palay."

″Nahuli po?"

″Oo – sa liwanag ng ilang aandap-andap na bituin."

Marami pang ibig itanong si Danding, ngunit naalala niya ang patay at ang mga tao sa bahay; baka hinahanap na siya. Unti-unting pinutol niya ang pag-uusap nila ni Lolo Tasyo, at iniwan ang matanda sa mga alaala nito.

″Ano ang pinanood mo sa bukid?" ang usisang biro ng isa sa mga bagong tuklas niyang pinsan.

″Ang araw," ang tugon ni Danding, sabay pikit ng mga mata niyang naninibago at hindi halos makakita sa agaw-dilim na tila nakalambong sa bahay.

Ang libingan ay nasa gilid ng simbahan, bagay na nagpapagunita kay Danding ng sumpa ng Diyos kay Adan sa mga anak nito, at ng malungkot at batbat-sakit na pagkakawalay nila, na kamatayan lamang ang lubusang magwawakas. Nagunita niya na sa maliit na bakurang ito ng mga patay na nakahimlay ang alabok ng kanyang ninuno, ang abang labi ng Katipunan, ng mga pag-asa, pag- ibig, lumbay at ligaya, ng palalong mga pangarap at mga pagkabigo na siyang pumana sa kanya ng kanyang angkan. Magaan ang pagyapak ni Danding sa malambot na lupa, at sinikap niyang huwag masaling maging ang pinakamaliit na halaman.

Handa na ang hukay. Wala na ang nalalabi kundi ang paghulog at pagtatabon sa kabaong. Ngunit ng huling sandali ay binuksang muli ang takip sa tapat ng mukha ng bangkay, upang ito'y minsan pang masulyapan ng mga naulila. Nabasag ang katahimikan at naghari ang impit na mga hikbi at ang mga piping panangis na higit na makadurog-puso kaysa maingay. Nabasag ang katahimikan at naghari ang impit na mga hikbi at ang mga pag-iyak. Pinagtiim ni Danding ang kanyang mga bagang, ngunit sa kabila ng kanyang pagtitimpi ay naramdaman niyang nangingilid ang luha sa kanyang mga mata.

Sandaling nag-ulap ang lahat ng kanyang paningin. Nilunod ang kanyang puso ng matinding dalamhati at ng malabong pakiramdam na siya man ay dumaranas ng isang uri ng kamatayan. Balisa at nagsisikip ang dibdib ng damdaming ito, si Danding ay dahan-dahang lumayo at nagpaunang bumalik sa bahay.

Ibig niyang mapag-isa kaya't nang makita niyang may taong naiwan sa bahay ay patalilis siyang nagtungo sa bukid. Lumulubog na ang araw, at nagsisimula nang lumamig ang hangin. Ang abuhing kamay ng takipsilim ay nakaamba na sa himpapawid. Tumigil si Danding sa tabi ng pulutong ng mga kawayan at pinahid ang pawis sa kanyang mukha at liig.

Ang kapayapaan ng bukid ay tila kamay ng isang inang humahaplos sa nag-iinit na noo ni Danding. Huminga siya nang malalim, umupo sa lupa, at ipinikit ang mga mata. Dahan-dahang inunat niya ang kanyang mga paa, itinukod sa lupa ang mga palad; tumingala at binayaang maglaro sa ligalig niyang mukha ang banayad na hangin.

Kay lamig at kay bango ng hanging iyon.

Unti-unti siyang pinanawan ng lumbay at agam-agam, at natiwasay ang pagod niyang katawan. Sa kapirasong lupang ito, na siyang sinilangan ng ama niya, ay napanatag ang kanyang puso.

Palakas nang palakas ang hangin, na nagtataglay ng amoy ng lupa at kay bango ng nakamandalang palay! Naalala ni Danding ang mga kuwento ni Lolo Tasyo tungkol sa kanyang ama, at siya'y napangiti nang lihim. Ang pagsasaranggola sa bukid, ang pagkahulog sa kalabaw, dalaga sa bunton ng palay, ang lahat ay nananariwa sa kanyang gunita. Tumawa nang marahan si Danding at pinag-igi pang lalo ang pagkakasalampak niya sa lupa. Tila isang punong kababaon doon ang mga ugat, siya'y nakaramdam ng pagkakaugnay sa bukid na minsa'y nadilig ng mga luha at umalingawngaw sa mga halakhak ng kanyang ama.

Sa sandaling iyon ay tila hawak ni Danding sa palad ang lihim ng tinatawag na pag-ibig sa lupang tinubuan. Nauunawaan niya kung bakit ang pagkakatapon sa ibang bansa ay napakabigat na parusa, at kung bakit ang mga nawawalay na

anak ay sumasalunga sa bagyo at baha mauwi lamang sa Ina ng Bayan. Kung bakit walang atubiling naghain ng dugo sina Rizal at Bonifacio.

Sa kabila ng mga magigiting na pangungusap ng pambihirang mga pagmamalasakit, at ng kamatayan ng mga bayani ay nasulyapan ni Danding ang kapirasong lupa, na kinatitirikan ng kanilang mga tahanan, kinabubuhayan ng kanilang mga kamag-anak, kasalo sa kanilang mga lihim at nagtatago na pamana ng kanilang mga angkan. Muli siyang napangiti.

Sa dako ng bahay ay nakarinig siya ng mga tinig, at nauulinigan niyang tinatawag ang kanyang pangalan. Dahan-dahan siyang tumayo. Gabi na, kagat na ang dilim sa lahat ng dako. Walang buwan at may kadiliman ang langit. Ngunit nababanaagan pa niya ang dulo ng mga kawayang nakapanood ng paglikha ng unang tula ng kanyang ama, at ang ilang aandap-andap na bituing saksi ng unang pag-ibig nito.

Nagustuhan mo ba ang kuwento? Inaasahan kong napukaw ang iyong damdamin upang balikan at gunitain ang mga pangyayari sa bayan mong sinilangan.

Subukin natin kung naunawaan mo ang iyong binasa. Sagutin mo ang mga inihandang tanong para sa iyo.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Bakit lumuwas ng Malawig si Danding?

_____
_____
_____
_____
_____

2. Kaano-ano ni Danding ang namatay?

_____
_____
_____
_____
_____

3. Paano inilarawan ng may-akda ang bayan ng Malawig?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

4. Kung ikaw si Danding, babalikan mo pa ba ang iyong lupang tinubuan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

5. Kung ikaw ay ipinanganak sa Malawig at nabigyan ng pagkakataon na magtrabaho sa ibang bansa, babalik ka pa ba sa iyong lupang tinubuan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

6. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal sa iyong lupang tinubuan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Gawain 52: Paghahambing
Ilarawan sa pamamagitan ng paghahambing ng iyong lupang tinubuan noon at sa kasalukuyan.

NOON

_____
_____
_____
_____
_____
_____

NGAYON

_____
_____
_____
_____
_____
_____

Balikan natin ang maikling kuwentong iyong binasa upang mapalalim ang iyong pag-unawa sa kuwento. Sagutin mo ang mga inihandang gawain.

Gawain 53: Ikuwento Mo!
Isalaysay mo ang *Lupang Tinubuan* sa pamamagitan ng pagbuo ng *story frame*.
Ang iyong nagawang *story frame* ay i-*post* mo sa iyong *Facebook account*.

Pamagat : _____

Tauhan : _____

Tagpuan / Panahon : _____

Saglit na Kasiglahan : _____

Kasukdulan : _____

Suliranin / Tunggalian : _____

Kakalasan : _____

Wakas : _____

Makikita ang impluwensya ng panitikan bilang tulay upang mamulat ang isipan ng mga Pilipino, malinang ang pagmamahal sa bayan, tao, Diyos, at kalikasan. Hindi magiging mabisa ito kung wala ang mga wikang ginamit.

Gawain 51: ***Picture Analysis***

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Magtala ng mga salitang maglalarawan sa iyong mga nakita.

http://atozallnews.blogspot.com/2010/05/beautiful-tourist-spots-in-world-photos.html

_____
_____
_____
_____
_____
_____

http://www.hickerphoto.com/photos/vacation-spots.htm

_____
_____
_____
_____
_____

http://shakeitfitness.com/benefits-to-eating-fruits-vegetables/

_____
_____
_____
_____

_____
_____

_____
_____
_____
_____
_____

Mula sa :
http://www.fotosearch.com/photos-images/different_2.html#comp.asp?recid=61205740&xtra=

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Tingnan ang iyong sagot. Alam mo ba kung ano ang inilalarawan ng mga ito?
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Anong salita ang ginamit ninyo sa paglalarawan sa lugar ? bagay? hayop? pook? pangyayari?
   _____
   _____
   _____
   _____

_____
_____
_____
_____

3. Ano ang tawag natin sa mga salitang naglalarawan sa pangngalan at panghalip?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Sa bahaging ito ng modyul, pag-uusapan sa araling ito ang mga kaanyuan ng pang-uri. Ano ba ang mga kaanyuan ng pang-uri? Upang masagot ito, magsaliksik sa internet kung ano-ano ang apat na anyo ng pang-uri. I-klik lamang ang *link* na ito: http://www.takdangaralin.com/filipino/pang-uri/pang-uri-kaanyuan-ng-pang-uri/

Isulat sa www.evernote .com ang mahahalagang detalye ukol sa kaanyuan ng pang-uri.

Bago mo gawin ang mga gawaing inihanda, sagutin mo muna ang *IRF sheet.* Sagutin mo ang bahaging R kung saan isusulat mo ang iyong natutuhan.

Gawain 54: *IRF Sheet*

Initial (Dating Kaalaman sa Paksa)	
Revised (Nabagong Pagkaunawa sa Aralin)	
Final (Kabuuan at wastong natutuhan sa aralin)	

Gawain 54: Pagyamanin Mo pa ang Iyong Kaalaman!
Maghanap ng mga pang-uri sa mga piling tula. Isulat sa tamang hanay ang kinaroroonan ng wastong anyo.

1. Hatinggabi, nagbabasa sa malamlam na ilawan,
naglalamay samantalang ang iba ay nahihimlay,
samantalang ang marami'y nasa binggo, nagsusugal,
nasa sine, nasa "night club", naglalasing, nagsasayaw.

2. At lalo nang ang isipa'y gulung-gulo, naghihirap
kung sa kanyang pagtuturo'y pasakit ang niyayakap
pagkatapos na gampanan ang tungkuling iniatas,
ang katawa'y nanghihina't ang tinig ay nababasag.

3. Ang marami'y natutuyo at ang tungo'y sa libingan,
lalo na kung sa iskwela'y mga batang walang galang
ang palagi nang kaharap sa umaga't maghapunan,
mga batang di na kayang patuwirin ng magulang.

4. May sapa at batis
na umaaliw-iw
sa kristal na tubig
ang buntong-hinaing;
sari-saring tinig
ng galak at lagim;
may lamig at init
ng dusa at aliw.

5. O, kung gabi't masalubong
ang mata ay nag-aapoy,
ang silbato sa malayo'y dinig mo pang sumisipol
at hila-hila ang kanyang kabit-kabit namang bagon.

Payak	Maylapi	Inuulit	Tambalan

sa Sagutin ang mga tanong upang mataya ang iyong pag-unawa tinalakay na aralin.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Paano nakatutulong ang tula sa mga manunulat at sa iba pang Pilipino noong Panahon ng Komonwelt?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

2. Bakit gumagamit ng iba't ibang kayarian ng pang-uri ang isang manunulat natin?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

Kumusta? Naisagawa mo ba ang lahat ng gawain? Tunay na nakatutulong ang mga kayarian ng pang-uri upang mas mabisang mailarawan ang tagpuan, mga tauhan, at mga pangyayari sa akda. Ngayong natapos mo na rin ang mga gawaing pampanitikan at pangwika, subukin naman nating tayain ang iyong pag-unawa sa mahalagang konseptong nakapaloob sa aralin.

Gawain 55: Pag-unawa sa Aralin

Sagutin ang mga tanong upang mataya ang iyong pag-unawa sa naging aralin.Paano nakatutulong ang maikling kuwento sa mga manunulat at sa iba pang Pilipino noong Panahon ng Komonwelt para maipakita ang pagmamahal sa tao, kalikasan, at sa Diyos?



Paano nakatutulong sa pagkakaroon ng malawak na pag-iisip ang iba't ibang uri ng panitikan?



Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Sa bahaging ito ng modyul, tinalakay ang tungkol sa panitikan tungkol sa sanaysay at maikling kuwento. Binigyang-diin din ang wika ukol sa iba't ibang uri ng pagpapahayag at ang kayarian ng pang-uri. Ano ang bago mong realisasyong nabuo tungkol sa paksa?

Ngayong malalim na ang iyong pag-unawa tungkol sa paksa, alam kong handa ka na upang isagawa ang inaasahang gawain.

PAGLILIPAT

Ang layunin sa bahaging ito ng modyul ay magamit mo ang iyong natutuhan sa totoong buhay. May inihandang gawain na ilalapat mo ang iyong natutuhan sa totoong buhay.

Sa pagtatapos ng aralin, tingnan mo kung ano ang mga natutuuhan mo?

Gawain 56: Kaya Ko Ito!
Sagutin mo ang mga pagsasanay tungkol sa araling natalakay na.

Panuto A : Ito ay isang tsek list. Lagyan ng tsek (√) ang kahon kung ang pahayag ay paglalarawan (PR), paglalahad (PH), pagsasalaysay (PS) o pangangatwiran (PT).

Pahayag	PR	PH	PS	PT
1. Alam mo hindi naman ako nangongopya eh. Ang sa akin lamang ay nag-aaral ako ng mabuti para balang araw ay makapagtrabaho ako.				
2. Sa isang malayong pook natagpuan ang batang paslit na nakasuot ng gula-gulanit na damit.				
3. Pinuntahan niya ako sa bahay pagkatapos nito ay umalis na siya kasama ang mga kaibigan niya.				
4. Nadatnan kong magulong-magulo ang kanyang kuwarto. Ang mga gamit niya ay nakakalat lamang sa				

sahig. Ni hindi napunasan ang alikabok sa kanyang mesa.				
5. Sinabi ng bata na may nakita siyang taong umaaligid sa tapat ng kanilang bahay tuwing gabi.				
6. Ang sanaysay ay isang maikling komposisyon na kalimitang naglalaman ng personal na kuro-kuro ng may-akda.				
7. Ayon kay Manuel L. Quezon, kailangan magkaroon ng sariling wika ang Pilipinas, isang wikang nakabatay sa isa sa mga katutubong wika.				
8. Sumasang-ayon ako sa panukala ng pamahalaan na sugpuin ang mga ***illegal loggers*** na sanhi na pagkakaroon natin ng kalamidad tulad ng pagbaha.				
9. Masigasig na binalikan ni Rhodora ang mga kaklase niya sa *gym.* Nang narakating siya sa lugar na iyon, tumambad sa kanyang mga mata ang mga ginawa nila. Humihithit sila ng sigarilyo at ang iba sa kanila ay umiinom pa ng alak.				
10. Hindi ako makatulog nang gabing iyon. Nalalaman kong lubhang maalinsangan ang panahon, datapwa't hindi lamang ang kaalinsangan, sa pakiwari ko, ang nakaiiral sa aking katauhan upang lahat ng pagsisikap kong makatulog mauwi sa pagkabigo.				

Panuto B. Bilugan ang titik ng tamang sagot sa sumusunod na mga tanong/pahayag.

1. Ito ay tinawag ni Alejandro G. Abadilla na "pagsasalaysay ng isang sanay."
   a. salaysay
   b. komposisyon
   c. talumpati
   d. sanaysay

2. Bakit ang sanaysay ang may pinakakaunting bilang ng sumusulat at bumabasa?
   a. Malayo ito sa damdamin ng madla.
   b. Napakahirap itong gawin.
   c. Nagmula ito sa ibang bansa.
   d. Hindi tinatangkilik ang paraan ng paglalahad.

3. Paano naiiba ang sanaysay sa iba pang akdang tuluyan?
   a. Ito lamang ang may pangunahing tauhan na naaapi subalit lumalaban.
   b. Mayroon itong isahang yugto.
   c. Tumutugon ito sa interes ng buhay, sa panitikan, at iba pang sining.
   d. Ito ay maaaring pormal dahil nagbibigay ng impormasyon at pamilyar dahil nang-aaliw.

4. Anong uri ng pagpapahayag ang may layuning ipakita ang katangian ng tao, lugar at sitwasyon?
   a. paglalahad
   b. paglalarawan
   c. pagsasalaysay
   d. pangangatwiran
5. Anong bahagi ng panalita ang naglalarawan sa pangngalan at panghalip?
   a. pangngalan
   b. panghalip
   c. pandiwa
   d. pang - uri

Panuto C. : Balikang muli ang talumpati ni Manuel L. Quezon bilang isang uri ng sanaysay. Suriing mabuti kung ang lahat ng katangian ay taglay ng isang mabuting sanaysay. Ipaliwanag ang iyong sagot. At sa pangalawang tanong, anong uri ng sanaysay ito? Paano mo ito nasabi? Isulat ang iyong sagot sa ibaba.

_____
_____
_____
_____

Sa bahaging ito ng aralin, tinalakay ang sanaysay at maikling kuwento sa Panahon ng Komonwelt. Wikang pambansa ang ginamit ng mga manunulat sa panahong ito at lalo pang umunlad ang panitikan dahil sa naipahayag ng mga manunulat ang kanilang saloobin, ideya, at damdamin na nagpapakita ng pagmamahal sa tao, bayan, kalikasan, at sa Diyos.

Gawain 57: *IRF Sheet*

Gamitin ang *IRF sheet* upang isulat ang natutuhan mo sa kabuuan ng araling tinalakay. Sagutan lamang ang bahaging **F** sa tsart na ito.

Initial (Dating Kaalaman sa Paksa)	
Revised (Nabagong Pagkaunawa sa Aralin)	
Final (Kabuuan at wastong natutuhan sa aralin)	

Magaling! Naisagawa mo ang lahat ng mga gawaing inihanda. Ngayong may lubos kang pag-unawa sa aralin, handa ka na sa susunod na gawain.

ARALIN 2.3 : Panahon ng Kasarilan (Tunay na Kasarinlan, Ilalathala sa Kinabukasan)

2.3.1.a Panitikan: ***Ang Paglalayag sa Puso ng Isang Bata***
ni Genoveva Edroza-Matute

b. Wika : **Aspekto ng Pandiwa**

PAGTUKLAS

Maglalakbay ka ngayon sa mundo ng panitikan sa kasalukuyan. Mabibigyang-linaw mo ang kaisipan tungkol sa mga panitikang lumaganap noong Panahon ng Kasarinlan hanggang sa kasalukuyan.

Sa kasalukuyan, nawawalan na ng panhon ang mga kabataan na bumasa ng mga panitikang nakasulat dahil sa mga nagsusulputang makabagong teknolohiya. Makapagbabasa pa ba ang mga kabataang tulad mo ng mga panitikang nagpapalawak ng inyong isipan sa pag-unawa, sa pag-ibig sa tao, bayan, at kalikasan? Nagkakaroon pa ba ang mga tulad mong kabataan ng panahong mabasa ang mga ito upang maimulat ang inyong isipan ukol sa mga akdang pampanitikan?

Simulan ang bahaging ito ng modyul sa pamamagitan ng paggawa ng mga sumusunod na gawain.

Gawain 58 Suri-larawan

I-klik ang mga *link*. Suriin at kilatisin ang mga larawang ipinakikita sa mga *website.*

1. http://litpower.files.wordpress.com/2008/08/img_3758.jpg
2. http://www5.esc13.net/thescoop/speech/files/2012/01/teacher-reading-to-students.jpg
3. http://www.thetutorwhisperer.com/wordpress/wp-content/uploads/2010/08/420_teacher_student.jpg
4. http://images.wisegeek.com/teacher-instructing-students.jpg



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang nakita mo sa larawan?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Ano ang ginagawa ng guro sa kanyang mag-aaral?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

3. Ano ang nagging karanasan mo sa iyong guro? Maganda ba o di kanais-nais na karanasan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

Naibahagi mo na ngayon ang iyong mga karanasan tungkol sa mga araling tinalakay, panahon na upang ibahagi ang iyong kaalaman tungkol sa aralin sa pagsasagawa ng mga gawain.

Gawain 59: *KWL Chart*

Sagutin ang *KWL Chart*. Sagutan lamang ang bahaging K at W.

Aking Nalalaman (What I Know)	Gusto kong Matutuhan (What I want to Know)	Aking Natutuhan (What have I Learned)

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Sa bahaging ito ng aralin, ibinigay mo na ang iyong kaalaman sa maikling kuwentong *Ang Paglalayag sa Puso ng Isang Bata* ni Genoveva Matute, ang tulang *Kalikasan – Saan Ka Patungo* ni Avon Adarna at sa wika tungkol sa kaantasan ng pang-uri at mga pahayag na nagsasaad ng opinyon at katotohanan.

Mapag-aaraln mo ang iba pang konsepto na tutulong sa iyo na matapos mo ang kinakailangang proyekto. Inaasahan kang makasulat ng isang tula upang mapalawak ang iyong isip tungkol sa kapwa, bayan, at kalikasan.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng modyul, layunin mo na matutuhan at maunawaan ang mga mahahalagang konsepto na tutulong sa iyo sa paglinang ng iyong kaalaman sa mga paksang tatalakayin.

Gawain 60: Payabungin Mo!
Piliin sa loob ng pangungusap ang salita o mga salita na kasingkahulugan ng mga salitang nasa loob ng panaklong.

(digmaan) 1. Hanggang ngayon ay hindi pa natatapos ang giyera sa Mindanao.

(nakakintal) 2. Nakatatak sa palaboy na bata na siya ay isang ampon lamang.

(mahabag) 3. Dapat tayong maawa sa mga nilalang na ipinanganak na may pisikal na kapansanan.

(hilingan) 4. Gusto niyang naisin na mag-isa na lamang kaysa sumama sa lalaking walang-asal.

(ipinipinid) 5. Isinasara na ni Josefa ang kanyang puso sa sinumang lalaking manligaw sa kanya.

(sumusulyap) 6. Ang suspek ay pahapyaw na tumitingin sa akin habang siya ay iniimbestigahan ng pulis.

(kalumbayan) 7. Ang kanyang kalumbayan ang siyang nagdulot ng kanyang pagkasakit.

(likumin) 8. Ang mga naipon nating pera ay pagsama-samahin na natin para makabili tayo ng gamit ni nanay.

(yabag) 9. Nagulat ang lola sa ingay na likha ng kanyang paglakad kaya siya ay nagalit.

(napopoot) 10. Nagagalit ako sa tuwing ikaw ay nagsisinungaling sa akin.

Ang husay mo naman! Matagumpay mong nasagutan ang unang gawain. Alam kong handa ka na ngayon upang basahin ang maikling kuwento na isinulat ni Genoveva Edroza-Matute. Heto na't basahin mo ang maikling kuwento ng buhay niya at ang kuwentong isinulat niya na pinamagatang *Paglalayag…sa Puso ng Isang Bata.*

TANDAAN

Si Genoveva Edroza-Matute o mas kilala sa tawag na "Aling Bebang," ay isa sa pinakadakilang manunulat at kuwentista ng panitikang Filipino. Nagtapos ng Bachelor of Secondary Education major in English, master's at doctorate degree sa UST. Si Aling Bebang ay nagkamit ng iba't ibang parangal tulad ng *Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, Gawad Cultural Center of the Philippines para sa Sining (Panitikan), Republic Literary Awards ng National Commission for Culture and the Arts, at Lifetime Achievement Award* para sa Panitikan na iginawad ni dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Ang sumusunod na kuwento ay batay sa katauhan ng isang batang lalaki na naging mag-aaral ni Matute dati. Nagwagi ang akdang ito ng Palanca noong 1955.

Basahin at unawain ang maikling kuwentong *Paglalayag …sa Puso ng Isang Bata.*

Pagbasa 6

Paglalayag…sa Puso ng Isang Bata
ni Genoveva Edroza-Matute

Binata na siya marahil ngayon. O baka ama na ng isang mag-anak. Ito ay kung nakaligtas siya sa nakaraang digmaan…nguni't ayaw kong isiping baka hindi. Sa akin, siya'y hindi magiging isang binatang di-kilala, isang ama, o isang alaala kaya ng Bataan. Sa akin, siya'y mananatiling isang batang lalaking may kaliitan, may-kaitiman at may walong taong gulang.

Pagkaraan ng daan-daang tinuruan, mga sumipot, nanatiling saglit, at lumisan pagkatapos, pagkaraan ng mga taong ang ila'y nagdumali, ang ila'y nagmabagal at ang ila'y nakintal sa gunita, buhay na buhay pa sa aking isipan ang kaniyang mukha at ang kaniyang pangalan. Nguni't ang buhay sa lahat ay ang isang bagay na itinuro niya sa akin, isang araw, nang siya ang aking maging guro, at ako ang kanyang tinuruan.

Isa siya sa pinakamaliliit sa klase. At isa rin sa pinakapangit. Ang bilog at pipis niyang ilong ay lubhang kapansin-pansin at tingnan lamang iyo'y mahahabag na sa kanya ang tumitingin. Kahit ang paraan niya ng pagsasalita ay laban din sa kanya. Mayroon siyang kakatuwang "punto" na nagpapakilalang siya'y taga-ibang pook.

Nguni't may isang bagay na kaibig-ibig sa munti't pangit na batang ito, kahit sa simula pa lamang. Nagpapaiwan siya tuwing hapon kahit hindi na siya hilingan nang gayon. Tumutulong siya sa mga tagalinis at siya ang pinakamasipag sa lahat. Siya rin ang pinakahuling umaalis: naglilibot muna sa buong silid upang pulutin ang mga naiiwang panlinis. Lihim ko siyang pinagmamasdan habang inaayos niya ang mga ito sa lalagyan, ipinipinid, at pagkatapos ay magtutungo sa likod ng mga hanay ng upuan upang tingnan kung tuwid ang bawa't isa. At sa pintuan, lagi siyang lumilingon sa pagsasabi ng, "Goodbye, Teacher!"

Sa simula, pinagtakhan ko ang kaniyang pagiging mahihiyain. Nakikita ko siyang gumagawa nang tahimik at nag-iisa—umiiwas sa iba. Paminsan-minsa'y nahuhuli ko siyang sumusulyap sa akin upang bawiin lamang agad ang kanyang paningin. Habang tinatanaw ko siya tuwing hapon, pinakahuli sa kaniyang mga kasamahan, ay naiisip kong alam na alam niya ang kaniyang kapangitan, ang kakatuwang paraan ng kanyang pagsasalita.

Unti-unti kong napagdugtung-dugtong ang mga katotohanan tungkol sa kanyang buhay. Payak ang mga katotohanan: siya'y isang munting ulilang galing sa lalawigan, lumuwas sa malaking lungsod bilang utusan. At kalahating araw siyang pumapasok sa paaralan upang may makasama sa pagpasok at pag-uwi ang anak ng kanyang panginoon.

Isang mabagal na paraan: ang pag-akit na iyon sa kaniya at ang pagtiyak na siya'y mahalaga at sa kaniya'y may nagmamahal. Napasuot na siya sa mga kaguluhang bahagi ng buhay ng bawa't bata. Nanukso na siya sa mga batang babae. Lalo siyang naging malapit sa akin. Lalo siyang naging maalala at mapagmahal. Maligaya na siya.

Isang araw, nangyari ang hindi inaasahan. Sa paglingon ko sa mga taong nagdaa'y naaamin ko sa sariling ang lahat nang iyo'y aking kasalanan. Mainit noon ang aking ulo,umagang-umaga pa. At ang hindi dapat gawin ay aking ginawa—napatangay ako sa bugso ng damdamin. Hindi ko na magunita ngayon kung ano ang ginawa ng batang iyon na aking ikinagalit. Ang nagugunita ko lamang ngayon ay ang matindi kong galit sa kanya, ang pagsasalita ko sa kaniyang ipinanliit niya sa kanyang upuan. Nalimutan ko ang kanyang pag-iisa, ang kaniyang kalumbayan, ang mabagal na paraan ng pag-akit at pagtiyak sa kanyang siya'y mahalaga at minamahal.

Nang hapong iyo'y hindi siya nagpadulas sa pagitan ng mga hanay ng upuan. Nguni't siya'y nagtungo sa huling upuan upang kunin ang aking tsinelas, upang paghiwalayin ang mga iyon at upang itapat sa aking mga paa. Nagtungo siya sa tindahang katapat upang ibili ako ng minindal at nagpaiwan siya upang likumin ang mga kagamitan sa paglinis at upang ayusin ang mga iyon sa lalagyan sa sulok. Pinagpantay-pantay rin niya ang mga upuan sa bawa't hanay, gaya nang kanyang kinamishasnan. Nguni't hindi siya tumingin sa akin minsan man lamang nang hapong iyon. Naisip ko: Napopoot siya sa akin. Sa munti niyang puso'y kinapopootan niya ako ng pagkapoot na kasintibay ng pagmamahal na iniukol niya sa akin nitong mga huling buwan. Ang isa mang batang namulat sa pag-iisa at sa kalumbayan ng pag-iisa't kawalan ng pagmamahal ay makadarama rin sa kawalan ko ng katarungan. Ngayo'y paalis na siya, ang naisip ko nang may kapaitan sa puso.

Tumagal siya sa pagpapantay sa mga upuan. Na tila may binubuong kapasiyahan sa kaniyang loob. Nagtungo siya sa pintuan at ang kaniyang mga yabag ay mabibigat na tila sa isang matandang pagod. Sa loob ng maraming buwan, ngayon lamang siya hindi lumingon upang magsabi ng, "Goodbye, Teacher." Lumabas siya nang tahimik at ang kaniyang mabibigat na yabag ay lumayo nang lumayo.

Ano ang ginawa kong ito? Ano ang ginawa kong ito? Ito ang itinanong ko nang paulit-ulit sa aking sarili. Napopoot siya sa akin. At ito'y sinabi ko rin nang paulit-ulit sa aking sarili.

Bukas… Marahil, kung pagpipilitan ko bukas…

Biglang-bigla, ang maitim at pipis na mukha ng bata'y nakita ko sa pintuan. Ang mga mata niyang nakipag-salubungan sa aki'y may nagugulumihanang tingin.

"Goodbye, Teacher," aniya. Pagkatapos ay umalis na siya. Nagbalik siya upang sabihin iyon sa akin. Kung gaano katagal ako noon sa pagkakaupo ay hindi ko na magunita ngayon. Ang tangi kong nagugunita'y ang pagpapakumbaba ko sa kalakhan ng puso ng munting batang yaon, sa nakatitinag na kariktan ng kanyang kaluluwa. Nang sandaling yaon, siya ang aking naging guro.

Hinango sa :
http://www.varsitarian.net/filipino/20100831/paglalayag_sa_puso_ng_isang_bata

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Sino ang nagsasalita sa kuwento?
   _____
   _____

_____
_____
_____
_____

2. Paano inilarawan ng guro ang kanyang mag-aaral?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Ano ang mga ginagawa ng mag-aaral sa kanyang guro na siyang ikinatuwa nito?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

4. Ano ang natuklasan ng guro sa pagkatao ng kanyang mag-aaral?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

5. Paano nag-iba ang ugali ng mag-aaral tungo sa kanyang guro?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

6. Tama ba ang ginawa ng guro na pagbuntungan ng galit ang kanyang mag-aaral?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

7. Sa iyong palagay, nakonsensya ba ang guro sa ginawa niya sa kanyang mag-aaral? Patunayan.

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

8. May kilala ka bang guro na kahawig sa nabasa mo? Sa anong paraan naging magkahawig ang kanilang katangian?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

9. Anong mga salita ang laging sinasambit ng mag-aaral na nakakaantig sa pandinig ng guro?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

10. Paano ipinakita ng guro ang kanyang pag-unawa sa kanyang mag-aaral?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Gawain 61: Pagbuo ng Buod
Sa tulong ng grapikong pantulong, ibigay ang buod ng maikling kuwentong *Paglalayag … sa Puso ng Isang Bata.*



_____
_____
_____
_____
_____
_____

Sa pamamagitan ng nabuong mapa ng kaisipan, isulat ang buod ng binasang maikling kuwento sa limang pangungusap.

_____
_____
_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Sa bahaging ito ng aralin, ipinakita ng guro ang kanyang pagma-malasakit, pag-unawa sa kanyang mag-aaral. Tinalakay din dito kung paano napag-isip ng guro ang kanyang maling ginawa. May pagka-kataon din ba sa buhay mo na nagpapakita ka ng pagmamalasakit o pag-unawa sa iyong kapwa?

Ngayong alam mo na kung ano ang nilalaman ng kuwentong binasa, hayaan mong palalimin pa ang iyong pag-unawa sa pagtalakay sa mga kasunod na gawain.

PAGPAPALALIM

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay mabigyang-pansin ang iba pang aspekto ng aralin.

Gawain 62: Pagbuo ng *Character Diagram*

Kilalaning mabuti ang dalawang tauhan sa kuwentong binasa sa pamamagitan ng *character diagram*. Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon.



Sa mga katangiang inilista mo tungkol sa guro, alin sa mga sumusunod ang nais mong taglayin ng iyong mga guro? Bakit?

_____
_____
_____
_____
_____

Anong katangian ng mag-aaral ang nais mong isabuhay? Bakit ?

_____
_____
_____
_____
_____

Natapos mo nang maunawaan ang nilalaman ng kuwentong binasa. Ngayon naman ay alamin moa ng tungkol sa antas ng pang-uri.

TANDAAN

Antas ng Pang-uri

A. ***Lantay*** *- naglalarawan ang pang-uring lantay ng isang pangngalan o panghalip na walang pinaghahambingan.*

Halimbawa:

a. Ang ilong niya ay bilog at pipis.

b. Maligaya na siya.

B. ***Pahambing*** *- nagtutulad ang pahambing sa dalawa o higit pang pangngalan o panghalip.*

Halimbawa:

a. Kapares niya ay isang tupang maamo.

b. Higit na kaakit-akit ang kanyang kapatid kaysa kanya.

** Pahambing na magkatulad*

--- Ipinakikilala ito ng mga panlaping ka-, ga-, sing-/ kasing- /magkasnig - / magsing-

--- Ipinakikilala ang magkapantay na katangian ng dalawang bagay na pinaghahambigan.

Halimbawa:

a. Magkakasinghaba ang mga buhok ng magkakapatid.

** Pahambing na di-magkatulad*

--- Ito ay kung hindi magkapantay ang katangian ng pinaghahambingan.

- ***** Pahambing na palamang *****
  May katangiang nakahihigit sa pinaghahambingan. Ginagamitan ito ng mga salitang *higit* at *lalo* at tinutulungan ng *kaysa* o *kaysa kay.*

  Halimbawa:

  a. Lalong nakabagbag damdamin ang awit na kinanta ni Pilita.

- ***** Pahambing na pasahol *****
  May katangiang kulang o kapos sa pinaghahambingan. Tinutulungan ito ng mga salitang *gaano, tulad ni,* o *tulad ng*.

  Halimbawa:
  a. Di-gaanong malalawak ang mga taniman ng tubo sa Luzon kaysa Negros .

C. ***Pasukdol*** - ang pasukdol ay katangiang namumukod o nagngingibabaw
- Ginagamitan ng mga pantulong na salita / parirala tula ng : *ubod ng, hari ng, saksakan ng, napaka, pinaka* atbp.

Halimbawa :
a. Siya ang pinakamaliit sa klase**.**
b. Ang guro namin ay ubod ng talino.

Gawain 63: Larawan, Ilarawan!
Gamit ang mga larawan, sumulat ng pangungusap na may pang-uri na nasa iba't ibang antas.




Lantay :

Pahambing :

Pasukdol :



Lantay :

Pahambing :

Pasukdol :

Lantay :

Pahambing :

Pasukdol :

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Binabati kita. Talagang buong-buo mong naisagawa ang mga gawain.
Sa bahaging ito, naisakatuparan mong gawin ang ipinagawa sa iyo na may kaugnayan sa maikling kuwento at ang antas ng pang-uri. May mga natanto ka ba sa araling natalakay? Ano ang mga panibagong kaugnayan ang nagawa mo para sa iyong sarili? Paano nakatulong ito sa paggawa mo ng mga pagbabago?

Upang mataya ang iyong mga natutuhan, balikan mo muna ang KWL tsart na sinagutan mo unang bahagi ng araling ito. Sagutan ngayon ang bahaging **L** na kolum.

Gawain 64: ***KWL Chart***
Sagutan mo ang kolum na Aking Natutuhan upang mataya ang iyong natutuhan tungkol sa maikling kuwento at antas ng pang-uri.

Aking Nalalaman (What I Know)	Gusto kong Matutuhan (What I want to Know)	Aking Natutuhan (What have I Learned)

PAGLILIPAT

Sa bahaging ito ng modyul, layunin mo na magamit at mailapat ang iyong natutuhan sa totoong buhay. Bibigyan ka ng isang gawain na magpapakita ng iyong kaalaman.

Gawain 65: Maalala Mo Kaya?

Sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng pagpapahayag, magsalaysay ka tungkol sa isang guro na di mo malilimutan. Gagamitin mo rin ang antas ng pang-uri na iyong natutuhan. Pagkatapos mong sumulat, i-*post* ang ginawa mo sa *website* na *www.evernote.com*. Sundin ang panuto kung paano gagamitin ang evernote:

-I-type ang www.evernote.com
-Hanapin ang "first notebook"
-I-*upload* mo ang iyong salaysay sa *discussion board* at padalhan ng kopya
ang iyong guro

Isulat sa loob ng *discussion board* ang *link* ng ginawa mong salaysay sa evernote.

Pagkatapos mong maisagawa ang gawain, sagutin mo ang inihandang tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang naramdaman mo ng sumulat ka ng kuwento ukol sa iyong guro?
_____
_____
_____
_____

2. Nakatulong ba ang pagsulat mo ng kwento sa naramdaman mo? Paano?
_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Sa bahaging ito ng modyul, lubusan mong nagawa ang mga gawain. Inaasahan ang lubos mong pag-unawa sa maikling kuwento at antas ng pang-uri. Paano nakatulong ang ibinigay na mga gawain upang matanto mo ang katotohanan?

Aralin 2.3.2.a Panitikan: Tula"Kalikasan – Saan Patungo"

ni Avon Adarna

2.3. b.Wika: Opinyon at Katotohanan

PAGTUKLAS

Nasa huling yugto ka na ng modyul. Sa bahaging ito, pag-uusapan natin ang tulang pangkalikasan na *Kalikasan- Saan Ka Patungo?* ni Avon Adarna. Isasama rin ang aralin sa wika tungkol sa opinyon at katotohanan.

Sa bahaging ito, inaasahan kang makasusulat ng isang tula tungkol sa pag-ibig sa tao, bayan, at kalikasan. Titingnan natin kung paano nakatutulong ang tula sa pagkakaroon ng malawak na pag-unawa sa pag-ibig sa tao, bayan, at kalikasan.

Simulan ang bahaging ito sa pagsagot sa inihandang mga gawain.

Gawain 66: Pagsusuri ng Larawan
Tingnan at suriing mabuti ang mga larawan. Isulat sa ibabang bahagi ang iyong napuna.

Larawan A



Puna:

_____
_____
_____
_____

Larawan B

Puna :

_____
_____
_____
_____

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang larawang sinuri mo?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

2. Ano ang napuna mo mula sa dalawang pangkat ng larawan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. May nakikita ka pa bang lugar tulad ng sa unang pangkat ng larawan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

4. Ano ang sanhi ng pagkakaroon ng kapaligiran tulad ng sa ikalawang pangkat ng larawan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

5. Sino ang dapat na managot sa pagkakaroon ng kapaligiran tulad ng nakita mo?

_____
_____
_____
_____

Mahusay mong naisagawa ang gawain. Ngayon naman ay sukatin natin ang iyong kaalaman tungkol sa konsepto ng tula. Sagutin ang Inihandang IRF sheet.

Gawain 67: *IRF Sheet*
Isulat mo ang iyong dating kaalaman tungkol sa konsepto ng tula at sa opinyon at katotohanan. Gamit ang *IRF sheet*. Isulat mo ang iyong sagot sa bahaging **I** (Initial) lamang.

Mapa ng Pagbabago (IRF Sheet)

Initial	
Revised	
Final	

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang iyong nalalaman tungkol sa tula?

_____

_____
_____
_____
_____
_____
_____

2. Nakabasa/ nakapagbigkas o nakapagsulat ka na ba ng isang tula? Paano ka magsulat ng tula?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Pagtuklas

Mula sa iyong paunang sagot tungkol sa tula, mapapalalim ang iyong pag-unawa ukol dito habang sinasagutan mo ang mga inihandang gawain.

Sa pagpapatuloy mong pagsasagawa ng mga inihandang gawain, malilinang ang iyong kakayahan sa pagsuri at pagsulat ng tula.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng modyul, mauunawaan mo ang konsepto ng tula bilang isa sa mahalagang panitikan na nakatulong upang mapalawak at mapalalim ang pag-unawa sa bayan, kapwaa, at sa mundong ginagalawan natin sa kasalukuyan.

Sa puntong ito, tatalakayin sa araling ito ang kalikasan ng tula.

TANDAAN

Ang tula ay isang uri ng panitikan na nagbibigay diin sa ritmo, mga tunog, paglalarawan at mga paraan ng pagbibigay ng kahulugan sa mga salita. Samantalang ang ordinaryong pagsasalita at panulat ay inoorganisa sa mga pangungusap at mga talata, inoorganisa ang tula sa mga yunit na tinatawag na taludtod at saknong

Elemento ng Tula

1. Sukat : Tumutukoy ito sa bilang ng pantig ng bawat taludtod na bumubuo sa isang saknong. Ang pantig ay tumutukoy sa paraan ng pagbasa.

   Hal. Isda – is – da = ito ay may dalawang pantig
   Isda ko sa Mariveles = 8 pantig

   Uri ng Sukat

   a. Wawaluhin – binubuo ng walong pantig sa bawat taludtod
      Halimbawa :
      Isda ko sa Mariveles
      Nasa loob ang kaliskis

   b. Lalabindalawahin - binubuo ng labindalawang pantig sa bawat taludtod
      Halimbawa :
      Ang laki sa layaw karaniwaý hubad
      Sa bait at muni, sa hatol ay salat

   c. Lalabing-animin – labing-anim na pantig sa bawat saknong
      Halimbawa :
      Sari-saring bungangkahoy, hinog na at matatamis
      Ang naroon sa loobang may bakod pa sa paligid

   d. Lalabingwaluhin – binubuo ng labinwalong pantig sa bawat taludtod
      Halimbawa :
      Tumutubong mga palay, gulay at maraming mga bagay
      Naroon din sa loobang may bakod pang kahoy na malabay

   Ang mga tulang may lalabindalawa at labingwalo ay may *cesura* o hati na nangangahulugang saglit na paghinto ng pagbasa o pagbigkas sa bawat ikaanim na pantig.

Halimbawa :

Ang taong magawi / sa ligaya't aliw
Mahina ang puso't / lubhang maramdamin
Tinanong ko siya / ng tungkol sa aking / mga panaginip
Pagdakaý tumugon / ang panaginip koý / Pag-ibig, Pag-ibig

Noong Panahon ng Hapon, may tulang dinala rito ang mga Hapones. Tinatawag itong *haiku*, na may limang pantig lamang sa loob ng isang saknong at katumbas nito sa Filipino ay *tanaga* na may pitong pantig sa loob ng isang saknong.

2. Saknong - ay isang grupo ng mga salita sa loob ng isang tula na may dalawa o maraming linya (taludtod)
   a. 2 linya --- *couplet*
   b. 3 linya --- *tercet*
   c. 4 linya --- *quatrain*
   d. 5 linya --- *quintet*
   e. 6 linya ---- *sestet*
   f. 7 linya --- *septet*
   g. 8 linya --- *octave*

   Ang *couplets, tercet* at *quatrain* ang madalas na ginagamit sa mga tula.

3. Tugma -- Isa itong katangian ng tula na hindi angkin ng mga akda sa tuluyan. Sinasabing may tugma ang tula kapag ang huling pantig ng huling salita ng bawat taludtod ay magkakasintunog. Lubha itong nakagaganda sa pagbigkas ng tula. Nagbibigay sa tula ng angkin nitong himig o indayog.

   Uri ng Tugma
   a. Tugma sa patinig

   Halimbawa :
   Mahirap sumaya
   Ang taong may sala

   Kapagka ang tao sa sayaý nagawi
   Minsaý nalilimot ang wastong ugali

   Upang masabing may tugma sa patinig, dapat pare-pareho ang patinig sa loob ng isang saknong o dalawang magkasunod na salitaan.

a	a	a
a	a	i
a	I	a
a	I	i

b. Tugma sa katinig

1) Unang lipon ---- b, k, d, g, p, s, t
Hal. Malungkot balikan ang taong lumipas
Nang siya sa sinta ay kinapos-palad

2) Ikalawang lipon --- l, m, n, ng, r, w, y
Hal. Sapupo ang noo ng kaliwang kamay
Ni hindi matingnan ang sikat ng araw

4. Kariktan --- kailangang magtaglay ang tula ng marikit na salita upang masiyahan ang mambabasa gayon din upang mapukaw ang damdamin at kawilihan.

5. Talinhaga --- Magandang basahin ang tulang di- tiyakang tumutukoy sa bagay na binabanggit. Sangkap ito ng tula na may kinalaman sa natatagong kahulugan ng tula.

Gawain 68: Magsaliksik Ka!
Gamit ang iyong kaalaman sa makabagong teknolohiya, magsaliksik ka ukol sa anyo ng tula. Ang iyong nakalap na impormasyon ay isulat mo sa www.evernote.com

Maaari ring i-klik ang *link* na ito tungkol sa anyo ng tula http://filipino-tula. blogspot .com/2010/06/ano-ang-mga-anyo-ng-tula.html

Handa ka na ba upang galugarin ang mundo ng tula? Kung gayon, gawin mo ang mga inihandang gawain.

Basahin at unawain ang tulang **Kalikasan- Saan Ka Patungo?** na isinulat ni Avon Adarna.

Pagbasa 7

Kalikasan - Saan Ka Patungo?
ni : Avon Adarna

Nakita ng buwan itong pagkasira,
Mundo't kalisakasan ngayo'y giba-giba,
Ang puno – putol na, nagbuwal at lanta,
Ang tubig – marumi, lutang ang basura.

Nalungkot ang buwan sa nasasaksihan,
Lumuhang tahimik sa sulok ng damdam,
At nakipagluhaan sa poong Maylalang,
Pagkat ang tao rin ang may kasalanan.

Ang hanging sariwa, bilasa na ngayon,
Nasira ng usok na naglilimayon,
Malaking pabrika ng goma at gulong,
Sanhi na ginawa ng pagkakataon!

Ang dagat at lawa na nilalanguyan
Ng isda at pusit ay wala nang laman,
Namatay sa lason saka naglutangan,
Basurang maburak ang siyang dahilan!

Ang lupang mataba na bukid-sabana,
Saan ba napunta, nangaglayag na ba?
Ah hindi… naroon… mga *mall* na pala,
Ng ganid na tao sa yaman at pera.

Mga sapa at ilog sa **Kamaynilaan**,
Ginawa na ng tao na basurahan,
At kung dumating ang bagyo at ulan,
Hindi makakilos ang bahang punuan.

Ang tao rin itong lubos na dahilan,
Sa nasirang buti nitong **kalikasan**,
At darating bukas ang ganti ng buwan,
Uunat ang kamay ng Poong Lumalang!

Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang nilalaman ng tula?
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Paano inilarawan ng may-akda ang ating kalikasan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Sino ang sinisisi ng may-akda sa mga pangyayari sa ating kalikasan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

4. Sino ang nakasaksi sa mga pangyayaring nagaganap sa ating kalikasan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

5. Ano ang kanyang nasaksihan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

6. Ano ang naramdaman ng Buwan sa kanyang nasaksihan? Bakit?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

_____
_____

7. Sino ang kasama ni Buwan sa kanyang nasaksihan ukol sa ating kalikasan?
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

8. Ayon sa akda, ano ang naging dahilan kung bakit naging ganito na ang nangyayari sa ating paligid?
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

9. Sa iyong palagay, maagapan pa kaya natin ang problemang kinaharap ng ating kalikasan?
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

10. Ano ang pangunahing layunin ng may-akda kung bakit niya isinulat ang tulang ito?
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

11. Anong damdamin/ kaugaliang masasalamin sa tula ng may-akda?Paano niya ito
ipinakita sa akdang isinulat?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

12. Paaano nakatulong ang tulang ito upang mapukaw ang kaisipan mo sa pagkakaroon ng pag-unawa sa iyong kalikasan?

_____
_____
_____
_____
_____

Ngayong naunawaan mo na ang nilalaman ng tula, suriin mo ngayon ang elemento ng tulang iyong binasa.

Gawin mo ang mga inihandang gawain.

Gawain 69: Pagbuo ng Balangkas

Buuin ang balangkas ng tulang *Kalikasan … Saan Ka Patungo*. Isulat ang katangian at elemento nito sa inihandang grapikong pantulong.

Kalikasan …. Saan Ka Patungo?

Uri ng Tula : _____

Uri ng Taludturan : _____

E L E M E N T O NG T U L A

Sukat :	**Tugma:**	**Talinghaga:**	**Simbolismo:**

Mahalagang Kaisipan :

_____

_____

_____

_____

_____

Mayroon ka na ngayong pag-unawa tungkol sa katangian ng tula at elemento nito. Dagdagan pa natin ang iyong kaalaman ukol sa mga pahayag na nagsasaad ng katotohanan at opinyon.

May mga pagkakataong ang tao ay nagbibigay ng kaniyang sariling opinyon o haka- haka sa mga paksang pampolitika o maging sa pangyayaring nagaganap sa lipunan o kahit sa mga pang-araw-araw na pakikipagtalakayan. At may pagkakataon din namang kailangang maglahad ng katotohanan. Mahalagang mauri ang mga pahayag na maririnig kung ito ba ay opinyon o katotohanan.

Opinyon

- Matatawag na opinyon ang mga pahayag mula sa mga paliwanag lamang batay sa mga totoong pangyayari. Ang opinyon ay mga impormasyon na batay sa saloobin at damdamin ng tao. Nag-iiba ang mga ito sa magkakaibang pinagmumulan ng impormasyon at hindi maaaring mapatunayan kung totoo o hindi.
- Ginagamitan ito ng mga salita o parirala tulad ng: *sa aking palagay, sa nakikita ko, sa pakiwari ko, kung ako ang tatanungin, para sa akin, sa ganang akin* atbp.

Halimbawa:
1. Kung ako ang tatanungin, mahalaga na pangalagaan natin ang pagtitiwala ng isa't
   isa.
2. Sa aking palagay, magiging tahimik lamang ang buhay ng tao kung siya ay may
   pananalig sa Diyos.

Katotohanan

- Ang mga pahayag na may katotohanan ay kadalasang sinusuportahan ng pinagkunan. Ang katotohanan ay mga impormasyon na maaaring mapatunayang totoo. Bihira itong magbago mula sa isang pinagmumulan ng impormasyon sa iba pa.

- Ginagamitan ito ng mga salita o parirala tulad ng: *batay sa*, *resulta ng*, *pinatutunayan ng*, *pinatutunayan ni, sang-ayon sa, mula kay, tinutukoy na*, atbp.

Halimbawa:
1. Batay sa tala ng Department of Education, unti-unti ng nababawasan ang mga *out- of school youth.*
2. Mababasa sa naging resulta ng pananaliksik ng mga ekonomista na unti-unting umuunlad ang turismo ng ating bansa.

Gawain 70: Sa Iyong Palagay…
Ibigay mo ang iyong sariling opinyon batay sa binasang tula na *Kalikasan… Saan Ka Patungo*?

1. Saan nga ba patungo ang ating kalikasan sa mga nangyayari sa kasalukuyan?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Darating ba ang bukas na ang lahat na magandang biyaya ng Diyoos ay kukunin Niya? Patunayan.

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

3. Lahat ba ng tao ay ganid kaya nangyayari ang mga di-kanais-nais sa ating kalikasan? Ipaliwanag.

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

Gawain 71: May Katotohanan nga Ba Ito?
Pangatwiranan ang mga pahayag na nagsasaad ng katotohanan.

1. Maraming Pilipino ang namatay noong dumaan ang bagyong Yolanda.

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Karamihan sa lupang sakahan sa ating bansa ay ginagawa ng subdibisyon at pinapatayuan ng mga malalaking gusali.

_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Ang pamahalaan natin ay may malaking papel upang maagapan ang kinakaharap
natin sa ating kalikasan.

_____
_____
_____
_____
_____
_____

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Paano natin malulutas ang problema natin sa ating kalikasan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

2. Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa paglutas ng problemang ito?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

_____
_____

3. Nakatutulong ba sa iyo ang binasang tula sa pag-unawa mo sa kalagayan ng ating kalikasan? Paano?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Natapos talakayin ang katangian at elemento ng tula sa bahaging ito ng modyul. Tinalakay din ang pagbibigay ng katotohanan at opinyon.

Naragdagan ba ang iyong kaalaman ukol sa mga konseptong nais mong matutuhan? Alin pa sa mga kaisipan ang kailangan mong magkaroon ng kalinawan?

Ngayong may pag-unawa ka na sa aralin, ipagpapatuloy natin na palalimin ang iyong kaalaman.

PAGPAPALALIM

Sa bahaging ito ng modyul, higit na palalalimin ang iyong pag-unawa sa tula.

Sagutin mo ang mga inihandang gawain.

Gawain 72: Picto-suri

Tingnan at suriin ang mga larawan sa ibaba. Sagutin ang mga inihandang tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang ipinapakita ng larawan?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Bakit nagkaganito na ang ating kapaligiran/ kalikasan?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

3. Sino sa palagay mo ang dapat sisihin sa ganitong pangyayari? Bakit?

   _____
   _____
   _____
   _____

_____
_____
_____
_____

Mahusay mong nasuri ang mga larawan tungkol sa pagkasira ng ating kapaligiran/ kalikasan. May isa pang tula na iyong susuriin upang higit na mapalalim ang iyong pag-unawa sa tula.

Gawin mo ang mga inihandang gawain upang higit kang mahasa sa pagsusuri ng tula.

Basahin at suriin mo ang isa pang tula. Sagutin mo ang mga inihandang tanong.

Pagbasa 8

Natatapos ang Unos
ni: Avon Adarna

1 Muntik nang maulol
2 Sa panahong masungit
3 Mga ibon sa burol
4 Hayag ang hinanakit
5 Sapagkat biyaya'y naglaho
6 Sa tubig at bato
7 Hindi nagmilagro.

8 Hindi nagpaawat
9 Kahit kaunti
10 Hindi naampat
11 At walang pagngiti
12 Nagbabawas yata
13 Ng mga kaluluwa
14 Kakalusin ng luha.

15 Natuliro sa hampas
16 Sa habagat at amihan
17 At ang mga talipandas
18 Walang masulingan
19 Nadamay na tuloy
20 Ang mga palaboy
21 Nahulog din sa kumunoy!

22 Ngunit naglubay na
23 Ang galit ng langit
24 Nagsawa na yata
25 Sa pagsanib ng tikatik…
26 Sa bubungan

27 Sa dalampasigan
28 At mga kapatagan.

29 At napagod ding lubos
30 Ang mga butil
31 Na halos di maubos
32 Pagkat sutil at suwail
33 Na dumadapo
34 Sa makahiyang damo
35 At usbong sa ibayo.

36 Hinayaan na
37 Muling maghari
38 Sa gitna ng nasa
39 Ang kinang ng buti
40 At alab ng pagsalakay
41 Ng init ng liwayway,
42 Sa daigdig ng mga buhay!

43 Nakaantabay pa
44 Sa himpapawid
45 Ang mga ulap
46 Na kakalat-kalat,
47 At ibig magsayaw
48 Kapiling ang mga uhaw
49 Na kaluluwang ligaw.

50 Nakaungos ng mainam
51 Ang hiwaga
52 At misteryong makinang
53 Sa pagkakadapa
54 Nagpilit tumayo
55 Sa ibabaw ng mundo
56 Pati sa impiyerno!

57 Bukas ng umaga
58 Lilikwad ang buwan
59 Upang makasama
60 Kahit sa kaliwanagan
61 Ang titig at tingin,
62 Ng mapusyaw na hangin
63 Sa nangangakong bukirin!

64 Sa gabi maghahari
65 Ang araw na pinuno,
66 At ang bahaghari
67 Sabik na uupo
68 Sa mga tala at bituin
69 Na siyang iibigin
70 At kakatalikin!

71 Hindi na malulunod
72 Sa lakas ng hidwang sigalot
73 At hindi mauulila sa anod
74 Ang rosas at talulot

75 Pagkat lupit, nalalaos
76 Dusa'y nauubos
77 Natatapos ang unos!

Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang paksa ng tula?

_____
_____
_____
_____

2. Ano ang nais ipahiwatig ng may-akda sa pagsulat niya ng tula?

_____
_____
_____
_____

3. Anong uri ng tula ang binasa? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____

4. Ang lahat ba ng elemento ng tula ay makikita sa binasa mo? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____

5. Ano-ano ang pagkakaiba ng tulang *Kalikasan… Saan Ka Patungo?* sa tulang *Natatapos ang Unos?*

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

6. Ano naman ang pagkakatulad ng dalawang tula?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

7. Batay sa dalawang tulang nabasaa at nasuri mo, ano ang epekto sa ating mga tao kung hindi natin pinapangalagaan ang ating kalikasan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

8. Paano naantig ang iyong damdamin sa pagkakaroon mo ng malawak na pag-unawa sa ating kalikasan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Gawain 73: Pakikinig sa Manunulat !
Panoorin ang *video* ng mga batang manunula. Bigyang-pansin ang paraan nila ng pagtula at ang kanilang ekspresyon ng kanilang mukha. I- klik ang mga *website* na ito :

https://www.youtube.com/watch?v=7HY-SZjP6bo
https://www.youtube.com/watch?v=6zn2PZU16UM

Pagkakataon mo naman ngayon na bumigkas ka ng tula.

Gawain 74: Bigkas Tula !
Pag-ensayuhan nang mabuti ang ilang linya ng tula. Bigkasin nang may damdamin. Dapat wasto ang pagbigkas ng mga salita. I-post sa *Facebook* ang iyong ginawang pagbigkas ng tula.

1. Sa gabi maghahari
Ang araw na pinuno,
At ang bahaghari
Sabik na uupo
Sa mga tala at bituin
Na siyang iibigin
At kakatalikin!

2. Hinayaan na
Muling maghari
Sa gitna ng nasa
Ang kinang ng buti
At alab ng pagsalakay
Ng init ng liwayway,
Sa daigdig ng mga buhay!

3. Hindi nagpaawat
Kahit kaunti
Hindi naampat
At walang pagngiti
Nagbabawas yata
Ng mga kaluluwa
Kakalusin ng luha

Isang pagbati sa mahusay mong pagsasagawa ng mga gawain. Natutuhan mo lahat ang mga konsepto kung kaya't panahon na upang balikan mong muli ang *IRF chart*.

Gawain 75: ***IRF Chart***

Gamit ang IRF, isulat mo sa bahaging R ang mga natutuhan mo sa araling natalakay na tungkol sa tula.

Map of Conceptual Change IRF

Initial	
Revised	
Final	

Ano ang iyong realisasyon sa paksang tinalakay? Ano ang iyong napagtanto sa tinalakay na paksa na maiuugnay mo sa iyong sariling karanasan? Sa paanong paraan nakatulong ang mga kaugnayang ito sa iyo?

Malalim na ang iyong pag-unawa sa aralin, handa kang gawin ang mga hamong ibibigay sa iyo. Sagutin ang mga gawaing inihanda.

PAGLILIPAT

Sa bahaging ito ng modyul, ililipat mo ang iyong natutuhan sa totoong buhay. Bibigyan ka ng isang praktikal na gawain na magpapakita ng iyong kaalaman.

Gawain 76: Pagsulat ng Akdang Pampanitikan

TASK

May mga napapanahong tema o isyu na higit na kailangang malaman ng kabataan. Bilang isa ka sa kanila, may adbokasiyang ipaalam o ipabatid ito nang malinaw sa mga mamamayang Pilipino upang kanilang mabigyang-pansin o mabigyang-atensyon. Ang grupo ng Writers' Guild ng mga Batang Pinoy sa inyong lugar ay naglalayong magkaroon ng patimpalak sa paggawa ng tula tungkol sa pag-ibig sa tao, bayan o kalikasan. Ang mapipiling tula ay ilalathala sa isa sa mga pinakatanyag na Book Company. Ang gagawin mong tula ay ibatay sa mga sumusunod na pamantayan: gamit ng elemento ng tula, angkop na paggamit ng mga salita, baybay ng mga salita, at pagkakaugnay ng mga ideya.

Rubrik sa Pagsulat ng Tula

Krayterya	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Pasimula (2)	Kailangan ng Pagbabago (1)
GAMIT NG MGA ELEMENTO NG TULA	Lutang na lutang ang ebidensya na ang lahat na elemento ng tula ay nakapa-loob sa tulang ginawa na nakapagbibigay - linaw sa diwa	Ang lahat ng elemento ng tula ay nakikita na nakapagbi-bigay diwa sa kabuuan ng tula	May 2-1 kulang na elemento ang tula kaya hindi masyadong maintindihan ang diwa ng tula	Hindi maganda ang pagka-kagawa ng tula dahil sa kulang na kulang ang mga elemento
ANGKOP NA PAGGAMIT NG MGA SALITA	Bukod-tangi ang mga salitang ginamit sa pagpapa-lutang ng diwa ng tula	Ang lahat na mga salitang ginamit ay angkop sa pagpapalutang ng diwa ng tula	May ilang salitang hindi nagagamit ng tama sa pagbuo ng diwa ng tula	Ang mga salitang ginamit ay hindi angkop sa paksang inilalahad
BAYBAY NG MGA SALITA	Lahat ng mga salita ay naisusulat nang malinaw at may tamang baybay	Tama ang baybay ng mga salita	Malabo ang pagkakabay-bay ng ilang salita	Halos lahat ng mga salita ay may maling baybay
PAGKAKA-UGNAY NG MGA IDEYA	Malinaw ang pagkakaugnay ng mga ideya sa bawat saknong ng tula	Magkakaugnay ang lahat ng mga ideya sa bawat saknong ng tula	Hindi naging malinaw ang pagkakaugnay ng mga ideya kaya hindi	Walang kaugnayan ang mga ideya kaya hindi nabuo

			maintindihan ang tula	ang diwa ng tula

Binabati kita! Nagawa mong mahusay ang huling gawain na tutulong sa iyong mailapat ito sa totoong buhay.

Ngayon, balikang muli ang *IRF Chart* upang mataya ang iyong pag-unawa sa aralin.

Gawain 77: *IRF Chart*

Gamit ang *IRF chart*, isulat mo sa bahaging F ang lahat na natamo mong pag-unawa tungkol sa tula at opinyon at katotohanan sa katapusang aralin ng modyul na ito.

Map of Conceptual Change IRF

Initial	
Revised	
Final	

Gawain 78: Magtseklist Tayo!

Lagyan lamang ng tsek (√) ang mga paksa/ kasanayang iyong natutuhan sa kabuuan ng modyul .

Mga Paksa / Kasanayan	**(√)**
1. Balagtasan	
2. Sarsuwela	
3. Sanaysay	
4. Maikling Kuwento	
5. Tula	
6. Pagsang-ayon at Pagsalungat	

7. Aspekto ng pandiwa	
8. Iba't ibang Paraan ng Pagpapahayag	
9. Kayarian ng Pang-uri	
10. Antas ng pang-uri	
11. Pagbibigay Opinyon at katotohanan	
12. Pagsulat ng tula	
13. Pagsaliksik Gamit ang Internet	

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Tunay ngang napagtagumpayan mong sagutin at isagawa ang mga gawain sa modyul na ito. Nakatulong ba ang lahat ng mga gawain upang masagot mo ang mahalagang tanong? Paano nakatutulong ang ibang akdang pampanitikan sa pagkakaroon ng malawak na pag-iisip sa pag-unawa sa pag-ibig sa tao, sa bayan, at kalikasan?

PANGHULING PAGTATAYA

Narating mo na ngayon ang katapusang bahagi ng modyul, ang panghuling pagtataya. Sagutin ang lahat ng tanong batay sa iyong napag-aralan. Pindutin lamang ang titik ng pinakatamang sagot. Kung mataas ang iyong makukuhang iskor at makakapasa ka ay magpapatuloy ka sa susunod na modyul. Subalit kung ang iyong nakuhang iskor ay hindi pasado, kinakailangang ulitin ang mga bahagi ng modyul na ito na hindi mo naunawaan.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong, I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ang tula ay isang anyong pampanitikan na _____ ng buhay, hinango sa guniguni, _____ sa aming damdamin at _____ sa pananalitang may angking aliw-iw. Anong angkop na mga pandiwa ang gagamitin na nasa aspektong imperpektibo ang bubuo sa diwang nasa taas?
   a. maglarawan- parating- pinahayag
   b. naglarawan- pinarating- pinahahayag
   c. naglalarawan- pinararating- pinahahayag
   d. maglalarawan- pararating- pahahayag

2. Aling pangungusap ang may pandiwang nasa aspektong kontemplatibo?
   a. Maigi niyang ginawa ang kanyang gawain sa kanyang mga asignatura.
   b. Hindi mo na ngayon matanto ang mga iniisip ng mga kabataan.
   c. Hahayaan mo na lang ba na lalait-laitin ka ng iyong kapwa?
   d. Lagi ko namang sinusunod ang mga gusto mo ah.

3. Sa pagbukas ng tabing ay makikita ang salas ng inuupahang aksesorya ng mga Cortez sa Sta. Cruz, Maynila. Maluwang ang salas na kakikitaan ng mga mamahali't makabagong muwebles, telebisyon, *wifi* atb. Kaagad mahihinuhang may mabuting panlasa ang mga nakatira rito". Anong uri ng pahayag ang akdang nabasa?
   a. paglalahad
   b. pagsasalaysay
   c. paglalarawan
   d. pangangatwiran

4. Batay sa piling saknong sa ibaba, ano ang hinuhang maibibigay mo sa kahulugan nito?

Walang mahalagang
hindi inihandog
ng may pusong mahal
sa Bayang
nagkupkop, dugo,
yaman, dunong,
katiisa't pagod
buhay ma'y abuting
magkalagot-lagot.

a. Ang taong may wagas at dalisay na pagmamahal sa bayan ay handang mag-alay ng sarili para sa tinubuang lupa.
b. Yaman, dugo, at talino ang kailangan upang ang bayan ay mahango sa pagkakaalipin.
c. Matatalino at mayayamang tao lamang ang maaaring maglingkod sa bayan.
d. Dapat ibuwis muna ng tao ang kanyang buhay para maipakita ang pagmamahal sa bayan.

5. Isang gabi, napagalitan ka ng iyong nanay dahil gabi kang umuwi sa inyong bahay. Hinanap ka niya sa bahay ng iyong kaklase ngunit wala ka naman doon. Hindi na niya alam kung saan ka hahanapin. Kung ano-ano na ang pumapasok sa kanyang isipan. Kahit ang iyong *cellphone* ay hindi niya matawagan. Balisa na siya dahildelikado ang daan papunta sa inyong bahay. Lingid sa kaalaman ng nanay mo ay nasira ang gulong ng sinasakyan mong traysikel. Paano mo mailalahad ang iyong pangangatwiran sa iyong nanay sa isang magandang paraan?
   a. 'Nay, bakit ka nagalit? Wala namang may nangyari sa akin. Alam mo namang uuwi ako kaso lang ginabi ako dahil sa nasira ang gulong ng traysikel.
   b. 'Nay, pasensiya na po. Hindi ko sinasadyang umuwi ng gabi kaso po nasira ang gulong ng traysikel na sinasakyan ko. Naghintay po kami ng isa pang traysikel na masasakyan.
   c. 'Nay, alam mo ganito po ang nangyari. Noong sumakay ako sa traysikel ay napadaan po kami sa lubak-lubak na kalsada. Pagkatapos po ay biglang huminto ang traysikel. Tiningnan ng drayber kung ano ang nangyari at nakita niyang nasira pala ang gulong nito. Humingi po siya ng tulong sa kaibigan niyang drayber din.
   d. Sa isang masikip at madilim na lugar kami dumaan. Walang katao-tao sa lugar na iyon. Tanging maliliit na ilaw sa malayo ang iyong matatanaw. Kaunti rin ang mga sasakyang dumaraan. Hindi ko alam kung saang lugar dumaan ang drayber. Sabi niya, iyon raw ang pinakamalapit na daanan papauwi.

6. Aling pangungusap ang may pang-uring nasa kaantasang pasukdol na naglalarawan sa katauhan ni Dr. Jose Rizal?
    a. Ang mga sinabi niya ay sobrang nakalilito.
    b. Napakalinaw magsalita ng ating mananalaysay.
    c. Hindi ko akalain na ang hirap-hirap palang gumuhit ng tao.
    d. Napakabata pa niya noong siya ay magsimulang magsulat.

7. Magdamag na hindi nakatulog ang nanay dahil sa nagbantay siya sa anak na maysakit. Ano ang aspekto ng pandiwang nakasalungguhit?
    a. Pawatas
    b. Perpektibo
    c. Imperpektibo
    d. Kontemplatibo

8. Aling pahayag ang nagsasaad ng paglalahad?
    a. Sinundan ng pulis ang holdaper na pumasok sa loob ng gubat.
    b. Hindi si Resty nakapasok sa paaralan dahil nag-away sila ng tatay niya.
    c. Ang balagtasan ay isang uri ng pagtatalo ng dalawang magkaibang panig ukol sa isang paksa.
    d. Sinunog ng mga kawani ng pamahalaan ang gabundok na basura na matatagpuan sa Sitio Malinis.

9. Naghanda ang inyong klase ng isang madulaing pagsasalarawan. Ang bawat isa sa inyo ay nabigyan ng papel na gagampanan. Nagkataong si Sisa bilang tauhan ng *Noli me Tangere*. Paano mo mailalarawan si Sisa noong siya ay buhay pa?
    a. Si Sisa ay isang inang pinagkaitan ng lipunan na lumigaya sa piling ng kanyang asawa at anak. Siya ay isang ina na handang mamatay para sa kanyang mga anak, gagawin ang lahat para maibigay lamang ang
    pangangailangan nila. Bilang asawa, matiisin siya. Hindi niya pinatulan ang kanyang asawa.
    b. Iniwan siya ng kanyang asawa't anak isang gabing madilim. Hinuli ng mga kawal ang kanyang dalawang anak dahil pinagbintangan silang nagnakaw.
    c. Isang gabing madilim, umuwi si Sisa sa kanilang tahanan. Hindi niya nadatnan ang kanyang dalawang anak. Hindi niya ito makita kaya humantong sa pagkabaliw ni Sisa.
    d. Hindi na makatiis si Sisa sa ugali ng kanyang asawa. Iniwan niya ito at pumunta sa malayong lugar na kung saan walang may nakaalam sa kanya.

10. Napag-usapan sa inyong klase ang tungkol sa mga bayani dahil ito ay may kaugnayan sa pagdiriwang ng Araw ng mga Bayani. Tinanong ka ng iyong

guro na ilarawan ang bayani noon sa bayani ngayon. Paano mo mailalarawan ang bayani noon kaysa ngayon gamit ang tamang antas ng pang-uri?

a. Ang tinagurian nating mga bayani ay siyang nagbuwis ng kanilang buhay.
b. May iba't ibang paraan na ngayon upang maging bayani kaysa noon.
c. Upang tawagin kang bayani, kailangan mong maging matapang.
d. Katangi-tangi ang tawagin kang isang matapang at masigasig na bayani ng ating bayan.

11. Ang inyong paaralan ay may ilalathalang isang libro at isa ka sa manunulat ng tula na bahagi ng pahinang pampanitikan. Ang tulang isusulat ay kailangang angkop sa mga kabataang tulad mo. Mahalaga sa pagsulat ang isaalang-alang ang mga mahalagang elemento ng tula upang masiguradong magugustuhan ng mga hurado ang isusulat mo. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahalagang dapat mong isaalang-alang?
    a. Talinghaga at simbolismo sa tula
    b. Elemento ng tula at isyung panlipunan
    c. Sukat, tugma, taludtod sa saknong ng tula
    d. Imahe, panauhan, at pagpili ng salita

12. Alin sa mga taludtod ng tula ang nagtataglay ng elementong matalinhaga?
    a. Ang larawan ay tila isang krus na nakadipa.
    b. Ito ang pugad ng mga ibon ng pag-ibig.
    c. Napapaligiran ng mga bato ang paligid.
    d. Larawan ng isang bagay na walang buhay.

13. Magdaraos ng pagpupulong ang mga mambabatas ng inyong lungsod. Layunin nitong magbigay-alam sa mga mamamayan lalong-lalo na sa mga kabataang tulad mo ukol sa mga nagaganap na isyung panlipunan sa kasalukuyan. Naimbitahan ka na dumalo dahil kumakatawan ka sa grupo ng mga kabataan sa inyong barangay. Pag-uusapan sa pagpupulong na ito ang Presidential development Assistance Fund (PDAF) ni Pangulong Aquino. Binigyan ka ng pagkakataong tumayo bilang isa sa mga mambabatas. Bilang isang mambabatas, anong sasabihin mong pagsang-ayon sa isyung PDAF ni Pinoy?
    a. Tama lang na bigyan ng PDAF ang mga senador para sa gayon ay matustusan ang mga pangangailangan ng bawat lungsod. Sa pamamagitan ng PDAF ay naragdagan ang mga imprastraktura ng ating bansa at lalong gumanda ang mga daan sa mga liblib na pook/ lugar sa ating bansa.
    b. Mali naman kasi ang mga senador. Ang PDAF na ibinibigay sa kanila ay ginagamit nila sa kanilang sarili lamang. Kaya tuloy ang masama nilang baho ay nailantad sa publiko.
    c. Hindi tama na magbigay pa ng PDAF ang pangulo sa mga senador kasi ito ay naging sanhi lamang ng korapsyon sa ating bansa. Ang

pondong nakalaan sa kanila ay hindi naman napupunta sa proyektong paggagamitan.

d. Di ako sumang-ayon na bigyan pa ng PDAF ang mga senador kasi pera ito ng mga mamamayan at dapay ay isauli ito sa kanila dahil malaki rin ang buwis na ibinabayad nila lalo na sa mga pribadong ahensiya.

14. Masyado ng problemado si Aling Kriselda. Hindi na niya alam kung ano na ang mangyayari sa kanyang anak kaya nasabi niya ito sa Panginoon. “Mahabaging ginoo, kayo na po ang bahala sa akin kulang-palad na anak. “ Anong damdamin ang nais ipaabot ni Aling Kriselda?
    a. nagmamakaawa
    b. nagbibilin
    c. nagmamalasakit
    d. nag-aatubli

15. Dahil sa dami ng mga mamamayan na sakop sa inyong barangay, hindi maiwasan ang gulo at di pagkakaunawaan. Naisipan ng inyong punong - barangay na magtayo ng isang lupon na tutulong sa pag-ayos ng mga gulo at iringan para mapanatili ang kapayapaan sa inyong barangay. Inanyayahan ka na maging isang lupong taga-pamayapa. Ang tungkulin mo ay makinig at magbigay ng panukala o payo sa dalawang panig na nag-aaway.Isa ka sa mga lupon ng inyong barangay, paano mo sila mapapaliwanagan at mapagbabati?
    a. Bakit kayo nag-aaway? Wala na ba kayong magagawang mabuti sa buhay ninyo?
    b. Ay naku! Ang hirap na ng buhay ninyo. Dinaragdagan pa ninyo ang inyong mga problema. Hala! Magsiuwi na kayo at atupagin ninyo ang inyong paghahanapbuhay.
    c. Baka gusto mo munang pakinggan at pag-isipan ang mga paliwanag ng iyong kapitbahay para maunawaan mo kung bakit niya nagawa ang mga bagay na hindi mo nagustuhan.
    d. Sa palagay mo magiging masaya ba ang mga anak ninyo kung patuloy kayong nag-iiringan? Ano kaya kung patawarin na lang ninyo ang isa’t isa para maging maayos naman ang inyong pagsasama at maging masaya ang inyong mga anak.

16. Isang gabi ang iyong kapatid ay pinagalitan ng iyong magulang. Umaga na siya kasing umuwi sa inyo na hindi man lang nagpaalam. Nagalit ang iyong magulang sa ginawa niya. Ang masaklap pa doon ay sumagot-sagot pa siya sa kanila kaya lalong tumindi ang galit nila kaya siya ay pinalayas. Bilang isang kapatid, alin sa sumusunod dapat mon gawin?
    a. Kausapin ang iyong magulang na patawarin at pabalikin sa bahay ang iyong kapatid.

b. Samahan ang iyong kapatid kung saan man siya pumunta at huwag ipaalam sa inyong magulang.
c. Hayaan na lamang ang iyong kapatid sa kanyang naging desisyon.
d. Kausapin at payuhan ang iyong kapatid na umuwi na sa inyong bahay at humingi ng tawad sa inyong magulang.

17. Kung mabibigyan ka ng pagkakataong sumali sa paligsahan sa pagsusulat ng tula. Paano mo mahikayat ang mga mag-aaral na basahin ang isinulat mong tula?
    a. Pipillin kong paksa ang kinahihiligan ng mga kabataan.
    b. Gawin kong maikli, maayos, at kawili-wili ang paksa.
    c. Gawing maikli upang madaling basahin.
    d. Gagamitan ng simbolismo na may kahulugan sa mapanuring isipan ng mambabasa na maaaring magsilbing inspirasyon.

18. Si Marissa at ang kanyang ina ay nag-usap isang gabi. Ikinuwento ni Marissa ang tungkol sa naramdaman niya sa kanyang lalaking kaklase. Sinabi pa niya sa kanyang ina na kapag nakikita niya ang kanyang kaklase ay kumakaba ang kanyang dibdib. Hindi kumibo ang nanay ni Marissa subalit pinayuhan siya ng kanyang ina na huwag munang pumasok sa anumang relasyon dahil siya ay bata pa. Binalaan siyang huwag magpakasal ng maaga.
    a. Si Marissa ay may sakit sa puso.
    b. Si Marissa ay nakaramdam ng kapayapaan.
    c. Si Marissay ay nagsisimulang umibig.
    d. Si Marissa ay laging nag-eehersisyo.

19. Ano ang kahulugan ng saknong sa ibaba?

Halos mawalan ng ulirat si Maria Sa takot sa higanteng di maiwasan; Mabilis na inisip Kung paano matatakasan…

    a. Ayaw makita ni Maria ang higante at siya ay nagtago.
    b. Nawala sa sariling pag-iisip si Maria sa ginawa ng higante.
    c. Natakot si Maria sa higante kaya't nag-isip siya ng paraan para makatakas.
    d. Hindi na maiwasan ni Maria ang nakatakas na higante.

20. Isa kang mananalaysay. Inatasan ka ng guro ninyo na sumulat ng isang talumpati ukol sa mga kabataan bilang pag-asa ng bayan. Bilang isang mananalaysay, aling talumpati ang gagawin mo?
    a. Ang buhay ng tao ay di laging nagbabago. Hindi natin alam kung ano ang mangyayari sa ating buhay dahil ito ay puno ng pagbabago na

siyang nagpapatatag sa atin. Ang buhay ay tulad ng ulap na hinihila ng hangin kung saan man ito kaya sumunod na lang tayo sa paghilang ito upang makasabay tayo sa kung anumang pagbabago sa ating lipunan dahil ang pagbabagong ito ang siyang magdadala sa atin sa pag-unlad ng ating buhay.

b. Ilang taon na ang nakalipas at ngayon ang oras upang gunitain natin ang buhay ng isang taong nagbigay sa atin ng pag-asa… Pag-asang nagmulat sa atin sa katotohanan mula sa isang bangungot ng kahapon. Ito ang simula ng pagbabago kung saan ang dati nating pamumuhay ay puno ng poot at pighati. Kahit sinuman sa atin ay hindi makatiwalag sa pang-aapi ng diktator na ito. Hawak niya ang buhay ng bawat isa sa atin. Para siyang Diyos na sinamba ng lahat. Ngunit dumating din ang panahon… Panahon na hinintay ng bawat isa… Ang kanyang kamatayan… ang kamatayan ng pang-aapi… Dahil sa kamatayang ito na naging daan ng ating pag-asa.

c. Sabi ng ating bayaning si Dr. Jose P. Rizal na ang kabataan ang pag-asa ng bayan. Totoo nga… Ikaw ang pag-asa ng ating bayan. Masuwerte ka at nakapag-aral. Natutuhan mo ang mga aralin na di natutuhan sa kalsada. Masuwerte ka at makakuha ka ng iyong diploma at makapagtrabaho sa isang disenteng kompanya balang araw. Mararanasan mo kung paano mamuhay ng marangya di gaya ng ibang kabataan diyan na umaasa lamang ng kanilang makakain sa kung anumang mapupulot nila sa kalye… o di kaya ay kung ano ang maibibigay na pagkain sa kanila kung meron man… Ikaw, natanto mo ba kung bakit ka nag-aaral nang todo-todo? Dahil ikaw ang mag-aangat sa ating bansa. Ikaw ang siyang katuparan ng iyong magulang… ng iyong lipunan at higit sa lahat ng iyong bansa.

d. Sa aking paggising sa umaga, ako'y nahalina sa gayak ng aking paligid. Hindi ko ninais na sa isang malawak at patag napalayan ako makadarama ng isang maaliwalas at tahimik na buhay. Katahimikang noon ko pa hinahanap. At dito nga… ang malalago at berdeng halaman na siyang nagpapaganda ng paligid. Malamig na hangin na dumadampi sa aking pisngi… Dinadalangin ko na ito'y hindi tangayin ng mga masasamang elemento sa ating paligid na siyang sumisira nito. Sana ang nadarama ko ay madarama rin ng mga kasunod na henerasyon para maramdaman din nila ang ganda ng kalikasan.

GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL

Aandap-andap - kukurap-kurap

Agapay - Pagtabi sa iba sa pag-upo, alalay

Alipin - Taong itinuturing na ari-arian at buong-nakapailalim sa kapangyarihan ng ibang taong kasilangan niyang paglingkuran

Alingawngaw - Tunog na maririnig mula sa pinanggalingan

Bagyo - Malakas na hanging may kasamang ulang nagbubuwalsa mga bahay at punongkahoy at sumisira sa lansangan

Balabal - Kayong pambalot sa katawan mula sa balikat hanggang baywang at ginagamit sa panahon ng taglamig.

Batikan - Pagiging sanay sa alinmang bagay

Bilasa - Hindi-sariwang isda, sira o bulok na

Bulo - Pinong balahibo

Kalayaan - Karapatan at kapangyarihan ng sinuman na mabuhayat gumawa nang ayon sa kanyang niloloob

Kalikasan - Mundo sa kanyang sarili at lahat ng bagay sa loob nito

Kampupot - Bilugan ang dahon at ang bulaklak na mabango at maputiay nakakatulad ng Sampaguita bagamat makapal ang talulot

Kasakiman - Malabis na pag-iimbot sa ari-arian ng kapwa o sa anumangmagandang kapalaran nito

Kasambahay - Kabahay

Kasakiman - Malabis na pag-iimbot sa ari-arian ng kapwa o sa anumang magandang kapalaran

Katiwalian	-	Kalagayan ng pagiging tiwali
Kinahabagan	-	Kinaawaan
Korapsyon	-	Karumihang-budhi ng isang tao
Dalita	-	Kasalatan sa yaman at sa iba pang pangangailangan sa buhay; sukdulang hirap
Duplong	-	Pagtatalo sa pagtula at pagandahan sa pagbigkas.
Ekonomiya	-	Matipid na pangangasiwa; ng katipiran sa paggugol o paggamit ng salapi
Ganid	-	Taong sakim o mapangamkam
Gata	-	Katas ng pinigang kinudkod na niyog
Himagsikan	-	Pagpapabagsak sa nakatatag na pamahalaan na isinasagawa sa pamamagitan ng pag-aalsa ng mga nagkaisang taong-bayan
Himutok	-	Hinagpis
Iduro	-	Ibuhos ang buong kaya o lakas
Inam	-	Buti
Lanta	-	Kalagayang lipas na ang kasariwaan o kalusugan
Lason	-	Anumang bagay, likido buo o nalalanghap nanakakapinsala sa kalusugan o nakakamatay
Lilo	-	Taksil
Linggatong	-	Pagkasindak dahil sa hindi matutuhan ang dapat gawinupang mailigtas sa isang panganib o makaligtas ng isang mahigpit na suliranin
Luray-luray	-	Sira-sira
Makaalpas	-	Makawala o makaalis sa pagkakahawak, pagkakatali o pagkakagulong
Makata	-	Taong sumusulat o bumibigkas ng mga tula

Masansala - Mapigil o masaway ang sinuman sa paggawa ng anuman;mapagbawalan sa paggawa ng anuman

Manunula - Manunugma, mambibigkas

Mangangalakal - Taong namumunuhan ng salapi sa pag-angat at pagpapaangkat ng mga bagay-bagay na ukol sa kabuhayan at pamumuhay

Matalunton - Maghanap sa anumang bagay sa pamamagitan ng mga bakas

Mawaglit - Mawala sa isipan. Makalimutan o makaligtaan

Nakayayamot - Nakapagdudulot ng walang kasiyahan

Nag-aapuhap - Naghahanap nang walang katiyakan

Nagkakanlong - Nakasilong

Nilalik - Pinaturno

Niring - Hinggil sa bagay na malapit , hawak ng nagsasalita

Paggapas - Pag-ani o panahon ng pag-ani ng palay

Paglustay - Pag-ubos ng salapi o kayamanan sa isang paraang hindi karapat-dapat at hindi mahalaga ang pinaggugulan o panggastos ng walang taros

Pagtitipon - Pagtatagpo-tagpo o pagsasama-sama sa isang pook

Panangis - Matagal at malakas na iyak dahil sa matinding kalungkutan

Pinagtabuyan - Pinagpalayo

Pinipithaya - Ang ibig matamo o makamtan

Pulutong - Pangkat na hiwalay sa ibang kasamahan

Rasyon - Pagmudmod

Sakdal - Pagdulog sa sinuman sa hukuman dahil sa pagkaapi o kapinsalaang tinamo sa kapwa

Sali-salimuot - Totoong magusot, lubhang magusot o magulo.Napakagulo o napakagusot

Samyo - Pagsinghot sa bango

Sanghaya - Dangal o pagiging marangal

Sutla - Kayong malambot at yari sa himaymay na galing sa isang uri ng uod

Taghoy - Daing o pagdaing na patangis ng isang nakadarama ng pangungulila, pagdadalamhati, paghihinagpis, pagdaralita, atbp.

Taliwas - Pag-iwas sa kasunduan, tungkulin o pananagutan

Talumpati - Pormal na pagsasalita sha harap ng tao

Talulot - Ang bawat isa o hati ng bulaklak na parang mga dahong tumutubo sa paligid ng tuod

Tuyain - Pagkutya

TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL

- http://filipino-tula.blogspot.com/2010/09/tula-tungkol-sa-kalikasan.html Mababasa ang tula tungkol sa kalikasan
- http://tl.answers.com/Q/Ano_ang_mga_kaantasan_ng_pang-uri Mababasa ang mga impormasyon tungkol sa pang-uri at ang kaantasan nito
- http://pinoykultura.com/best-pinoy-pickup-lines/

Mababasa ang mga natatanging halimbawa ng mga Pinoy *pick-up lines*

- http://www.kabisig.com/philippines/balagtasan-noon-at-ngayon-kaligirang-pangkasaysayan-ng-balagtasan_1138.html
  Mababasa ang kaligirang kasaysayan at iba pang impormasyon tungkol sa Balagtasan

- https://www.youtube.com/watch?v=sYMb7h54LwA
  Video ng balagtasan ukol sa kulturang Pilipino

- http://search.tb.ask.com/search/video.jhtml?searchfor=balagtasan&p2=^Y6^xdm007^S10498^ph&n=780c7505&ss=sub&st=bar&ptb=93D6E2B9-7D73-4A15-9609-
  Mapapanood dito ang iba't ibang halimbawa ng balagtasan

- http://tl.answers.com/Q/Ang_talambuhay_ni_jose_corazon_de_jesus
  Mababasa ang mahalagang impormasyon tungkol sa buhay ni Jose Corazon de Jesus

- https://www.google.com/search?site=&tbm=isch&source=hp&biw=1024&bih=499&q=pictures+of+wounded+person&oq=pictures+of+wounded+person&gs_l=img.3...176.6482.0.6824.23.14.0.3.0.0.317.1888.7j4j2j1.14.0....0...1ac.1.35.img..13.10.926.z-QioUxVOWw#imgdii=_
  Makikita ang mga larawan ng taong sugatan

- *http://fil.wikipilipinas.org/index.php?title=Severino_Reyes*
  Mababasa ang talambuhay ni Severino Reyes

- http://fil.wikipilipinas.org/index.php?title=Sarsuwela
  Mababasa ang kaligirang kasaysayan ng sarsuwela

- http://www.picturesof.net/
  Makikita ang iba't ibang larawan

- http://filipinolibrarian.blogspot.com/2009/08/talumpati-manuel-l-quezon-wikang.html
  Mababasa ang talumpati ni Manuel L. Quezon

- http://www.alamat.com.ph/2011/08/ang-alamat-ng-bayabas.html
  Mababasa ang halimbawa ng alamat ng bayabas

- http://antipinoy.com/may-kalayaan-na-nga-ba/
  Mababasa ang isang sanaysay ukol sa kalayaan

- http://2.bp.blogspot.com/_W4iiBQoSMY0/SG-eNEZQ0mI/AAAAAAAABJc/PLDV2781P2o/s400/Image005.jpg

Ang larawan ng isang makitid at lubak-lubak na daan sa nayon ang makikita dito

- http://1.bp.blogspot.com/-N-JLsC4jt28/ThxPevlakpI/AAAAAAAAAMY/QgMgGtF-c6c/s1600/IMG_8414.JPG
  Makikita sa larawang ito ang sitwasyon ng mga taganayon na sumasakay sa isang dyip

- http://meetlourd.files.wordpress.com/2013/11/20131113-013.jpeg
  Makikita ang larawan sa bukirin

- http://etravelogue.net/images_gallery/images_pictures/P8110206.JPG
  Makikita ang larawan ng mga magagandang tanawin

- http://etravelogue.net/images_gallery/images_pictures/srednje/P8150246.JPG
  Makikita ang larawan ng magagandang tanawin
- http://jotorres.files.wordpress.com/2010/12/bahay-sa-dacon.jpg
  akikita dito ang larawan ng isang bahay sa gilid ng bundok sa may sapa

- http://tl.answers.com/Q/Kasaysyan_ng_maikling_kwento

Mababasa ang kasaysayan ng maikling kwento

- http://tl.answers.com/Q/Mga_elemento_ng_maikling_kwento
  Mababasa ang impormasyon ukol sa element ng maikling kuwento

- http://atozallnews.blogspot.com/2010/05/beautiful-tourist-spots-in-world-photos.html
  Makikita ang mga magagandang larawan ng mga tanawin

- http://www.hickerphoto.com/photos/vacation-spots.htm

Makikita ang mga magagandang lugar na maaaring puntahan

- http://www.fotosearch.com/photos-images/different_2.html#comp.asp?recid=61205740&xtra=
  Makikita ang iba't ibang larawan ng proukto

- http://shakeitfitness.com/benefits-to-eating-fruits-vegetables/

(Makikita ang iba't ibang larawan ng mga prutas)

- http://www.takdangaralin.com/filipino/pang-uri/pang-uri-kaanyuan-ng-pang-uri/
  Mababasa ang tungkol sa pang-uri sa kaanyuan nito

- http://litpower.files.wordpress.com/2008/08/img_3758.jpg

Nakikita ang larawan na nasa loob ng isang silid-aralan

- http://www5.esc13.net/thescoop/speech/files/2012/01/teacher-reading-to-students.jpg
  Makikita ang larawan ng gurong nagtuturo sa ilang grupo ng mag-aaral

- http://www.thetutorwhisperer.com/wordpress/wp-content/uploads/2010/08/420_teacher_student.jpg
  Sa larawang ito makikita ang guro nakikipag-usap sa kanyang mag-aaral

- http://images.wisegeek.com/teacher-instructing-students.jpg
  Makikita sa larawang ang isang gurong nagbibigay ng panuto sa kanyang mga mag-aaral

- http://www.varsitarian.net/filipino/20100831/paglalayag_sa_puso_ng_isang_bata
  Mababasa ang kuwentong *Ang Paglalayag sa Puso ng isang Bata*

- http://tagalog-tula-pilipinas.blogspot.com/2009/01/tagalog-na-tula-pag-ibig.html
  Mababasa rito ang tula ukol sa pag-ibig

- http://tagalog-tula-pilipinas.blogspot.com/2011/03/tula-tungkol-sa-mga-bayani-ng-lahi.html
  Mababasa dito ang tula tungkol sa kabayanihan

- http://tagalog-tula-pilipinas.blogspot.com/
  Mababasa dito ang tula tungkol sa kalikasan pagkatapos ng unos

- https://www.google.com.ph/search?hl=en&site=imghp&tbm=isch&source=hp&biw=1024&bih=499&q=larawan+ng+magandang+kalikasan&oq=larawan+ng+magandang+kalikasan&gs_l=img.3...2387.9021.0.9355.30.26.0.4.0.2.417.3543.10j11j3j0j2.26.0....0...1ac.1.43.img..13.17.1449.I1C2w_m9Oi0
  Matutunghayan sa dito ang mga larawan ating kapaligiran

- https://www.youtube.com/watch?v=7HY-SZjP6bo
  Mapapanood dito ang isang halimbawa ng pagtula

- https://www.youtube.com/watch?v=6zn2PZU16UM
  Mapapanood ang paligsahan ng pagtula

- https://www.google.com.ph/search?q=blank+comic+strip+with+pictures&biw=1024&bih=499&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=xNODVJvEGYGF8gWj2oK4Cw&ved=0CAYQ_AUoAQ#facrc=_&imgdii=_&imgrc=IKg0z5DLPha7uM%253A%3BqdGZfwsujci3SM%3Bhttp%253A%252F%252Fimg.phot

obucket.com%252Falbums%252Fv173%252Fpizzapirate%252Fmoney.jpg%3Bhttp%253A%252F%252Fwww.ithinkimlost.com%252Farchive%252Findex.php%252Ft-11364.html%3B750%3B405
Makikita dito ang halimbawa ng blangkong komik istrip

- https://www.youtube.com/watch?v=XAQRNMZH-6E
  Mapapanood ang halimbawa ng balagtasan ukol sa wika

- https://www.youtube.com/watch?v=EWZMMi50phA
  Mapapanood ang halimbawa ng balagtasan ukol sa pag-ibig

- https://www.youtube.com/watch?v=lZpU7OFl2HY
  Video ng *fliptop* ang mapapanood sa *link* na ito

- https://www.youtube.com/watch?v=fg0FOSfG8W0
  Mapapanood ang Balagtasan ng mga mag-aaral ukol sa kakayahan ng mga Pilipino kung makakaya o hindi makakaya ang pagbabago

- http://sanaysay-filipino.blogspot.com/2011/07/sanaysay-na-pormal-tungkol-sa.html
  Mababasa ang halimbawa ng isang pormal na sanaysay

- https://www.youtube.com/watch?v=lVNPIE7T2IU
  Mapapanood ang Talumpati ni Pangulong Benigno Aquino III sa mga Kabataan ng Sisters of Mary Girlstown

- http://paulenephilosophy.blogspot.com/2011/03/pagsisimba-sukatan-ba-ng.html
  Mababasa rito ang impormal na sanaysay ukol sa pananampalataya

- https://www.youtube.com/watch?v=-kxFEnA6FvY&index=1&list=PL4F1BAF1AB0AD00F8
  Mapapanood dito ang pag-iibigan ng magkasintahang Julia at Tenyong

- https://www.youtube.com/watch?v=SpZVnxly__Q&index=2&list=PL4F1BAF1AB0AD00
  Mapapanood ang malubhang kalagayan ng ama ni Tenyong na sinapit sa mga Kastila

- https://www.youtube.com/watch?v=83vOnCPvnAU&list=PL4F1BAF1AB0AD00F8&index=3
  Ipinakita sa *video* ang ilan sa mga pang-aapi at karahasang naranasan ng mga Pilipino noong kapanahunan ng Kastila

- https://www.youtube.com/watch?v=hmtowDKQZg8&index=4&list=PL4F1BAF1AB0AD00F8

Ang pangulila ni Tenyong sa kanyang magulang ay mapapanood sa bahagi ng videong ito

- https://www.youtube.com/watch?v=Yqt3sxrhb0Y&index=5&list=PL4F1BAF1AB0AD00F8
  Sa *videong* ito mapapanood ang sorpresang duguang pagdating ni Tenyong sa kasal ni Julia sa simbahan

- https://www.youtube.com/watch?v=m48-_VkluZw&list=PL4F1BAF1AB0AD00F8&index=7
  Sa bahaging ito, makikita ang pagbubunyag sa totoong kalagayan ni Tenyong

- http://www.wattpad.com/7800070-walang-sugat-ni-severino-reyes
  Mababasa dito ang buod ng sarsuwelang Walang Sugat

- http://filipino-tula.blogspot.com/2010/06/ano-ang-mga-anyo-ng-tula.html
  Makikita ang mga anyo ng tula